

The Project Gutenberg eBook of Ang Bagong Robinson (Tomo 1)

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ang Bagong Robinson (Tomo 1)


Author: Joachim Heinrich Campe
Translator: Tomás de Iriarte
Translator: Joaquín Tuason

Release date: March 20, 2007 [eBook #20858]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Rollings, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net>.
Special thanks to Elmer Nocheseda for providing the material for this project. Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino. (<http://www.gutenberg.ph>)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG BAGONG ROBINSON (TOMO 1) ***



ANG

BAGONG ROBINSON,

HISTORIANG NAGTUTURO

NANG MABUBUTING CAUGALIAN,

NA GUINAUANG TANUNGAN

NANG ICATUTO AT ICALIBANG NANG MAÑGA BATANG
BABAYI,T, LALAQUI.

ISINULAT NANG SEÑOR CAMPE,

isinalin sa uicang castilla ni D. TOMÁS DE IRIARTE,

TOMO I.

MANILA

IMPRENTA DEL COLEGIO DE SANTO TOMÁS,
Á CARGO DE D.G. MEMIJE.

1879.

Es propiedad de la Comunidad
de PP. Dominicos.

TALAN NG NILALAMAN

PAGHAHANDOG NANG TUMAGALOG SA MALOUALHATING
ARCÁNGEL S. RAFAEL

PAOUNAUA NANG TUMAGALOG.

PASIMULA

UNANG HAPON.

ICALAUANG HAPON.

ICATLONG HAPON.

ICAAPAT NA HAPON.

ICALIMANG HAPON.

ICAAANIM NA HAPON.

ICAPITONG HAPON.

ICAUALONG HAPON.

ICASIAM NA HAPON.

ICASAMPUONG HAPON.

ICALABING ISANG HAPON.

ICALABING DALAUANG HAPON.

ICALABING TATLONG HAPON.

D. LUIS REMEDIOS, PRESBITERO,

PREBENDADO DE ESTA SANTA IGLESIA CATEDRAL Y SECRETARIO DE CÁMARA Y GOBIERNO DEL ARZOBISPADO DE
MANILA, ETC., ETC.

CERTIFICO: que á una instancia presentada por D. Joaquin Tuason,
en solicitud de licencia de impresion, S. E. I. el Arzobispo mi Sr. se
ha servido decretar lo siguiente:

Lugar del sello

«Manila 15 de Noviembre de 1878.—Por la presente y por lo
que á Nos toca, concedemos la licencia necesaria para que se pueda
imprimir el manuscrito tagalo titulado EL NUEVO ROBINSON; en
atencion á que de nuestra órden ha sido examinado, y no contiene,
segun la censura, cosa alguna contraria al dogma católico y sana
moral. Líbrese por Secretaría copia certificada de este decreto al
interesado; y archívese original.—FR. PEDRO, *Arzobispo*.—Por
mandado de S. E. I. el Arzobispo mi Sr.—LUIS REMEDIOS, Srío.»

DIRECCION GENERAL
DE ADMINISTRACION
CIVIL
DE FILIPINAS.

El Excmo. Sr. Gobernador General de estas Islas, con esta fecha ha decretado lo siguiente:

«Vista la instancia suscrita por D. Gervasio Memije en la que solicita autorizacion para imprimir y publicar la obra titulada, ANG BAGONG ROBINSON.—Visto el informe emitido por la Comision permanente de Censura:—Resultando que la obra de que se trata en nada afecta á la sana moral y buenas costumbres.—Este Gobierno General, de conformidad con la expresada Comision de Censura y lo propuesto por la Direccion general de Administracion Civil, autoriza á D. Gervasio Memije para imprimir y publicar la obra en tagalo «ANG BAGONG ROBINSON»; debiendo sujetarse á lo que previene el art.º 4.º del Reglamento de Imprenta, previo pago de los derechos de firma correspondientes.»

Lo que traslado á V. para su conocimiento, acompañándole la obra de que se trata. Dios guarde á V. muchos años. Manila 11 de Diciembre de 1878.—J. CABEZAS DE HERRERA.

Sr. D. Gervasio Memije.

**PAGHAHANDOG NANG TUMAGALOG
SA MALOUALHATING ARCÁNGEL S. RAFAEL**

Páhiná 7

SA PAGBIBIGAY PURI AT PaggANTING LOOB SA CANIYA.

Pintacasi naming hayag ang alindog
icatlong Principe sa Reino nang Dios;
sa manġa demonio,y, caquilaquilabot,
daig pa ang lalong marahas na culog.

Sa carununġan ca,y talang maliuanag,
sa capangyarihan ay sacdal nang taas,
at sa caauaa,y, ualang itutumbas
sa lahat nang tauo,y, pinalalaganap.

Isa ca sa pitong laguing nagbabantay
sa daquilang trono na cagalang galang
niong Panġinoong pinanġinġinigan
nang lupa at lanġit at boong quinapal.

Haliquing matibay na hindi magahis
niong manġa diuang sacdal nang lulupit,
at mabisang lunas sa dalita,t, saquit
nang sinomang tauong napatatanguilic.

Iyong sinusugpa,t, hindi paguitauin
ang capalaloan nang lilong Lucifer
sampong tanang campon na manġa souail
dinuduahagui mo,t, laguing sinusupil.

Bunying catiuala nang Ualang capantay
at sugo sa madla,t, malalaquing bagay,
Icao ang ligaya,t, tanġing caaliuan
nang nanġalulugmoc sa capighatian.

Daraqula ca nġa,t, di icatlo lamang

Páhiná 8

nang hari sa lupa na may cahanganan,
cundi nang sa lanġit na Ualang capantay
at di matapos magpacailan man.

Yaong libolibong manġa Espiritus
sa camahalan mo ay nagsisisunod,
palibhasa icao siyang ihinulos
catiuala niyong Amang mapagcupcop.

At sa tumatanġis na sangcatauohan
habang na sa lupa,t, nanġinġibang bayan
icao ang pang-ampat sa luhang nunucal
na pinadadaloy nang capighatian.

Icao ang sumama sa batang cay Tobias,
sa madlang panġanib iyong iniligtas,
gayon din sa iba na nanġaglalachad,
bagama,t, di namin napagtatalastas.

Sa alin mang saquit nang nagdaralita
sa banig nang dusa,y, lunas cang mabisa,
lubhang mahalagang handog na biyaya
nang Lanġit sa tauong ibig matimauà.

Manġa nagnanasà na tumangap naman
niong matrimonio sacramentong mahal,
sa inyong saclolo,y, dapat na magsacdal
sa magandang palad nang houag masinsay.

Manġa bagong casal naman ay gayon din,
ay nararapat ca nilang pintuhoin,
nang sila,y, maligtas, at houag masupil
nang lilong demonio Asmodeong tacsil.

Ang manġa magulang na ang manġa anac
ay nanġauaualay, dapat na tumauag
sa camahalan mo, at nang manġaligtas
sa madlang panġanib na tulad cay Tobías.

Sa catagang uica,y, ang ibig magcamit
nang tunay na toua,y, sa iyo,y, manalig,
mahal na Arcángel, na halal nang Lanġit,
magtangol sa tauo sa bayan nang hapis.

¡Oh mapagcandili,t, maamong Arcángel!
na taga pagampon sa madlang hilahil,
alio sa pighati,t, paraluman mandin
sa pacay nang nasang bayang Jerusalem.

Jerusalem bagang caloualhatiang
tinutunġo namin habang nabubuhay,
caming iyong lingcod doo,y, ipatnubay
sa toud na landas nang houag masinsay.

Linalacbay nami,y, malauac na mundo
na punô nang silo nang lilong demonio,
ġito,y, dili caya icababalino
nang puso mong handang laguig sumaclolo?

Diyang sa ligaya na hindi masaysay
nang bait nang lalong capahampahaman
at na sa piling ca niyong carurucan
nang Dios na ualang hangang cataasan.

Ipamaguitan mo aco,t, nang maligtas
sa di magpatantang tucso ni Satanás,
na nanġingimbulo,t, ibig mapahamac
maramay sa caniya ang sangmaliuanag.

Sa di nasayaran nang sa salang dunġis
na Virgeng binucalan nang gracia at diquit,
ay idalanġin mo caming humihibic
sa guitnâ nang ualang ulat na panġanib.

Yayamang sa caniyang mapalad na camay
lahat nang biyayà ay pinararaan
nang lumic-hâ nitong boong sangtinacpan,

ani San Bernardong lingcod niyang hirang.

Cami tulunġan mo, daquilang Arcángel,
na magpasalamat sa maginang Virgen
sa di tumitila,t, auang sapinsapin
bagama,t, cuhila,t, sucab na alipin.

JOAQUIN TUASON.

*Pasig, arao ni San Rafael Arcángel, icadalauang puo,t, siam nang Setiembre nang taong isang
libo ualong daan pitong può at ualo.*

PAOUNAUA NANG TUMAGALOG.

Páhiná 11

*Ang cumat-hâ nitong Historia Moral, ay ang Sr. Campe, at ang inilagay na pamagat ay ANG
BAGONG ROBINSON, at nang maiba sa isang isinulat ni Daniel Dafoe sa pasimula nang nacaraang
siglo, na ang pamagat ay Buhay at manġa cahanġahanġang aventuras ni ROBINSON CRUSOÉ. Itong
dating Robinson ang siyang nagbigay sa pagcat-hâ nang bago nang manġa bagay na quinaoouian
nang boong Historia nang isang bayaning totoong tanġi dahil sa manġa di caraniuang napagsapit
nang caniyang buhay, na totoong cacaiiba sa lahat nang manġa tauo dahil sa manġa sacunang
nangyari sa caniya: ang buhay nang isang tauong nacaisaisa, napilitang gamiting ualang licat ang
lacas nang caniyang catauan at ang boong ipinangyayari nang caniyang caloloua, sa pagca,t,
ualang macatulong na sinoman at siya,y, nacaisaisa sa pulò.*

Páhiná 12

*Ang sumalin sa uicang castilâ nito ay si Don Tomàs de Iriarte, at nang mangyaring
paquinabanġan nang manġa binatang babayi,t, lalaqui, dahil sa magagandang aral na nacacalat
sa buong librong ito. Humihicayat nang pagibig, paggalang at pagpapasalamat sa
macapangyarihang Panġinoon at Ama nang lahat nang tauo; nagpapausbong sa pusò nang
pagasa sa caniyang cauaan sa alin mang caguipitan at pag-ayon sa caniyang calooban.*

*Ito at madla pang mabubuting aral at cahatulan ang mananamnam nang babasa sa
Historiang ito, na bucod sa pagcacalibanġan, ay maraming bagay na macucunang uliran, at ito,y,
siyang dahil caya co inihulog sa uicang tagalog.*

*Sa pagtagalog nito,y, aquing linisan ang inaacalâ cong uari hindi paquiquinabanġan nang
manġa tagalog; gayon din naman aquing dinagdagan nang pagmamacaauâ sa mapagpalang
Virgen sa touinang daratnan si Robinson nang anomang casacunaan; sa pagca,t, dili
carampatang lisanin nang sinomang nagcapalad tumanggap nang lunas na tubig nang santo
Bautismos ang pagsasacdal, paghibic, at pagmamacaauâ sa Ina nang ating Mananacop, na
guinaua niyang alolod na aagusan nang dilang graciang ipinagcacaloob sa manġa tauo, ayon sa
uicâ ni San Bernardo: Deus nihil voluit nos habere, quod per manus Mariæ non transiret. «Ayao
ang Dios na pagcalooban tayo nang anomang gracia na di pagdaanin sa manġa camay ni Maria.»*

Páhiná 13

*Idinagdag co rin naman dito na sa pagtitiis nang anomang cahirapan, ó pagcacamit nang
anomang caguinhauahan ay hindi lamang ang dapat hanġarin ay ang magandang capalaran sa
buhay na ito, cundi lalonglalò na ang maguing daan nang ipaglilingcod sa Dios at ipagcacamit
nang caloualhatiang ualang hangan.*

*Sa catapusa,y, inihandog co sa maloualhating Arcangel S. Rafael, pagbibigay puri bilang at
paggantung loob dito sa lubhang maauaang Pintacasi nang manġa maralitâ at icatlong Principe na
lagui nang nagbabantay sa cagalanggalang at di matingcalang carorocan nang Ualang capantay.
Bucod dito,y, totoong nababagay ang pamimintacasi dito sa totoong mapagcalinġang Arcangel sa
sinomang natitiualag sa caniyang magulang at nasa guitnâ, nang dilang casacunaan at caralitaan,
tulad cay Robinson, na baga ma,t, isang halimbauâ ó talinhagâ lamang, ay magagauang uliran
nang sinomang na sa sa isang caguipitan at capanġaniban, nang houag huminâ, malupaypay at
maghinampo ang loob sa Namamahalâ nang sangdaigdigan, bagcus umayon sa caniyang
calooban, manalig sa ualang hangan niyang cauaan, sambahin ang di malirip niyang
carununġan, na ang inaacalâ natin na isang casacunaan at cahirapan ay bunġa nang caniyang
pagibig na pagcacaraan nang ualang hanga nating caloualhatian, cung baga,t, ating matiis, at
tangapin nating malumanay sa loob at pasalamatan, maguing caguinhauahan at maguing
cahirapan man, ang minamarapat niyang ipagcaloob sa atin.*

Páhiná 14

*Sucacat hangan dito, bumabasang irog, at pagcalibanġan mo naua,t, paquinabanġan itong
catouatouang buhay ni Robinson, na caya co tinagalog ay iniutos sa aquin nang manġa Pareng
Dominico, at nang cunang uliràn naman nang sinomang babasa.*

SINALIN SA TESTO

Páhiná 15

NANG

INCA GARCILASO DE LA VEGA.

Sa unang bahagui nang manġa Comentarios reales ay nababasa sa capitulo VII. itong susunod:

«ANG islang (capuloan бага sa tagalog) tinatauag na Serrana, na na sa pag-itan nang Cartegena at Habana, ay tinauag nang gayon, dahil sa isang castilang ang panġalan ay Pedro Serrano, na ang caniyang daong ay napahamac na nabagbag sa malapit sa pulóng ito, at siya lamang ang nacaligtas, sa pagca,t, totoong mabuting lumanġoy, at nacarating sa naturang pulô na uala isa mang bahay; di sucat matirahan nang tauo, ualang tubig at cahoy, doon siya tumahang may pitong taon, at sa caniyang casicapan ay nagcaroon siya nang cahoy at tubig, at nacacuha nang apuy, (ang nangyaring ito,y, isang bagay na catacataca, na marahil ay sasabihin natin sa ibang lugar.) Sa apellidong Serrano ay tinauag ang pulóng yaong Serrana, at Serranilla ang isang pulô namang calapit niyaon; at nang houag pagcamal-an ang baua,t, isa.»

Páhiná 16

Saca sinasabi sa capitulo VIII.

«Nararapat munang bago natin ipatuloy, ay sabihin nating ang nangyari cay Pedro Serrano. Si Pedro Serrano ay lumanġoy sa pulóng yaon na dati,y, ualang nġalan, na ang pagcasabi, ay may dalauang leguas sa binilogbilog. Gayon din halos ang sinasabi sa sulat nang paglalayag na ipinaquiquilala na may tatlong pulóng totoong maliliit, na may maraming cababauan ó pungtod..... at sinasabing gayon din ang pagcalagay niong tinatauag na Seranilla, na yao,y, limang maliliit na pulô na may lalong maraming pungtod mahiguit sa Serrana; at caya nġa lumalayô doon ang manġa sasac-yan dahil sa capanġanibang ito ...»

«Si Pedro Serrano ay napahamac sa paglalayag dito, at nacarating nang lanġoy hangang sa naturang pulô, sabihin ang lumbay nang siya,y, naroroon na, sa pagca,t, ualang maquitang tubig, cahoy at halaman man na ipagpatid uhao, ó anomang bagay na sucat niyang pagcalibanġan, at ninanasang magdaan ang alin mang sasac-yan, nang siya,y, macaalís doon, at nang houag siyang mamatay sa gutom at uhao, na inaari niyang lalô pang mabanġis sa cung siya,y, nalunod doon, sa pagca,t, lalong madalí ang hirap. Caya sa unang gabi ay uala siyang guinaua cundi tanġisan ang sauí niyang capalaran, at di mamagcano ang lumbay dahil sa gayong capiitan na sucat icapighatí nang sinoman. Nang maguumaga na,y, muling linibot ang pulô, at naquita niya,y, maraming manġa alimanġo, hipon at iba pang ganganito na nangagaling sa dagat, humuli siya nang ilan at caniyang quinain nang hilao, sa pagca,t, uala siyang apuy na paglutoan.

Páhiná 17

Dito,y, humintô siya hangang siya,y, nacaquita na may lumalabas na manġa pagóng: nang maquita niyang malayô sa dagat ay hinandulong niya ang isa, at caniyang ibinaligtad; gayon din ang guinaua niya sa iba na caniyang nahuli, at nang houag macatacho; at sacá quinuha niya ang isang sundang na caniyang daladala sa bayauang, na siyang dahil na iquinaligtas niya sa camatayan, hiniua niya ang isa sa naturang pagóng, at ininom niya ang dugô. sa pagca,t, ualang totoong maquitang tubig: ganito rin naman ang guinaua niya sa ibang manġa pagóng; ang lamán ay ibinilad niya sa arao, at caniyang cacanin, na guinaua niyang pindang ó tapa, at nang mangyaring ang balat ay magaua niyang sahurán nang tubig cung umuulán, sa pagca,t, doon ay totoong maulán. Sa paraang ito,y, siya,y nabuhay, at nacacain sa manġa unang arao na pagcatirá niya doon; pinapatay niya ang lahat nang manġa pagóng na caniyang mahuli; at mayroong totoong malalaqui na hindi niya ma ibaligtad, at natatalo siya sa lacas; at cahit quinucubabauan niya at sinsac-yan ay hindi niya matalo, at itinatacho siya sa dagat; caya natalastas niya cung alin ang manġa pagóng na caniyang nahuli at cung alin ang hindi. Sa canilang talucap ay maraming nasahod na tubig si Serrano, sa pagca,t, mayroong totoong malalaqui na naglalaman nang dalauang arrobang tubig at mayroon namang mumunti na cacaunting tubig ang nasisilid.

Páhiná 18

Nang maquita ni Pedro Serrano na marami siyang baon na cacanin at iinumín, ay inacalà niya na cung siya,y, macaquita nang apuy, nang mailutô niya ang caniyang cacanin, at nang siya naman ay macapagpausoc, cung may dumadaang alin mang sasac-yan, sa pagca,t, ito,y, isang palatandaan, ay uala nang cuculanġin sa caniya. Sa pagnanasang ito, sa pagca,t, siya,y, tauong magdaragat, na sa alin mang cahirapan ay madaling gumaua nang paraan sa iba, humanap siya nang bató na magagauang pingquian, sa pagca,t, ang caniyang sundang ay gagauin niyang binalol ó pamingquí; at sa pagca,t, ualang maquitang bató sa pulô, at yao,y, nababalot nang buhanġing patay, ay ang guinaua,y, napasadagat, sumisid siya at humanap sa ilalim nang bató; at sa totoong pagpipilit ay nacacuha nang manġa pinquian, at pinili niya ang lalong mabuti, at caniyang binibiac na pinaguumpog ang dalauang bató nang magcaroon nang talím na pagpipingquian, tinicman niya na piningqui nang caniyang sundang, at nang maquitang linalabasan nang apuy ay pinagpunitpunit niya ang capisang niyang barò, at pinagligasligas niyang maliliit, na siya niyang guinauang lulog, at sa caniyang catiyagaan at caulit nang pagpingquí ay nacacuha siya nang apuy.

Páhiná 19

Nang mangyaring houag mamatay at houag mapugnao ang caniyang apuy ay cumuha siya nang maraming yaguit na ipinapadpad sa tabi nang manġa alon sa dagat, at pinamumulot niya ang manġa capicapisang na cahoy, na tinatauag sa castila na ovas marinas, at manġa tabla nang manġa sasacyang nadudurog sa dagat, at manġa talaba at manġa butó nang isdà, at iba pang manġa bagay na magdidiquit sa apuy. At nang houag mamatay sa ulán, ay gumaua nang isang cubocubohan na pinagugnay-ugnay ang manġa talucab nang manġa pagóng na pinatay niya, at totoong pinacainġatan na houag mamatay.

Páhiná 20

Sa loob nang dalauang bouan, at marahil ay culang culang pa, sa caulán, sa arao at sa calamigan nang lugar na yaon ay siya,y, naguing hubo,t, hubad, dahil na nabuloc ang caniyang

damit na bahagià na lamang nacatatataquip sa caniya. Dahil sa totoong cainitan nang arao ay nahahapó siyang masaquit, sa pagca,t, damit man ay uala siya, lilim man ay uala siyang masilunĝan. Capag siya,y, totoong nahihirapan nang init, ay lungmulubog siya sa tubig. Nabuhay siya nang tatlong taon sa ganitong cahirapan, at sa panahong ito ay nacaquiquita siya nang manĝa ilang sasac-yan na nagdaraan doon; datapoua,t, cahit siya,y, nagpapausoc, na siyang tandà sa dagat nang tauong nasisinsay at napapahamac, ay hindi napupuná nang manĝa sasac-yan, ó dahil caya sa catacutan sa manĝa pungtod ay hindi macapanĝahas lumapit sa caniyang quinalalag-yan at nagpapatuloy nang paglayag. Ang bagay na ito,y, totoong ipinagpipighati ni Pedro Serrano, na pipiliin ang camatayan, houag lamang magtiis nang ganoong cahirapan. Sa sinĝao nang lugar na yaon ay totoong humahabà ang balahibo nang boong catauan, na anaqui balat nang hayop, na tila sa baboy damo; ang buhoc at ang balbas ay dungmarating hangang sa bayauang.»

Páhiná 21

«Nang macaraan ang tatlong taon, isang hapo,y, malayo sa gunità ni Pedro Serrano ay nacaquita nang isang tauo sa pulóng yaon, na sa gabing nacaraan ay napahamac siya sa manĝa pungtod ó cababauan doon, at ang caniya lamang natimbulan ay capisang na tabla nang sasac-yan, caya siya nacarating doon; at sa pagca,t nang magliuanag ay naquita niya ang usoc nang apuy ni Pedro, sinapantaha niyang may tauo roon, linapitan niya sa lanĝoy, na ang caniyang quinacapitan ay ang naturang tabla. Nang magcalapit na ang dalaua, ay di sucat matalastas cung sino ang lalong napapamanĝa sa dalaua. Inisip ni Serrano na ang caniyang naquiquita ay ang demonio na naganyong tauo na tutucso sa caniya, nang siya,y, magpatiuacal. Ang isip naman nang bagong dating ay si Serrano ay ang tunay na demonio, sa pagca,t, totoong habà nang manĝa balahibo, balbas at manĝa buhoc. Capoua nagsitacbo, at si Pedro Serrano ay naguicà nang ganito: «Jesus, Jesus, ilitas mo aco, Panĝinoon co, sa demonio.» Capagcarinĝig nito ay naalis ang tacot nang isa at inacalà na si Pedro Serrano ay tauo ring capoua niya, caya pinagbalican at pinagsabihan nang ganito: «houag cang lumayò sa aquin, capatid co, sa pagca,t, aco,y, cristiano ring para mo» at nang siya,y maniuallà ay dinasal niya nang malacas ang *Sumasampalataya*, at nang marinĝig ni Pedro ay pinagbalican niya, at ang dalaua,y, nagyacap nang daquilang pagibig, at dinaluyan ang canilang manĝa mata nang maraming luhà, yayamang sila,y, pinagsing isang palad sa iláng na yaon, na uala nang pagasang macaalís pa. Halihaling sinasalita ang pinagdaanan nilang buhay. Inacalà ni Pedro na ang caniyang casama,y, nagugutom, ay binigyan niya nang pagcain at paginom; dahil dito,y, naauasuasan ang caniyang paghihinaggis, at pagcatapus ay pinagusapang mulí ang canilang pamumuhay sa macacayanan, na pinagbahabahagui ang manĝa oras nang arao at gabi sa paghanap nang canilang icabubuhay sa dagat, at ang manĝa cahoy at manĝa buto nang isdâ, at iba pang manĝa bagay na icapagdidiquit nang apuy; at lalong lalò na ang laguing paglalamay, na sila,y, naghahalihali, nang houag mamatay ang apuy. Ganito ang canilang pamumuhay nang manĝa ilang arao; datapoua,t, hindi naglaon at sila,y, nagcaalit, at dahil dito,y, sila,y, nagbucod nang pagcain, na ang culang na lamang ay magbabag; nang dito,y, mapagquiquilala ang casam-an nang ating manĝa caugalian. Ang dahil nang canilang pinag-aauayan ay ang pagsasabi nang isa sa isa, na hindi quinacalinĝa ang dapat gauin; at ang cagalitang ito,t, manĝa panĝunĝusap ay siyang ipinagcaalit nila at ipinagcahualay. Datapoua,t, sila rin, nang macapagmunimuni na, ay naghinĝian nang tauad, at nagcaibigang mulí, at macasamang nabuhay na may apat na taon. Sa panahong ito,y, naquita nilang dungmaan ang ilang sasac-yan, at sila,y, nagpapausoc; datapoua,t, hindi nila pinaquinabanĝan, at hindi sila napansin nang manĝa sasac-yan; caya nĝa di mamagcano ang canilang capighatian, na culang na lamang ay malagot ang canilang hiniĝa.»

Páhiná 22

Páhiná 23

«Sa catapusan nitong mahabang panahon ay nagcataong dumaan doon ang isang sasac-yan totong nalalapit sa canila, na nacaquita nang canilang pagpapausoc, at ibinunsod sa canila ang bangca, at sac-yan nila sa pagparoon sa daong. Si Pedro Serrano at ang caniyang casama na capoua nagsihabà na ang canilang manĝa balahibo at balbas, ay nang malapit na ang bangca, ay nang houag acalain nang manĝa marinero na sila,y, demonio, ay dinasal nila ang *Sumasampalataya* at sinambit nila nang malacas ang nĝalan nang ating Mananacop; at dahil dito,y, hindi nanĝatacot ang manĝa marinero, cahit sila,y, ualang anyong tauo. Dinala na sila sa canilang sasac-yan, na di mamagcano ang pagtataca nang balang sa canila,y, macaquita at macarinĝig nang manĝa cahirapang canilang pinagdaanan.

Páhiná 24

Ang casama,y, namatay sa dagat nang papatunĝo sa España. Si Pedro Serrano,y, dumating dito, at lumipat sa Alemanía, na siyang quinalalag-yan nang Emperador sa panahong yaon: hindi inaahit ang caniyang balahibo, balbas at buhoc, at nang maguing tandâ at catunayan nang caniyang pagcabagbag, at nang lahat nangyari sa caniya. Sa lahat nang bayang caniyang pinagdadaanan, cung ibig niyang paquita ay nagcacaroon siya nang maraming salapi. Ilang manĝa guinoo at manĝa caballero na nacaibig macaquita nang lagay niya, ay pinagcacalooban siya nang gugugulin sa caniyang paglacad; at ang Emperador sa pagcaquita sa caniya at pagcarinĝig ay pinagcalooban siya nang apat na libong piso, na bouis sa taon taon. Nang cucunin niya, ay namatay siya sa Panamá, na hindi niya nacamtan.»

Páhiná 25

«Ang lahat nang salitang ito, para nang nabanguit na, ay sinasalita nang isang Caballero na ang nĝala,y, si Garcí-Sánchez de Figueroa, na sa caniya co napaquingan, at nacaquilala cay Pedro Serrano; pinatotohanang niya na sa caniyang bibig napaquingan, at nang matapus na siya,y, maquita nang Emperador ay binauasan nang cauntì ang caniyang buhoc at balbas nang houag dumating hangang sa bayauang; at cung siya,y, natutulog sa bagi ay pinupusód niya, at cung hindi gayon, ay sungmasabog sa hihigan na nacalilingatong sa caniyang pagtulog.»

Páhiná 26

ANG BAGONG ROBINSON.

Páhiná 27

HISTORIA MORAL

PASIMULA

Sa isang bahay sa parang na di nalalayóng lubhâ sa Hamburgo, mariquit na ciudad nang Alemanía, na nalalagay sa dalampasigan nang mayamang ilog na Albis, ay tungmatahan ang isang malaquing ancan nang manġa tauong magcacamaganac at magcacaibigan. Mahirap matalastas cung alin ang lalong minamahal nang ama at ina, na pinacaulo nang ancang yaon ó familia; cung ang caniyang manġa anac na lalaqui na si Nicolás at si Juan, ó ang manġa anac na babayi na si Teodora at si Luisa; ó ang caniyang manġa pamangquin na si Enrique at si Cárlos, ó si Ramon at si Basilio, manġa anac nang dalaua nilang caibigan. Ang dalauang ito,y, manġa binatà na, at ang iba,y, manġa batà na di parapara ang canilang edad. Ang lahat ay nacacaisaisang loob na parang magcacapacid; at ang lahat ay paraparang nagsisisunod nang maligaya sa ama at sa ina, at nagsusumicap nang pagaaral at nang pagpapacabuti nang asal, sa pamamaguitan nang ayos na turò, na sa pagpapaliuanag sa canilang pagiisip ay nalilimbag naman ang magandang ugali sa canilang manġa pusò. May oras silang iguinagaua, at may oras na ipinaglilibang; datapoua,t, ang caraniuay, silay, nagsasamasama, at habang gungmagaua sila nang anoman, ay pinagsasalitaan sila nang canilang ama nang sarisaring Historia at manġa salitâ, na bucod sa nagbibigay calibanġan sa canila, ay nacacaroon sila nang mabuting halimbaua nang cabanalan, nang puri at uastong caugalian.

Páhiná 28

Ang susunod na Historia Moral ni Robinson ay siyang nagamit nilang salitaan sa maraming hapon; at nang maunauà nang ama na totoong isinasaloob at iquinaliligaya nang manġa batà ang manġa di caraniuang bagay na nangyari doon sa sauing palad na binatà, at ang paquinabang sa salitang ito, ay minatapat na isulat at icalat, nang maguing libanġan nang ibang manġa bata na macababasa ó macarirínġig nang gayon ding caligayahan, at cung magcaminsa,y, gayon ding capaquinabanġan.

Páhiná 29

—Ama co, ang uica ni Teodora nang isang hapong masayá nang tagarao. ¿Pagsasalitaan caya ninyo cami nġayon, para nang dati, nang anomang Historia?

—Oo, anac co, ang sagot nang ama, datapoua,t, sayang na di natin macamtan ang caligayahan nitong matahimic na hapon. Tayo,y, pasa parang, na doo,y, ang pananariuà nang manġa halaman ay nagaanyaya sa atin.

—¡Oh, totoong mabuting bagay ang inyong naisipan! ang sigao nang lahat; ¡doo,y, paano caya ang ating calibanġan!—At naglulucsuhan sa touâ ay nanaog nang bahay, at capagdating sa masayang parang ay pinasimulan ang ganitong salitaan.

UNANG HAPON.

SI TEODORA. ¿Dito бага tayo, ama?

ANG AMA. Oo, dito sa ilalim nang punò nang manzano.

SI NICOLÁS. Ito,y, isang lugar na totoong cauiliuili.

ANG LAHAT (*nanġaglucsuhan sa malaquing toua at ang uica nila,y*). Cauiliuiling totoo dito.

Páhiná 30

ANG AMA. Datapoua,t, ¿anong iniisip ninyong gauin habang sinasalita co sa inyo ang Historiang ito? Caraniuay, ayao cayong magtunġanġa lamang: ang ualang guinagaua cailan man ay di mabuti.

SI JUAN. Nararapat na tayo,y, magcaroon nang anomang paglilibanġan dito.

ANG INA. Aco,y, may dala náng gulay na hihimayin. ¿Sinong ibig tumulong sa aquin?

ANG LAHAT. Aco, aco, aco.

SI TEODORA. Caming dalaua ni Luisa, at icao, Cárlos, ¿maghihimay бага tayo nang gulay?

SI LUISA. Aco,y, hindi, sa pagca,t, gagauin co ang tanicalang itinuturo sa aquin nang ating ina.

SI TEODORA. Cung gayo,y, tayo,y, maghimayhimay na dalaua lamang. Halica, Cárlos, umupo ca.

SI BASILIO (*naquiupo naman, at naguica:*) Ibig co namang gumaua na para ninyo.

SI RAMON. At aco naman.

SI ENRIQUE. Dito,y, maluag. Tingnan natin cung sino pa ang maghihimay.

ANG AMA. Lumagay cayo na mangyaring maquita ninyo ang paglubog nang arao, sa pagca,t, n̄gayon ay totoong mariquit ang lagay nang lan̄git.

(*Nagsiupong lahat, at pinasimulan ang paggaua nila.*)

ANG AMA. N̄gayon, man̄ḡa anac co, sasalitin co sa inyo ang isang Historia, ó isang nangyaring totoong cacaiba, na sa pasimula,y, maninindig ang inyong man̄ḡa buhoc, at pagcatapus ay ilulucso ninyo sa touà.

SI TEDODORA. Oh! houag sanang totoong malungcot.

SI LUISA. Cung totoong malungcot, ay houag; sa pagca,t, iiyac coming ualang pagsala.

SI JUAN. Pabayaán natin, at naalaman nang ating ama ang caniyang guinagaua.

ANG AMA. Houag cayong maticot, man̄ḡa anac co, at sasalitin co sa inyo nang boong pagiin̄gat, nang houag magcaroon nang anomang bagay na totoong malungcot.

Sa ciudad nang Hamburgo ay may isang tauong ang apellido,y, *Robinson*, na may tatlong anac. Ang pan̄ganay ay nacaibig na magsundalo; nagsundalo na n̄ḡa, at namatay sa isang digmà laban sa man̄ḡa francés. Ang icalaua,y, nahilig sa pagaaral, at isang arao sa paginom nang tubig na malamig sa oras na totoong naiinitan, ay nagcasaquit nang dibdib at namatay.

SI LUISA. Caya n̄ḡa ang uicà nang ating ama, ay capagca tayo,y, totoong naiinitan, ay di dapat uminom.

ANG AMA. Ualang natitirá cundi ang anac na bunsò, na ang n̄ḡala,y, si Conrado; at caya n̄ḡa ang ama at ina magmulà niyon ay ang boong pagasa,y, inilagay sa nacaisaisang anac, na iniibig na parang balintatao nang man̄ḡa mata; datapoua,t, ang canilang pagmamahal ay hindi mabuti.

SI TEODORA. ¿At anong ibig ninyong sabihin, ama co, dito sa hindi mabuting pagmamahal?

ANG AMA. N̄ḡayo,y, ipahahayag co sa iyo.—Cayo,y, iniibig naman namin, para nang natatalastas na ninyo: datapoua,t, gayon man ay pinagpipilitan namin na cayo,y, matutong gumaua, tinuturuan namin cayo nang maraming bagay na nacaiuili at paquiquinaban̄gan, sa pagca,t, natatalastas namin na sa paraang ito ay cayo,y, babait, at cung gayo,y, ualang pagsalang cayo,y, magcacapalad. Datapoua,t, ang man̄ḡa magulang ni Conrado ay iba ang pagpapalagay, sa pagca,t, pinababayaang gauin ang balang maibigan nang minamahal nilang anac; at pagca,t, ang munting caballero,y, ualang iniibig cundi ang maglaro, at ayao magsipag at magaral nang anomang bagay, pinababayaang ualang guinagaua at maglicot sa boong maghapon; na sa macatouid, ay sa pagaaral at sa mabuting turò nang magulang ay ualang pinapaquinabang. Ito n̄ḡa, anac co, ang tinatauang na pagmamahal na hindi mabuti.

SI TEODORA. N̄ḡayon co natalastas.

ANG AMA. Lungmalaqui ang batang si *Robinson* na ualang matutuhang paglag-yan sa caniya. Ninanasà nang ama na magaral nang pan̄gan̄galacal; datapoua,t, hindi ibig nang anac, sa pagca,t, ayon sa caniyang uicà, ang lalong ibig niya,y, macaquita nang mundo at magpagalagala: sa catagang uica,y, ualang iniibig cundi ang siya,y, mabuhay na pagayon lamang, ualang gauà at ualang quinapapacanan, na parang hindi tayo itinalaga sa alin mang calagayan na sucat paquinaban̄gan. Sa catunaya,y, ang batang ito,y, ualang munting pagiisip nang pagsasalità. Cung siya,y, nagaral nang man̄ḡa bagay na sucat paquinaban̄gan at quinacailan̄gan, ay ibang iba sana ang caniyang pananalità; datapoua,t, ¿anong mahihità sa paggalà sa mundo nang isang binatang ualang munting pinagaralan na para ni Conrado? Capag nagnanasang maghanap buhay sa alin mang bayan ay quinacailan̄gan ang pagcatalastas at catalasan; at ang ating *Robinson* ay hindi nag-iisip nang ganitong bagay.

Tumuntong na siya sa labing pitong taon, at hangan nion ay ualang guinagaua cundi ang acsayahin ang panahon sa pagpapalibotlibot sa lahat nang oras. Ualang arao na di inuun̄gutan ang caniyang ama na siya,y, big-yang pahintulot na maglayag; datapaoua,t, ang sagot nang ama, ay ang caniyang ninanasà ay isang malaquing caululan, cailan man ay ayao na maririn̄gig ang bagay sa paglayag. Isang arao ...

SI LUISA. N̄ḡayon, pasisimulan ang salita.

SI NICOLÁS. Houag cang magiin̄gay.

ANG AMA. Isang arao, na ayon sa caniyang caugalian, ay naglilibot sa tabi nang dagat, ay nasumpun̄gan ang isa niyang caibigan. Ito,y, anac nang isang Capitan sa isang sasac-yan, at nahahandang paroon sa Lóndres na casama nang caniyang ama.

SI CARLOS. ¿Saan sila sasacay, sa carruaje бага?

SI ENRIQUE. Hindi, Cárlos; nang mangyaring macarating sa Lóndres ay quinacailan̄gan ang

lumayag, at daanan ang malaquing bahagui nang tubig, na tinatauang na dagat sa Hilagaan.

ANG AMA. Itinanong nang caniyang casama ibig niyang sumama sa paglalayag. Totoong ibig co, ang sagot ni Conrado Robinson; datapoua,t, hindi magsisipayag ang aquing manġa magulang.—Hayo, ang sagot nang isa; sumama ca sa aquin: sa loob nang tatlong lingo ay magbabalic na tayo; at cung ayao cang pumayag dahil sa iyong ama at iyong ina, ¿mayroon pa cayang dapat gauin, cundi ang sabihin ang quinalalag-yan mo?—Datapoua,t, uala acong salapí sa supot, ang uicà ni Conrado Robinson.—¿Anong cailanġan? ang sagot nang isa: ipinagbabayad quita sa paglayag.—Napahintong sandalí si Robinson, at pagcatapus caracaraca,y, tinapic ang camay nang caniyang casama, at naguicà: «caibigan, tayo,y, magcamay at sumacay na tuloy.»

Páhiná 35

Capagca uica nito ay ipinagbilin sa isa na sa loob nang ilang oras ay paroon siya sa caniyang ama at ina, at sabihing siya,y, lumayag, at nang macarating lamang sa Inglatera, at caracaraca,y, sila,y, magbabalic. Tambing na lumulan ang dalauang magcaibigan.

SI JUAN. Ay, ay! hindi co naiibigan yaong si Robinson.

SI NICOLÁS. Aco man.

SI BASILIO. ¿At baquit?

Páhiná 36

SI JUAN. Sa pagca,t, iniuan ang caniyang manġa magulang na uala silang pahintulot.

SI BASILIO. Mayroon cang catouiran, Juan: gumaua siya nang malaquing camaliang dapat nating icahabag. Mabuti na lamang at bihira ang binatà na di nacatatalastas nang dapat gauin sa canilang manġa magulang.

SI NICOLÁS. ¿Sa bagay ay mayroong ibang catulad si Robinson?

SI BASILIO. Hangan nġayo,y, uala acong naquiquitang sinoman; datapoua,t, ang natatalastas cong malinao ay ualang mangyayaring magaling sa manġa binatang para niya.

SI JUAN. Cung gayo,y, paquingan natin ang nangyari cay Robinson.

ANG AMA. Ang manġa marinero,y, itinaas ang manġa sinipete, at iniladlad ang manġa layag; humihip ang hanġin at tumulac ang sasacyan, at ang Capita,y, napaalam sa ciudad at macaanim na nagpaputoc nang cañon. Si Robinson ay na sa ibabao nang cubierta ó carang, casama nang caniyang caibigan, at ualang pagcasiyahan nang touâ, sa pagcaquitang siya,y, nacapaglayag din.

Ang arao ay mapayapa, at ang hanġin ay ayon sa canilang patutunġuhan, caya caracaraca,y, di na nila maquita ang ciudad nang Hamburgo; at nang sumunod na arao ay na sa calauacan na sila nang dagat. Ang lupa,y, unti-unting nanaualà sa canilang manġa mata; datapoua,t, ¡laquing pagcagulat ni Robinson sa pagcaquitang uala siyang natatanao sa caliua,t, canan, sa licod at harapan, cundi pulos na tubig, at sa itaas naman ay lanġit!

Páhiná 37

SI TEODORA. Marahil ay iya,y, totoong mariquit pagmasdan.

ANG INA. Hindi malayong iyong mapagmasdan nġayong manġa ilang arao ang naquita ni Robinson.

SI TEODORA. Cung gayo,y, ¿tayo pô baga naman ay paparoon?

SI RAMON. Paparoon tayo cung ating isasaloob ang pagtuturò sa atin nang Geografia, at capag natutuhan natin ang pagpapalipatlipat sa iba,t, ibang lugar.

ANG AMA. Cung sa lagui ninyong pagsusumaquit sa paggaua, at sa inyong casiyahan sa pagcain at sa paginom ay magcaroon nang lacas ang inyong catua-an, nang mangyaring cayo,y, macapaglayag doon, marahil ay tayo,y, macapagpasial isang arao hangang Travemunda, na doon ang mulà nang dagat na tinatauang na Báltico.

Páhiná 38

ANG LAHAT. ¡Oh, totoong buti cung gayon!

ANG AMA. Diya,y, lululan tayo, at tayo,y, dadalhin sa dagat hangang sa may icaapat na leguas. (*Capagcarinġig nito,y, agad nagtindigang lahat, at niyacap sa liig ang canilang ama. May naglalambitin sa caniyang camay, at mayroong yumayacap sa caniyang manġa paa, na ipinaquiquilala ang canilang manġa catouaan sa paglulucsaan at pagtatacbuhan.*)

SI LUISA. ¿Ipagsasama po naman ninyo aco?

ANG INA. Oo, cung sacali,t, icao ay malacas na, na sucat cang madala roon.

SI LUISA. Datapoua,t totoong malayò, ¿ano pô, di pô baga ganoon? Marahil ay malayò pa sa Vandesbec,^[1] na tinatahanan nang Sr. Claudio, at nang isang Caballero na may isang bahay na malaqui, at isang halamanan na totoong malaqui, malaquing di palac sa halamanan natin. Aco,y, naparoon na niyong arao na humahanap tayo nang manġa batóng sarisaring culay; at niong....

ANG AMA. At niong pinanonood natin ang pagaararo nang lupa.

Páhiná 39

SI LUISA. Oo nġa pò; at niong tayo,y, pumasoc sa pandayang malapit sa daan.

ANG AMA. At tayo,y, umaquiat sa gulinġan.

SI LUISA. ¡Aba! oo n̄ga pò: doon inilacpac nang hanġin ang aquing sombrero.

ANG AMA. Ang sombrero na pinulot at iniabot sa iyo nang batà sa guilinġan.

SI LUISA. Yao,y, isang batang mabuti, ĵano pò?

ANG AMA. Isang batang totoong mabuti, na nagpautang sa atin nang loob, cahi,t, di tayo niya naquiquilala.

SI LUISA. ĵAt inyo pò baga namang guinanti?

ANG AMA. Oo: ang baua,t, isa ay dapat gumanti sa nagpapautang sa atin nang loob. Datapoua,t, tila nalilimutan natin si Robinson. Magmadali tayo,t, cung hindi, ay di na natin siya aabutan, sa pagca,t, parang inalilipad ang caniyang paglayag.

Dalauang arao ay nagcaroon sila nang mabuting panahon at mabuting hanġin. Sa icatlong arao ay nagdilim ang lanġit at ang dagat, at nararagdagan nang nararagdagan ang dilim, at saca humihip ang hanġing totoong malacas. Cung minsa,y, totoong maniningas ang quidlat, na anaqui tila nagaalab ang lanġit; cung minsa,y, totoong nagdidilim na anaqui hating gabi; sacá sumusunod ang ualang licat na culog; catacottacot ang ulán, na anaqui ibinubuhos, at ang alon ay catacottacot na parang bundoc.

Páhiná 40

ĵCung ating maquiquita ang linucsko-lucso nang sasac-yan! Sinasalubong nang isang mataas na alon na iquinatataas; sacá biglang ibinubulid sa cailaliman. Ang manġa tauo,y, humahanap nang macapitan, at nang houag silang manġahulog sa guiniuang guiuang nang sasac-yan. Si Robinson na hindi datihan sa manġa bagay na ito, ay totoong nalulà, ualang licat ang pagsusucá na halos mamatay.

SI JUAN. Ito ang caniyang napalâ.

ANG AMA. «ĵAy ama,t, ina co! ang palaguining isinisigao ni Robinson: cailan ma,y, di na ninyo aco maquiquita. ĵLaqing capalamarahan ang guinaua co sa pagbibigay sa inyo nang ganitong capighatian!»

Saca biglang narinġig na umalatiit sa ilalim nang cubierta ó carang. «ĵMahabag ca pò sa amin. Panġinon namin!» ang isinisigao nang manġa marinero, na nanġamumutlang di hamac. ĵAno iyan? ĵano ang nangyari? ang tanong ni Robinson, na halos mamatay sa tacot. —ĵCa auaaua tayo! ang tugon sa caniya: tayo,y, mamamatay: ibinual nang culog ang palong trinquete, (sa macatouid, ay isa sa manġa tatlong árbol na matotouid nang isang sasac-yan, itong nabali ay siyang lalong nalalapit sa daong) at ang árbol mayor ay bahaguia na lamang tumatayò, na cailanġang putulin at ihulog sa tubig.

Páhiná 41

«ĵTayo,y, mamamatay!» ang uicà nang isang na sa bodega: «ang sasac-yan ay mapupunò nang tubig.»

Capagcarinġig nito ni Robinson na nacaupò sa camarote, ay naghimatay. Ang lahat ay nagsipaglimas, at nang cung mangyayari ay houag lumubog ang sasac-yan. Nang maquita nang isang marinero na si Robinson lamang ang hindi cumiquibò, ay siya,y, itinulac, at pinagsabihan na cung siya lamang ang hindi gagaua nang anoman.

Tinicman ni Robinson na siya,y, nagbanġon, cahi,t, totoong nanghihinà, at siya nama,y, naquilimas. Sa oras na ito,y, nagutos ang Capitan na magpapatoc nang cañon, at nang cung may nalalapit na ibang sasac-yan ay nang matalastas ang capanġanibang quinalalag-yan nila. Hindi natalastas ni Robinson ang dahilan nang putoc na yaon, ay inacalang nabiac ang sasac-yan, at dahil dito,y, muling naghimatay. May isang marinero na sa maquitang hindi siya cumiquilos ay itinulac siya,t, sinicaran at inacalang siya,y, patay.

Páhiná 42

Sinasaquit ang paglilimas, datapoua,t, ang tubig ay lalong dumarami, at ualang inaatay cundi ang lumubog ang sasac-yan. Nang mangyaring gumaangaan, ay inihaguis sa dagat ang manġa bagay na hindi nila totoong quinacailanġan, para nang manġa cañon, manġa cahoy at iba pa; datapoua,t, uala ring quinasapitan. Narinġig nang isang sasac-yan ang putoc nang cañon na palatandaan na may humihinġing tulong na ibang sasac-yan, at inilapit sa canila ang isang bangcá at nang maligtas ang manġa tauo; datapoua,t, ang bangcang ito,y, hindi macalapit, sa pagca,t, totoong malacas ang alon. Sa catapusa,y, nacalapit din sa popa ó huli at sila,y, hinaguisan nang lubid nang na sa panġanib na sasac-yan, at sa paraang ito,y, nailapit na mabuti ang bangcà at caracaraca,y, nagsilipat na lahat. Si Robinson na hindi macatayó ay inihaguis sa bangcà nang ibang manġa marinerong may auà sa caniya.

Páhiná 43

Bahaguia na lamang nacagagaod, ay ang sasac-yan na hindi pa nalalayò sa canila ay lumubog. Mabuti na lamang at pumayapà na ang panahon, at cundi ay lalamunin din nang alon ang bangcang punò nang tauo. Nang macaraan na sa di mamagcanong capanġaniban, ay dumating din sa isang sasac-yan, at doon sila,y, pinalulan.

SI TEODORA. Mabuti na lamang at ang manġa tauong ito,y, di nanġalunod.

SI NICOLÁS. ĵTotoong aco,y, nagaalaala at baca n̄ga manġalunod sila!

SI LUISA. Cung gayo,y, madadalâ si Robinson, at hindi na gagauang mulí nang gayong capanġahasan.

ANG INA. Ito rin ang inaacalà co; at marahil ay magcacabait na.

SI ENRIQUE. ¿At ano ang guinagaua sa caniya?

ANG AMA. Ang sasac-yang linipatan nila ay napatunõ sa Lóndres. Nang macaraan ang apat na arao ay na sa sa uauà na sila nang Támesis; at sa icalimang arao ay dumoong na sila sa tapat nang ciudad nang Lóndres.

SI CARLOS. ¿Ano pong cahulugan niyong uicang Támesis?

SI BASILIO. Ang Támesis ay isang ilog na Ingalaterra, na para naman nang ilog natin ditong Albis, na pinapasucan sa dagat at hindi nalalayô sa Lóndres. Capag nalalapit na sa dagat ang isang ilog ay tinatauang na uauà.

Páhiná 44

ANG AMA. Ang lahat ay nagsiahon sa lupà nang malaquing touà at naligtas sila sa capañaniban. Datapoua,t, ang unang guinauà ni Robinson ay ang panonood nang daquilang ciudad nang Lóndres, at nacalimutan ang caniyang sasapitin. Gayon ma,y, siya,y, nagdamdam cagutuman, at napagtalastas niya na ang pagtirá sa ciudad nang Lóndres ay hindi nacabubusog; at caya nãa inisip niyang siya,y, magsalita sa Capitan, at ipagmacaaúà niyang siya,y, ipagsalo. Tinangap siya nang Capitan nang magandang loob, at quinasalo sa pagcain, at habang sila,y, cungmacain ay itinanong cay Robinson cung ano ang dahilang iquinaroon niya sa Lóndres, at cung ano ang ninanasa niyang gau-in doon. Sinalitá sa caniya ni Robinson nang maliuanag, na caya siya naglayag ay sa pagaalio lamang, at idinugtong pang nanãahas siya nang ualang pahintulot ang caniyang manãa magulang, at nãayo,y, ualâ náng matutuhang gau-in.

«Hindi pala naalaman nang iyong manãa magulang.» ang uicà nang nagugulumihanang Capitan; at nahulog sa camay ang cuchillong guinagamit niya sa pagcain. «¡Dios co! maanong naalaman co muna ang bagay na ito. Paniualaan mo aco, panãahas na binatà; na cung napagalaman co ito sa Hamburgo, disin ay di quita tinangap sa aquing sasac-yan, cahit aco,y, hinandogan mo nang isang millon.» Ibinabâ ni Robinson ang manãa matá; ang cahihyan ay napagquilala sa caniyang muc-hà, at hindi macaimic.

Páhiná 45

Ang may puring Capitan nang sasac-yan, ay ipinatuloy ang pagpapahayag sa caniya nang lahat niyang camalian. Sinabi sa caniya, na cailan ma,y, hindi siya maguiguig mapalad, liban na lamang cung baguhin niya ang caniyang loob, at huminãing tauad sa caniyang manãa magulang. Si Robinson nama,y, umiiyac.

«Datapoua,t, ¿anong dapat cong gau-in?» ang tanong ni Robinson.—«¿Anong dapat mong gau-in?» ang sagot nang Capitan: «magsauli ca sa bahay nang iyong manãa magulang, humalic ca sa canilang manãa paa, at huminãi cang tauad dahil sa iyong manãa camalian, para nang isang anac na may mabuting turò.»

SI LUISA. Ah! iniibig cong totoo ang Capitang iyan. ¡Totoong mabuting tauo siya!

ANG AMA. Ang guinaua niya,y, ang dapat nating gau-ing lahat, capag naquiquita natin na ang ating capouâ tauo ay nagcacamit nang anomang camalian: itinurò niya cay Robinson ang pagganap nang caniyang catungculan.

Páhiná 46

«¿Ibig ninyong aco,y, ihatid na mulí sa Hamburgo?» ang tanong ni Robinson sa Capitan.—«¿Paanong paghahatid co sa iyo? ¿Nalimutan mo na baga na ang aquing sasac-yan ay nalubog? Hanggang hindi aco macabili nang iba, ay hindi aco macababalic, at marahil ay totoong magtatagal ca dito, cung yaon ang hihintin mo. Icao,y, nararapat na lumulan sa unang sasac-yan na patutunõ sa Hamburgo, at houag mong palibanin nãayon ó bucas.»—«Nãuni,t, ualâ acong salapi,» ang uica ni Robison.—«Cunin mo, ang sagot nang Capitan, itong manãa *guinea*.»

SI TEODORA. ¿Ano ang ma~nga *guinea*?

ANG AMA. Ang *guinea* ay salaping quintô na guinagamit sa Ingalaterra, at ipaquiquita co sa iyo ang isa, capag tayo,y, nagbalic sa bahay.

SI JUAN. Ating ipatuloy.

ANG AMA. «Narito nãa, ang uicà nang Capitan, itong manãa *guinea* na ipinahihiram co sa iyo; cahit aco,y, may malaquing cailanãang nang caunting salaping natira sa aquin. Paroon ca sa lalauigan, at itanong mo cung magcanong ibabayad sa pagsacay sa sasac-yan. Cung tunay ang pagbabago nang loob mo, ay pagpapalain nang Dios ang iyong pagouí, na di para nang pagparito mo.»—Pagcatapus ay quinamayan na siya,y, magcaroon nang isang payapang paglayag. Lumacad na si Robinson ...

Páhiná 47

SI NICOLÁS. ¿Cung sa bagay ay oouí na sa caniyang bahay? Á Dios; cung gayo,y, tapus na ang salitá, at ang isip co,y, nãayon lamang pinasisimulan.

ANG INA. ¿At di mo iquinatotouâ, Nicolás na siya,y, magbalic sa bahay nang caniyang manãa magulang, at nang mapayapâ ang catacot-tacot na pagcalingatong at pagcasindac nila?

SI RAMON. ¿At di mo iquinaliligaya ang pagcatalastas niya nang caniyang camalian, at nang houag namang gauing mulí?

SI NICOLÁS. Oo nãa, datapoua,t, gayon ma,y, ang acalà co ay may mangyayari sa caniya na sucat nating icaalio.

ANG AMA. Hintay ca muna, at hindi pa natin masasapit. Paquingan natin ang manãa nangyari sa

caniya.

Habang siya,y, lumalacad na patunõ sa lalauigan, ay sarisaring bagay ang pungmapasoc sa caniyang pagiisip. «¿Anong sasabihin caya nang aqing manõa magulang,» ang uicà niya sa sarili, «cung aco,y, magbalic sa bahay? Marahil aco,y, parurusahan nila dahil sa guinauà co. At pagtatauanan nang aqing manõa caquilala at iba pang manõa tauo ang madali cong pagbalic. Pupulaan nila aco na ualang naquita cundi dalaua ó tatlong lansanõan sa Lóndres.» Ito at manõa ganganitong manõa bagay ang sungmasagui sa caniyang pagiisip.

Páhiná 48

Cung minsa,y, hungmihintô, at parang nagmumulimuli, at hìndi mapasiya ang loob na siya,y, umalis agad; cung minsa,y, nadidilidili ang sinabi sa caniya nang Capitan; sa macatouid, cailan ma,y, di siya maguiguing mapalad, cung hindi siya magbabalic sa bahay nang caniyang manõa magulang. Nagsasalauahan siya nang mahabang panahon, na di maalaman cung ano ang gagauin, at gayon ma,y, nagpatuloy siya nang paglacad sa lalauigan ó hinihimpilan nang manõa sasac-yan. Datapoua,t, malaqui ang caniyang touà, nang matalastas na ualà pang sasac-yan patunõ sa Hamburgo, na ibinabalitâ sa caniya nang isa sa manõa Capitan na palaguing lungmalayag sa Guinea.

Páhiná 49

SI CARLOS. ¿At ano ang paglalayag sa Guinea?

ANG AMA. Ipaaninao sa iyo ni Enrique, at caniyang natatalastas.

SI ENRIQUE. ¿Di mo naaalaala na may isang bahagui nang mundo na tinatauag na África? at ang Guinea ay isa sa manõa lugar na malapit sa dagat.

ANG AMA. At sa Guinea sila naghahanap buhay. Ang tauong nagsasalitâ cay Robinson ay isa sa manõa Capitan sa manõa sasac-yan caraniuang naglalayag sa Guinea.

Natotouà ang Capitan na maquipagpanayam cay Robinson, at inanyayahan siyang uminom nang isang tasang cha sa caniyang Cámara. Pungmayag naman si Robinson.

SI JUAN. ¿Cung sa bagay ang Capitan ay marunong nang ating uica?

ANG AMA. Nacalimutan cong di nasabi sa iyo, na sa Hamburgo ay natuto si Robinson nang uicang inglés, na siyang sinasalitâ sa Inglaterra.

Nang maringig nang Capitan na siya,y, may nasang maglayag, at totoong dinaramdam nang caniyang loob ang pagbabalic sa Hamburgo, ay itinanong sa caniya cung ibig niyang sumama sa Guinea. Nang bago bago pa,y, quiniquilabutan si Robinson, datapoua,t, nang patutoohan sa caniya nang Capitan na ang paglalayag nila ay totoong masayá, at ipagsasama siyang ualang bayad, na uala siyang pagcacagugulang anoman: at bucod dito,y, mangyayaring macaquita siya nang maraming salapì; ay totoong naibigan ni Robinson, at totoong nagcaroon nang malaquing nasà, na caracaraca,y, nacalimutan ang lahat na inihatol sa caniya nang may puring Capitan na taga Hamburgo, at gayon din naman ang pinagticahan niya sa loob na pagouí sa bahay nang caniyang manõa magulang.

Páhiná 50

Datapoua,t, nang siya,y, macapagisip-isip, ay sinabi niya sa Capitan: «aco,y, ualang salapì cundi tatatlong guinea. ¿Saan co gugugulin itong caunting puhunan sa paghahanap buhay sa bayang paroroonan natin?»

—«Pahihiramin quita nang anim, ang uicà nang Capitan; at mayroon ca nang sucat icapamili nang pagtutubuan nang malaqui sa Guinea, cung tayo,y, sasangayunan nang capalaran.»

—«¿At ano ang nararapat cong bilhin?» ang tanong ni Robinson.—«Ang sagot nang Capitan, ay manõa sarisaring bagay, para nang manõa laroan, manõa abalorio, manõa sundang, manõa gunting, at iba pang mumurahin, na totoong naiibigan nang manõa taga África, na babayaran sa iyo nang totoong mahal; ang ibabayad sa iyo,y, quintò, garing at iba pang bagay.»

Páhiná 51

Capagcarinõg nito, ay malaquing touà ni Robinson, at nacalimutan ang caniyang manõa magulang, ang caniyang manõa caibigan at bayan, at naguicà nang malaquing caligayahan: «pinasisiya co na sa loob ang sumama sa iyo, maguinoong Capitan.» Nagcamay sila, tandà nang canilang pagcacasundò sa paglayag.

SI JUAN. Natapus na: hindi co na caaauaan, cahit anong mangyaring sacunâ diyan sa hunghang na cay Robinson.

ANG AMA. ¿Diyata,t, di mo na caaauaan siyang mulí?

SI JUAN. Hindi na pô: yayamang siya,y, totoong tampalasan, na nuling nacalimot sa caniyang catungculan sa manõa magulang niya, ay nararapat namang parusahan siyang mulí nang Dios.

ANG AMA. ¿At inaacalà mo bagang ang isang caauauang tauo, na nacalimot sa caniyang manõa magulang, at pinipilit niya ang Dios na siya,y, parusahan, at nang magbago ang caniyang loob, ay di caya dapat cahabagan? Tunay nãa at siya rin ang naguig dahil nang lahat nang sacunang sucat marating niya; datapoua,t, dahil dito,y, ¿di caya lalò pang iquinapaguiguing cahabaghabag niya? ¡O anac co! Yadia ca nang Dios, at coming lahat naman, sa lalong caquilaquilabot sa manõa capighatian, ang pagcaquilala bago na ang sinoman ay siyang

Páhiná 52

nagcusing gumauà nang saui niyang capalaran. Cailan ma,t, macaririnig tayo na may cauaauang tauo, ay acalain natin na siya,y, ating capatid na nasisinsay: tanġisan natin ang caniyang capahamacan, at dalanġinan natin sa lanġit ang caniyang cagalinġan.

Sandaling ualang umiimic na sinoman, at pagcatapus ay ipinatuloy nang ama ang pagsasalita.

Nagmadaling lumacad si Robinson sa ciudad, ipinamili ang caniyang siyam na guinea nang manġa calacal na sinabi sa caniya nang Capitan, at ipinadala sa sasac-yan. Nang macaraang ilang arao, sa pagca,t, ang panahon ay mabuti, ay tumulac na sila, at naglayag na patunġo sa Guinea.

ANG INA. Tila panahon na namang nararapat na tayo,y, lumayag na patunġo sa bahay, at tayo,y, cumain nang hapunan. Matagal nánġ lumubog ang arao.

Páhiná 53

SI TEODORA. Ualà pa acong ibig na cumain nang hapunan.

SI LUISA. Aco man, lalò co pang ibig ang maquinyig.

ANG AMA. Bucas, bucas, manġa anac co, ipatutuloy natin ang pagsasalità nang nangyari cay Robinson. Nġayo,y, tayo,y, cumaing maaga, na para nang dati.

ANG LAHAT. Tayo,y, cumain nang hapunan.

TALABABA:

[1] Isang bayang ang layò sa Hamburgo ay calahating oras, hindi nalalayò sa bahay sa parang na tinatahan nang autor ay doon ipinalalagay na pinagsalitaan ang Historiang ito.

ICALAUANG HAPON.

Sa icalauang arao nang hapon, ay sila,y, naparoon sa dating pinagsalitaan, at pinatuloy nang ama ang pagsasalità:

Itong bagong pagtulac ni Robinson ay totoong mabuti na para nang una. Dumaan na silang ualang munting sacunà sa Calés, sa canal na tinatauag na de la Mancha, at nġayo,y, na sa sa guitnà na sila nang Océano Atlántico. Dito,y, sinalunġat sila nang hanġin na mahabang arao at palaguig ipinapadpad sila sa dacong América.

Páhiná 54

Tingnan ninyo, manġa anac co: dala co ang malaquing mapa na dito,y, mamamasdan ninyong mabuti ang dapat tunġuhin nang sasac-yan, at sa pagca,t, napilitang malayo dito dahil sa hanġin. Sa dacong ito sana ibig macarating; datapoua,t, sa pagca sinasalunġat nang hanġin, ay napapatunġo sila sa dacong América. Aquing ilaladlad ang mapa, at cung cailanġan ay matignan natin.

Isang gabi ay sinabi nang piloto na may naquiquita siyang apuy sa dacong malayo, at bucod dito,y, may naririnig siyang putoc nang cañon sa lugar ding yaon. Ang lahat ay nanġagaquiatan sa cubierta, at naquita nila ang apuy, at narinġig nilang maliuanag ang putoc nang cañon, tiningnang magaling nang Capitan sa caniyang mapa; at naquitant sa lugar na yaon ay ualang lupang anoman sa loob nang sandaang leguas, at inisip nang lahat na ang apuy na yaon ay nangagaling sa isang sasac-yanang nasusunog.

Caracaraca,y, tinicà nilang umabuloy, at pinihit ang sasac-yan sa lugar na yaon, at di pa nalalao,y, natalastas nila ang catutohanan na may isang sasac-yanang malaqui na nagnininġas. Pagdaca,y, nagutos ang Capitan na magpaputoc nang cañon, at nang matalastas niyong manġa cauaauang tauo na nalululan sa sasac-yanang yaon, na nalalapit sa canila ang isang sasac-yan na madaling aabuloy sa canila. Di pa nalalaong nagpapaputoc, ay naquita nilang biglang tumapon ang sasac-yanang nagnininġas, casabay ang isang malaquing ugong, at namatay ang apuy. Dapat na matalastas na ang ninġas ay dumating sa Santa Bárbara, sa macatouid, ay doon sa pinaglalag-yan nang pólvora sa sasac-yan.

Páhiná 55

Di pa nila naalaman cung ano ang sinapit niyong manġa cauaauang tauo. Nġuni,t, dapat hinalain na sila,y, nacalipat sa canilang manġa bangca bago nagputoc ang sasac-yan; dahil dito,y, hindi itiniguil nang Capitan ang pagpapaputoc nang cañon sa boong magdamag, at nang matalastas nang manġa na sa panġanib ang quinalalag-yan nang sasac-yanang ibig tumulong sa canila, at ipinasabit naman ang lahat nang manġa farol at nang maquita nila. Sa quinabucasa,y, naquita nila sa largavista ang dalauang bangcang punó nang tauo na ipinaghahampasan nang alon. Dapat matalastas na ang hanġin ay sual sa canila, at sila,y, nagsisigaod sa boong macacayanan nang macarating sa sasac-yan. Capagdaca,y, ipinagutos nang Capitan na ibanġon ang bandila, at nang matalastas nila na natatalaga sa pagabuloy at pagtanggap sa canila. Saca biglang inilapit ang sasac-yan sa canila; at sa loob nang calahating oras ay sila,y, inabutan.

Páhiná 56

May pitong puo catauo, na babayi,t, lalaqui at manġa batà, at silang lahat ay pinasacay sa sasac-yan. ¡Anong diquit tingnan yaong manġa cauaauang tauo, niong mailigtas sa apuy

at pagcalunod! ang iba,y, hungmihiguit sa malaquing toua; ang iba,y, sungmisigao na parang hindi pa natatapus ang capanġanibang canilang pinagdaanan. Mayroong nagsisilucso sa magcabicabilà nang sasac-yan na parang manġa ulol; mayroong namumutlà ang muc-hâ na ipinaquiquilala ang malaquing cadalamhatian nang canilang loob. Mayroon namang nanġagtataua na parang hanġal, nanġagsasayauan at nagsisigauan sa malaquing touà; ang iba,y, hindi naman macapanġusap na parang napipi at nanġaualang diua, na di matutong magsalitâ cataga man. Cun minsay,y, naniniclohod ang iba sa canila, itinataas ang manġa camay sa lanġit, at nagpapasalamat nang malacas sa Panġinoong Dios, at halos pinaghimalaan sila sa pagcaligtas sa gayong capanġaniban; cung minsay,y, biglang tungmitindig, pinupunit ang canilang manġa damit, nanananġis at nahahapay na parang manġa patay, at nalalaon bago pagsaolan nang hininġa. Ualang marinero, cahit anong tigas nang loob, na sa pagcaquita nang gayong lagay, ay di tumulò ang luhà.

Páhiná 57

Doon sa manġa cahabaghabag na tauo ay mayroong isang Sacerdoteng batà, na natutong gumauà nang dapat gauin. Bahagui na lamang sungmasayad ang paa sa sasac-yan, ay naniclohod at idinamag ang muc-hâ sa lupà, na parang ualang caramdaman. Dinulog siya nang Capitan at aabuluyan, na ang isip ay siya,y, naghimatay datapoua,t, sinabi sa caniya nang Sacerdote nang boong capayapaan: «pabayaang ninyo acong magpasalamat sa May-capal, sa pagca,t, inibig na camì iligtas; pagcatapus ay pasasalamatan cayo namin naman dahil sa malaqui ninyong caauang gaua sa amin.» Dito na lungmayò ang Capitan nang malaquing galang.

Ang Sacerdote ay lungmagui sa ganitong lagay na manġa ilang minuto; pagcatapus ay tungmindig na natotouà, hinanap ang Capitan, at ipinaquilalang muli ang caniyang pagpapasalamat. Saca hinanap ang caniyang manġa casamahan sa paglayag, at pinagsabihan nang ganito: «manġa catoto co, sumapayapà cayo. Minarapat nang Panġinoon nang dilang cauaan na iligtas cayo nang caniyang maauang camay. ¿Baquit pinaliliban ninyo ang mapacumbabang paggagauad nang pagpapasalamat sa caniya dahil sa di ninyo inaasahang pagcaligtas nang inyong buhay?» Maraming nagsisunod sa cahatulang ito.

Páhiná 58

Dito minulan ang pagsasalitâ na cung sino sila, at ang sa canila,y, nangyari. Ang nasunog na sasac-yan ay isang malaquing dâong francés na manġanġalacal, na naglalayang sa Quebec. Tingnan ninyo ang nangyari papatunġo dito sa lugar nang América. Nacaquita sila nang apuy sa cámarà, at biglang lungmaganap, na di nacuha nilang patayin, at ang nagaua lamang nila ay ang pagpapaputoc nang cañon, at ang paglipat sa manġa bangca na di na nila natalastas cung ano ang sasapitin nilang capalaran. Ang lalong daquiling capanġaniban, na sa caquilaquilabot na sandaling yaon ay ang baca ilubog sila nang hanġin sa dagat, yayamang ang canilang sinasac-yan ay manġa bangca lamang, ó baca sila,y, mamatay sa gutom at uhao, ay caunting tinapay at tubig lamang na cacanin sa manġa ilang arao ang canilang dalang baon.

Páhiná 59

SI CARLOS. ¿At anong cailanġan nilang magdala nang tubig, cung sila,y, na sa sa ibabao nang tubig?

ANG AMA. Cárlos, ¿nacacalimutan mo na na ang tubig sa dagat ay totoong maalat at masaclap na di maiinom nino man?

SI CARLOS. Oo nġa pala.

ANG AMA. Dito sa casindacsindac na calagayan ay narinġig nila ang manġa putoc nang cañon sa isang sasac-yan; at saca naquita nila ang manġa nabibiting farol. Nagdaan nang calungcotlungcot ang magdamag sa panġinġilabot at pagasa, na palagui silang sinasalunġat nang alon, bagama,t, pinagpipilitan nilang totoo na macalapit sa isang sasac-yan. Sa catapusa,y, siyang pagliliuanag na nagbigay hanga sa canilang capighatian.

Sa boong oras na ito ay sinasalaguimsiman si Robinson nang manġa caquilaquilabot na panimdim. «¿Manġa lanġit! ang uicà sa caniyang sariling loob. Cung sa manġa tauong ito,y, dili dapat maualan nang manġa calolouang totoong mabubuti, ay nacaranas sila nang daquiling casacunaan, jano ang aasahan co na isang palamara sa aquing manġa caauauang magulang!» Di siya patantanin nang panimdim na ito, nagdaramdam ang caniyang pusò nang isang malaquing capighatian; at namumutla,t, di macaimic, capara nang isang tauong sinisisi nang caniyang conciencia, ay nacaupong di macaquibo sa isang suloc. Binig-yan nang paginom na icaguiguinhua ang manġa tauong sinaclolohan, at nang magsauli ang naualang lacás nang canilang capaguran.

Páhiná 60

Pagcatapus nito,y, ang pinacapunò sa magcacasamang ito ay cungmuha nang isang supot na punò nang salapi, lumapit sa Capitan, at sinabi sa caniya, na yaon lamang ang canilang nacuha sa lungmubog nilang sasac-yan; na inihahandog sa caniyang parang isang munting tandâ nang canilang pagquilala nang utang na loob sa pagliligtas niya sa canilang buhay. «Houag ipahintulot nang Dios, ang sagot nang Capitan, na aquing tangapin ang ibinibigay ninyo. Ualà acong guinauà cundi ang inihahatol nang pagcaauang gauà; at inaasahan co naman na siya ninyong gagauin sa amin, cung camì ang nagcaganoon.»

Ualang pinaquinabang ang muli,t, muling pagpipilit nang tauong yaon na tangapin ang ibinibigay niyang salapi; sa pagca,t, ayao na totoong pumayag ang Capitan, at hininġing magsalitâ siya nang ibang bagay. Pinagusapan nila cung saan magsisiahon ang manġa francés na canilang sinaclolohan. Hindi nararapat na sila,y, dal-hin sa Guinea: ang una,y, sa pagca,t, totoong mabigat sa manġa caauauang tauong yaon ang sila,y, pilitin sa isang

Páhiná 61

mahabang paglayag na patunĝo sa isang bayan nang ualà silang cailanĝang anoman; at ang icalaua,y, sa pagca,t, sa sasac-yan ay ualang maraming pagcain na quinacailanĝan sa gayong caraming tauo.

Sa catapusa,y, pinasiya sa loob nang magandang loob na Capitan na magpaliguid nang manĝa ilang daang leguas, at nang mapaahon yaong manĝa caauauang tauong canilang sinaguip sa Terranova, na doo,y, di sila mauaualan nang sasac-yan sa pagtunĝo sa Francia, sa alin man sa manĝa sasac-yan nang manĝa francés na nanghuhuli nang isdang bacalao.

SI LUISA. ¿Ano ang panghuhuli nang bacalao?

SI JUAN. ¿Di mo natatalastas ang sinasalità nang ating ama sa manĝa bacalao na nanggagaling sa dagat na malamig, hangan sa dumating sa manĝa cababauan sa Terranova na doon sila hinuhuli?

Páhiná 62

SI LUISA. Oo nĝa naalaala co na.

ANG AMA. Dumating nĝa sila sa Terranova, sa pagca,t, capanahunan na totoong nanghuhuli nang bacalao, ay nacatagpò sila nang manĝa sasac-yan nang manĝa francés na linulanan nila. Di sucat maipahayag nang bibig ang canilang pasasalamat sa magandang loob nang Capitan. Bahaguia na lamang cacalilipat sila sa sasac-yan nang manĝa taga roon sa canila, ay sila,y, nagbalic at napatunĝo sa Guinea, sinang-ayunan naman sila nang hanĝin. Tungmatacbo ang sasac-yan sa tubig, na para nang ibong lungmilipad sa impapauid: sa sandaling panahon ay naraanan nila ang maraming leguas, at ualang totoong iquinatouà ang ating Robinson, yayamang siya,y, totoong maiinipin, na para nang madali ang anomang bagay.

Pagcaraan nang manĝa ilang arao, sa pagpapatuloy nila nang paglayag na patunĝo sa dacong Timogan, ay biglang naquita nila ang isang sasac-yan na lungmalapit sa canila; at nang macaraan ang ilang sandali ay nacarinĝig sila nang putoc nang cañon na hungmihinĝi nang tulong, at naquita nilang sira na ang palo nang trinquete at ang bauprés.

Páhiná 63

SI NICOLÁS. ¿Ano po ang bauprés?

ANG AMA. Inacalà cong di mo pa nalilimutan.

SI NICOLÁS. Naalaala co na: ang bauprés ay isang palong munti na hindi nacatayo na para nang iba; cundi nacahiga na na sa unahan nang sasac-yan, na para siyang pinaca tucâ nang daong.

ANG AMA. Oo nĝa; lungmapit nĝa sila sa sasac-yan nasiraan; at nang malalapit nang sucat macapagabutan nang salitâ, ay nanĝagsigauan ang manĝa na sa tabi nang sasac-yan nang calumbay lumbay, na ang uica,y, ganito: saclolohan ninyo itong sasac-yan punò nang manĝa caauauang tauo, na cundi ninyo cahahabagan ay manĝamamatay.

Itinanong sa canila cung baquit sila nagcaganoon; at sungmagot ang isa sa canila nang ganito: cami ay manĝa inglés na napapatunĝo sa pulong tinatauag na Martinica na nasasacupan nang Francia. Tingnan ninyo, manĝa anac co: ang Martinica ay na sa sa guitna nang América.) Cami ay maglululan nang café, at nang cami,y, nadodoong na roon at papatulác na, ay umahon ang aming Capitan at ang contra-maestre dahil sa bibli nang manĝa ibang bagay. Habang aming inaantay ay lungmalacas na totoo ang hanĝin na may catacottacot na ipoipo, na naputol ang lubid na tali sa sinipete; at cami napatulac sa calautan nang dagat na di namin mapiguilpiguilan. Ang bagyó....

Páhiná 64

SI TEODORA. ¿At anong cahulugan nito?

ANG AMA. Ang bag-yó ay isang totoong malacas na hanĝin na hungmihihip na parang ipoipo, at nangagaling sa manĝa nagcacasalusalubong na hanĝin.

Tatlong arao at tatlong gabi na di tungmatahan ang mabilis na hanĝin; nabali ang tatlo naming palo, at sinoman sa amin ay di marunong magpalacad nang sasac-yan. Siyam náng lingo na cami ay lulutanglutang sa guitna nang caragatan; natapus nang lahat ang aming baon at marami sa amin ang mamamatay sa gutom.

Capagcarinĝig nang salitang ito, ay ang mabuting loob na Capitan caracaraca,y, lumulan sa bangca, at nagdala nang camunting pagcain, saca lumipat sa cabilang sasac-yan na casama ni Robinson.

Naquita nila ang manĝa tauo sa isang calagayang cahabaghabag. Ang lahat ay nanĝagugutom, at ang iba,y, bahaguia na lamang macatayò. Datapoua,t, capagcapiasoc sa cámara ... ¡Ó Dios! ¡Caquilaquilabot na bagay! isang ina na may isang anac at isang alilang batà ay nanĝacasubasob, at ayon sa canilang calagayan ay manĝa patay na sa caculanĝan nang pagcain. Ang ina,y, naninigas na nacaupò sa calaguitnaan nang dalauang upuang nagcacatali, at nahihilig ang ulo sa isang panig nang sasac-yan: ang alila,y, nacabulagtâ sa caniyang siping na totoong habà at nacatanĝang mahigpit sa isang paa nang mesa; ang binata,y, nacahilig sa isang hihigan, at naquiquita pa sa bibig ang capisang na balat na quinain na ang calahati.

Páhiná 65

SI LUISA. Sinasalità pò ninyo sa amin ang manĝa bagay na totoong calumbaylumbay.

ANG AMA. May catouiran ca. Hindi co naalaalang ayao cayong maquinyig nang manĝa bagay na

calumbaylumbay. Liligtaan co ang sacunáng ito.

ANG LAHAT. Houag pô, houag pô.

SI LUISA. Nğayo,y, masasalitâ na ninyong lahat.

ANG AMA. Cung gayon ang ibig ninyo, ay sasabihin co muna, cung sino ang manğa cahabaghabag na nahahandusay sa isang cahambalhambal na calagayan.

Páhiná 66

Ito,y, manğa sumacay sa sasac-yang yaong galing sa América na patunğo sa Inglatera; at ang lahat nang casacay ay nanğagpapatotoo na totoong mabubuting tauo. Totoong malaqui ang pagibig nang ina sa anac, na ayao cumain nang anoman, at ibinibigay na lahat sa caniyang anac; at gayon din naman itong mabuting anac na ang lahat ay ipinacacain sa caniyang ina. Ang tapat na loob na alilang babayi ay totoong nagpipighati dahil sa caniyang manğa panğinoon na mahiguit sa pagpipighati niya sa caniyang sarili. Inacalang patay na ang tatlong ito; datapoua,t, hindi naglaon at napagtalastas na may natitira pang caunting buhay, sa pagca,t, bahaguia na lamang binusan ang bibig nang caunting sabao ay iminulat na marahan ang canilang manğa mata. Ang ina,y, totoong nanghihinâ na, na hindi macalagoc nang anoman, at ipinaquilala na ang ibig lamang niya ay ang calinğain ang caniyang anac. Sa catunaya,y, mapamayamaya ay nalagot ang hiniņa.

Sa pagcocalinğa at pagbibigay nang cagamutan sa dalaua, ay pinagsaulan, sa pagca,t, manğa batâ pa, ay nanğabuhay. Datapoua,t, nang maquita nang binatâ na ang caniyang ina ay patay na, ay totoong nagpighati siya, na dahil dito,y, siya,y, nalugmoc na muli, at totoong matagal bago siya pinagsaulan. Sa catapusa,y, nabuhay din ang binatâ at ang alilang babayi.

Páhiná 67

Ang guinaua nang Capitan ay cungmuha nang manğa pagcaing baon na totoo nilang quinacailanğan sa sasac-yan. Ipinagutos sa caniyang manğa anloagui na gauin ang manğa casiraan sa caniyang sasacyan; itinurò sa manğa tauo ang nararapat gauin nang dumating agad sa manğa pulóng Canarias na siyang totoong nalalapit doon; at lumayag naman siya na paparoon, at nang siya,y, macacuha nang ilang bagay na sucat dal-hin sa sasac-yan. Ang isa sa manğa pulóng ito ay tinatauag na Tenerife, para nang natatalastas ninyo.

SI ENRIQUE. Oo nğa; iya,y, nasasacop nang hari sa España.

SI JUAN. Na pinangagalinğan niong totoong mabuting alac na tinatauag na de Canarias ...

SI TEODORA. At ang manğa tubó na guinagauang asucal ...

SI LUISA. At yaong manğa ibong totoong maririquit ... ¿Di pò бага catotoohanang?

Páhiná 68

ANG AMA. Totoo nğa; sa pulóng ito,y, lumunsad ang Capitan, at diyan umahon si Robinson na casama niya. ¡Gaano ang touâ niya sa panonood niong manğa ubasang totoong maririquit, at sa pagcain niong manğa ubas na totoong masasarap!

SI JUAN. At maquiquita naman niya ang pagyurac sa ubas at nang mapisâ at gauing alac ang catâs.

SI LUISA. ¿Paa бага ang iniyuyurac?

SI JUAN. Mangyari.

SI LUISA. Aco,y, hindi iinum niyan, sa pagca,t, niyuyuracan nang paa.

SI NICOLÁS. Hindi naman cailanğan; sa pagca,t, sinabi sa atin nang ating ama na ang alac ay masamâ sa manğa batâ.

ANG AMA. Gayon nğa: ang manğa batang nararatihang uminom nang alac ó iba pang licor na matatapang ay nanghihinâ ang catauan, at pungmupuro ang ulo.

SI JUAN. Cung gayo,y, hindi cami iinom nang alac.

ANG AMA. Nğayon, naguing cailanğan nang Capitan na tumiguil na sandaling panahon sa pulóng yaon, at nang ipagauâ ang caniyang sasac-yan na may munting casiraan, ay ang ating Robinson ay nainip caracaraca sa pagtira doon; sa pagca,t, totoong mainipin at salauahan, ay ibig niyang umalis na at magala ang boong mundo. Niyao,y, dumating ang isang sasac-yang portugués na nangaling sa Lisboa, at daraan sa Brasil, caharian sa América meridional.

Páhiná 69

SI ENRIQUE. (*Itinurò ang mapa at saca tumanong.*) ¿Ang Brasil pò бага,y, di itong lugar na di pa nalalaong nasasacop nang manğa portugués, at doo,y, maraming totoong quintô at manğa batóng mahalaga?

ANG AMA. Oo nğa. Naquipagcaibigan si Robinson sa Capitan nang sasac-yang ito; at bahaguia na lamang narinğig ang quintô at manğa batóng mahalaga, ay totoong nagpapacamatay nang pagparoon sa Brasil at nang punoin niya ang caniyang supot nang naturang quintô at maririquit na bató.

SI NICOLÁS. Datapoua,t, ¿di caya niya naalaman na sinoma,y, di macacucuha niyong manğa quintô at manğa batóng yaon, sa pagca,t, ari nang hari sa Portugal?

ANG AMA. Dito mo maquiquita na si Robinson ay hindi nacatatalastas nito, sa pagca,t, sa caniyang cabataan ay ayao bumasa,t, magaral nang anoman. Sa maquita nğang siya,y, ipagsasama nang Capitang portugués na di papagbabayaran nang anomang, at bucod dito,y,

Páhiná 70

ang sasac-yan nang manġa inglés ay matitiguil na may labing limang arao, ay hindi na napiguil ang caniyang sariling loob sa pagnanasang macaquita nang manġa bago,t, bagong lugar; at sinabi niyang tuloy sa mabuti niyang caibigan na Capitan inglés, na siya,y, iuan, at sasacay siya na patunġo sa Brasil. Itong Capitan, na nacatalastas sa bibig din ni Robinson na siya,y, umalis na ualang pahintulot at di naalaman nang caniyang manġa magulang, ay natouang di hamac na mapahiualay sa caniya. Ipinatawad ang salaping ipinautang sa caniya sa Inglaterra, at sa pagpapaalam niya ay siya,y, pinabaunan nang mabubuting cahatulan.

Sumacay na si Robinson sa daong nang manġa portugués, at naglayag na patunġo sa Brasil at pinatnugutan naman nang mabuting panahon na manġa ilang arao. Datapoua,t, di caguinsa guinsa,y, hinampas sila nang caquilaquilabot na hanġin.

Ang bumubulang alon na bumabanġon at napaiitaas na parang isang malaquing bahay, ay humahampas sa sasac-yan na ibinababa at itinataas; di nagtatahan ang samà nang panahon sa loob nang anim na arao na ualang licat, na iquinalayong lubhà nang daong na di na maalaman nang Capitan at nang piloto cung saan sila naroroon. Gayon ma,y, inacalà nila na sila,y, di lubhang nalalayô sa manġa pulò nang manġa Caribes, na dito,y, maquiquita ninyo sa mapa na na sa calaguitnaan nang manġa Antillas menores.

Páhiná 71

Nang magumaga nang icapitong arao ay nagbigay nang isang malaquing touà ang isang marinero na biglang sumigao nang ganito: lupà, aniya, lupà.

ANG INA. Datapoua,t, bayaan nating sila,y, lumapit sa lupà, at tayo,y, lumapit naman sa pagcain nang hapunan, na nagaantay na. Bucas ay matatalastas natin ang nasapit nila.

SI TEODORA. ¡Ay, ina co! pabayaan pô ninyong mapaquingan namin hangang sa umahon man lamang, at cung ano ang sinapit nila roon. Malaqui ang pagcaibig cong cumain na lamang nang caunting tinapay, nang aco,y, matira rito sa paquiquinyig nang salitâ, cung ipatutuloy nang aquing ama.

ANG AMA. Mangyayari namang tayo,y, cumain nang hapunan dito sa parang.

ANG INA. Cung siyang ibig mo ay ipaguutos cong dalhin dito ang hapunan: at samantalang hindi dumarating, ay tumahimic tayo at paquingan natin ang salitâ.

Páhiná 72

ANG LAHAT. ¡Cung gayo,y, mabuti!

ANG AMA. Ang lahat ay umac-yat sa ibabao nang cubierta at titingnan ang sinasabi nang marinero na lupà na inaasahan nilang aahunan. Datapoua,t, sa oras na yaon ay ang boò nilang catouaan ay naging isang caquilaquilabot na catacutan. Nasadsad ang daong; at ang lahat nang na sa ibabao nang cubierta ay nanġahapay sa malacas na pagcayugyog nang sasac-yan.

Nasadsad ang sasac-yan na parang ipinacò sa pungtod ó cababauan. Ang manġa alon ay umaapao na sa cubierta, at nang houag silang malanġoy ay nagtagò sa camara.

Dito,y, nacarinġig nang manġa cahambalhambal na pagsisiguan, pagiiyacan at pananaghoy na macadudurog sa isang pusò mang bató. Ang iba,y, nagdarasal; ang iba,y, sumisigao; ang iba,y, linalabnot ang canilang buhoc: marami namang hindi macaquibò na anaqui,y, manġa patay, at isa rito,y, si Robinson, na hindi maalaman ang caniyang gagauin at cung ano ang nangyayari sa caniya.

Datapoua,t, caracaraca,y, nagsigauang ¡nahati ang sasac-yan! Itong caquilaquilabot na balitâ ay parang nacagusing sa canila. Ang lahat ay nagsilabuloy sa pagcuha nang bangcâ, at ang lahat ay nagsilipat doon. Datapoua,t, totoong maraming tauo ang lumulan, na halos lumubog ang bangcâ; at bahaguia na lamang lumilitao sa tubig nang isang dangcal. Ang lupa,y, totoong nalalayô, at totoong humahagunot ang hanġin, at inacalà nilang isang bagay na dili mangyayari na macasapit sa cati. Gayon ma,y, pinaggpilitan nilang guinaod; at nacalalapit na sila nang caunti sa lupà ay caracaraca,y, naquita nila ang isang malaquing alon na parang bundoc. Sa malaquing catacutan ay dili macaquibo, nabitauan ang manġa gaod at dumating ang caquilaquilabot na sandalî na ang malaquing along yaon ay bumulusoc sa bangcâ, na iquinataob, at linamon nang dagat ang lahat nang nasasacay.

Páhiná 73

Dito itiniguil nang ama ang pagsasalitâ; ang manġa batang naquiquinyig ay nanġalulumbay at hindi macaimic; at mayroon pang di mangyaring dili humibic sa malaquing habag.

Sa catapusa,y, dumating ang ina na may dalang hapunan, at siyang iquinalibang nila sa gayong panġinġilabot.

ICATLONG HAPON.

Páhiná 74

SI TEODORA. ¡Ay, ama co! ¿Diyata,t, ang cauaauang si Robinson ay napahamac? ¿Tunay pô bagang namatay siya?

ANG AMA. Iniuang natin siya cahapon na na sa isang malaquing capanġaniban nang buhay. Ang bangcâ ay nataob; at hinigop siya nang dagat at ang lahat niyang manġa casama.

Datapoua,t, ang alon ding yaon ang nagpadpad sa caniya sa dacong tabi. Inihampas siya nang totoong malacas sa isang bató, at ang calacasan nang pagcasacsac ay natauohan si Robinson sa caniyang pagcaliping. Iminulat ang manġa mata, at naquita niya, bagama,t, di niya asahan, na siya,y, nalalapit sa cati, pinagpilitan niyang siya,y, macarating sa lupà.

Dumating nġa siya sa lupà; datapoua,t, bigla siyang naghimatay, at nalaong oras na di siya nacaalam nang pagcatauo. Sa catapusa,y, pinagsaulan, nagbanġon at nagtinġintinġin.... Datapoua,t, ĵlaquing saquit! ang daong, ang bangcà, ang caniyang manġa casamahan ay naualang lahat: ualang natitirang anoman cung di ilang manġa tablang pisang pisang na ipinapadpad nang alon sa tabi. At siya lamang ang hindi namatay.

Páhiná 75

Nanġinġinig siya, at nalilitó sa guitna nang caligayahan at catacutan, naniclohod siya; at itinaas ang manġa camay sa lanġit, ay napasalamat nang malacas na tumutulò ang luhà sa Panġinoon nang lanġit at lupà, at sa masintahing Vírgen dahil sa tanġing biyayang pagliligtas sa caniya.

SI ENRIQUE. Datapouà nama,t, ĵbaquit iniligtas nġayon si Robinson lamang, at pinabayaang mamatay ang lahat?

ANG AMA. At sabihin mo sa aquin, Enrique, ĵmaipahahayag mo sa aqing palagui ang cadahilanan na cung baquit coming manġa matatandâ na tunay na umiibig sa inyo ay guinagauâ namin sa inyo ang gayo,t, gayong bagay?

SI ENRIQUE. Hindi pò.

ANG AMA. Ilagay natin sa halimbauà. Niyong arao na ang panahon ay mabuti at ibig nating lahat na magalio sa halamanan nang manġa fresas, ĵay ano ang aqing guinauà?

SI ENRIQUE. Hindi co nalilimutan: si Nicolás ay natira sa bahay; at aco,y, pinaparoon sa Vandesbec, at hindi halamanan nang manġa fresas.

Páhiná 76

ANG AMA. ĵAt baquit nagbanġis aco cay Nicolás, na hindi co pinayagang sumama sa atin?

SI NICOLÁS. Ah! natatalastas cong magaling, sa pagca,t, sinundò aco ni Roberto at dinala aco sa bahay nang aqing manġa pinsan, na matagal náng hindi co sila naquiquita.

ANG AMA. At ĵdi caya lalò cang naalio roon sa cung icao ay sumama sa pagcaroon sa halamanan?

SI NICOLÁS. Mangyari pò.

ANG AMA. Cung gayo,y, tingnan mo: natatalastas cong hahanapin ca ni Roberto; at caya nġa ipinagutos co na icao ay matira sa bahay. At icao, Enrique, ĵsino ang naquita mo sa Vandesbec?

SI ENRIQUE. Ang aqing ama at aqing ina na naroon.

ANG AMA. Ito naman ay naalaman co, at tingnan mo at inutusan quita sa Vandesbec, at hindi sa halamanan nang manġa fresas. Hindi ninyo natatalastas ang manġa cadahilanan at aqing adhicà. Datapoua,t, itatanong ninyo sa aquin, ĵcung baquit hindi co sinabi sa inyo ang manġa cadahilanang ito?

SI ENRIQUE. Nang lalò coming maligaya, cung maquita namin ang aming manġa magulang at manġa pinsan na hindi namin inaasahan.

Páhiná 77

ANG AMA. Ito nġa ang catotohanan. At nġayon, manġa anac co, ĵinaacalà baga ninyong di iibiguin nang Dios ang caniyang manġa anac, sa macatouid, ay ang lahat nang manġa tauo, na para nang pagibig man lamang namin sa inyo?

SI TEODORA. Tunay nġa pò, at lalong malaqui pa ang pagibig nang Dios sa pagibig ninyo.

ANG AMA. At ĵdi mamacailang inulit-ulit co sa inyo, na natatalastas at naquiquilala nang Dios ang lahat na mahiguit sa atin, manġa hamac na capal, na sa ating mapurol na caisipan ay madalas na di natin naalaman ang nauucol sa atin?

SI ENRIQUE. Pinaniniualaan co; sa pagca,t, ang Dios ay mayroong isang carununġang ualang hangan, at natatalastas ang lahat nang mangyayari; datapoua,t, tayo,y, hindi.

ANG AMA. Cung sa bagay ay totoong iniibig nang Dios ang lahat nang manġa tauo, at baquit totoong marunong, na siya lamang ang nacaalam nang tunay na nararapat sa atin, ĵbaquit caya di niya gagau-in ang icagagaling natin?

Páhiná 78

SI TEODORA. Mangyayari pa na di siyang palagui niyang gagau-in.

ANG AMA. Datapoua,t, itatanong cong muli sa inyo: ĵsucat caya nating matalastas na palagui ang manġa cadahilanan na cung baquit guinagauà sa atin nang Dios ang gayo,t, gayong bagay?

SI ENRIQUE. Sa bagay na iya,y, quinacailanġan na tayo,y, dumunong na para nang Dios.

ANG AMA. Cung gayon, Enrique, ĵibig mo pa bagang ulitin ang itinanong mo sa aquin, na cung baquit iniligtas nang Dios si Robinson, at pinabayaang namatay ang iba?

SI ENRIQUE. Hindi pò; sa pagca,t, naquiquilala co náng yao,y, isang tauong hanġal.

ANG AMA. Paniualaan n̄ga natin, na ualang pagsalang may cadahilanang inaadhicà ang Dios sa pagpapahintulot na mamatay ang lahat nang man̄ga tauo, at ualang maligtas cundi si Robinson lamang. Mapaghahacahacà natin cung ano ang man̄ga cadahilanang yaon; datapoua,t, houag natin acalaing ating natumpacan ang paghulà. Mangyayari, sa halimbauà, na na tatalastas nang Dios na ang mahabang buhay ay icapapacasamá niyong man̄ga tauong inibig niyang man̄gamatay; magdaralita nang malalaquing cahirapan, ó magugumon sa pagcacasala; at caya n̄ga inibig niyang sila,y, dalhin sa cabilang buhay, at ang canilang caloloua ay inilagay sa isang lugar, na pag nagcataon ay lalò pa silang mapapalad sa cung sila,y, mabuhay dito sa mundo. Tungcol cay Robinson, marahil caya inin̄gatan ang caniyang buhay, ay nang ang man̄ga cahirapan ay maguing parang maestrong magturò sa caniya: sa pagca,t, ang Dios ay Amang catouidtouran, ay guinagamit naman niya ang man̄ga cahirapan nang icapagbagong buhay nang man̄ga tauo, cung hindi macapucào sa canila ang cagalingan niyang ualang hangan.

Páhiná 79

Houag ninyong calimutan ito, man̄ga anac cong iniibig: na sa inyong buhay ay mangyayaring dumating sa inyo ang man̄ga bagay na hindi ninyo naalaman. Cung gayo,y, bucod na di dapat ninyong salicsiquin ang pinagcacadahilanan, ay sabihin ninyo sa inyong sarili: «natatalastas nang Dios ang lalong nararapat sa aquin; at titiisin cong maligaya ang pagsuboc na guinagauà niya sa aquing loob. Ang man̄ga bagay na ito,y, ipinahahatid sa aquin nang lalò acong bumuti: pagpipilitan co n̄gang aco,y, magcagayon, at tutulun̄gan aco nang Dios sa pagpipilit na ito.»

Páhiná 80

SI ENRIQUE. ¿At ito baga ang isinasalob ni Robinson sa caguipitang yaon?

ANG AMA. Oo: nang siya,y, macaalís na sa gayong daquilang capan̄ganiban na icalalagot nang hiniñga, at nang maquita niyang ualà siyang casama sinoman, ay dito dinamdam sa caibuturan nang caniyang pusò ang casam-an nang caniyang caugalian; dito naniclohod at humihin̄ging patawad sa Macapangyarihan dahil sa caniyang man̄ga casucaban, at nagtiticang totoo nang magbabago nang buhay, at cailan ma,y, di na gagauang muli nang nalalaban sa caniyang conciencia.

SI NICOLÁS. Datapoua,t, ¿pagcatapus ay anong guinauà?

ANG AMA. Nang macaraan na ang unang silacbo nang touà sa pagcalicas nang caniyang buhay, ay pinasimulan ang pagdidilidili sa cahabaghabag niyang calagayan. Pinaglin̄gaplin̄gap ang titig, ay ualang maquitang ibang bagay cundi man̄ga caparan̄gang punò nang damó at man̄ga punong cahoy na ualang bun̄ga, at ualang mapaghalatang anoman na may tumahang tauo sa lupang yaon.

Páhiná 81

Totoong caquilaquilabot ang caniyang calagayan sa pagtahan doong nacaisaisa sa isang lupang di niya naquiquitaquita; datapoua,t, nan̄galisag ang caniyang buhoc, nang caniyang maalaalang doo,y, ualang tumatahang tauo nang mahusay, cundi m̄ga ganid na hayop at man̄ga tauong bundoc na dahil dito,y, di mapalagay muntí man.

SI CARLOS. ¿Baqit pô? ¿mayroon pô baga namang man̄ga tauong bundoc ó bulobundoquin?

SI JUAN. Oo, Cárlos. ¿Di mo narin̄gig naman maminsanminsang tungcol sa bagay na iyan? Doon sa malayong malayò ay may man̄ga tauong parang man̄ga hayop ...

SI TEODORA. Ang man̄ga tauong yaon ay hubò at hubad: caya n̄ga acalain mo cung paano sila ...

SI ENRIQUE. Oo; at ualang naalaman, na hindi man lamang macagauà nang isang bahay, hindi macapaghalaman at hindi macapagararo nang isang buquid.

SI LUISA. Ang quinacain ay lamangcati at isdang hilao. ¿Hindi pô baga ganoon, ama co, ang salità ninyo sa amin?

SI JUAN. Totoo n̄ga. ¿At maniniualà ca na yaong man̄ga caauauang tauo ay hindi man lamang naalaman cung sino ang lumalang sa canila, at ualà namang macapagpahayag?

Páhiná 82

SI ENRIQUE. Caya n̄ga, totoo silang malulupit, na ang iba sa canila ay cumacain nang laman nang tauo.

SI CARLOS. ¡Ay totoong masasamang tauo sila!

ANG AMA. ¡Totoong man̄ga cahabaghabag na tauo! ang sasabihin mo. Dapat n̄ga silang cahabagan sa pagca,t, sa canila,y, ualang magturing sinoman, at nabubuhay silang parang man̄ga hayop.

SI CARLOS. ¿Naparirito cayang mamacanacà sila?

ANG AMA. Hindi: ang lupang tinatahanan pa nitong man̄ga cahabaghabag, na capouà natin tauo, ay totoong malayò, na cailan ma,y, hindi sila macaparirito sa Europa; at sa arao arao ay nababauasan sila, sapagca ang ibang man̄ga tauong matalas ang isip ay nan̄gagsadiyang napaparoon sa canila, at tinuturoan sila nang catotoohan at nang mabubuting caugalian.

SI ENRIQUE. ¿Cung sa bagay ay may man̄ga tauong bundoc doon sa lupang quinapadparan ni Robinson?

ANG AMA. Ito ang hindi pa niya maalaman; datapoua,t, sa pagca,t, narin̄gig niya na may tumatahang tauong bundoc sa man̄ga pulò nang bahaguing yaon nang mundo, ay totoong natatacot siya na baca mayroon naman sa tinatahanan niya; at ito,y, totoong

Páhiná 83

nacapanġinġilabot sa caniya, na iquinapanġinġinig nang boong catauan.

SI TEODORA. Pinaniniualaan co: sa pagca,t, hindi biro ang matagpuan ang manġa tauong bundoc.

ANG AMA. Sa panġinġilabot ay hindi siya macagalao: ang camunting inġay ay quinatatacutan niya, at iquinapanġanġalisag nang caniyang buhoc; datapoua,t, sa malaquing cauhaan ay napilitan siyang gumalao, at nang totoong hindi na niya matiis ay siya,y, lumacad na nagpalibotlibot sa paghanap nang isang batis, hangan sa siya,y, nagcapalad na nacaquita nang isang bucal nang tubig na totoong masarap at malinao, na iquinapauġ nang caniyang cauhaan.

SI TEODORA. ¡Ah, gaano ang touà co!

ANG AMA. Nagpasalamat sa Panġinoong Dios si Robinson, at inaasahan naman na ipagcacaloob sa caniya ang pagcaquita nang macacain. Di, aniya, aco pababayaang mamatay nang gutom niyong Panġinoong nagpapacain sa manġa ibon sa impapauid. Sa catunaya,y, hindi ang gutom ang nacapagpapahirap sa caniya, sa pagca,t, dahil sa capighatian at catacutan ay parang nalilimutan niya ang gauing pagcain. Ang lalò niyang pinipita,y, ang pagpapahinġalay; sa pagca,t, sa totoong panghihinà sa di mamagcanong cahirapang caniyang pinagdaanan, ay bahaguia na lamang macatayò. Gayon ma,y, quinacailanġan ang paghanap nang caniyang matutulugan sa gabing yaon. Cung siya,y, matulog sa lupà ay di malayong siya,y, lapitan nang manġa tauong bundoc, ó manġa halimao, ay siya,y, lamunin. Anino man ay ualà siyang maquita saan man nang bahay, cubo man ó yunġib. Nanananġis siyang ualang caaliuan, at hindi niya maalaman cung ano ang caniyang gagauin. Sa catapusa,y, pinasiya niya sa loob na tularan ang manġa ibon, na humanap siya nang sisilunġan sa ibabao nang alin mang punong cahoy; at hindi nalaon at nacaquita siya nang isang punò nang cahoy, na malagò at mayabong ang manġa sanġa, na doo,y, macauupò siya at macahihilig pa; бага ma,t, totoong mahirap. Umac-yat na siya, nanalanġin sa Dios, humilig na at saca natulog. Sa pagtulog ay napapanġarap niya ang lahat nang caniyang sinapit nang siya,y, mabagbag, balisang balisa sa bunġang tulog na ito, na parang naquiquita ang matataas na daluyon, at ang pagcalubog nang sasac-yan; tila nariringġig niya ang pagsisigauan at pananaghoy nang manġa tauo na nababagbag. Tila naquiquita niya ang caniyang manġa magulang na sinasalacay nang totoong malaquing hapis at capighatian; na dahil sa caniya,y, nanananġis at nananaghoy at itinataas ang manġa camay sa lanġit. Pinagpauisan si Robinson nang malamig, at malacas na napasigao nang ganito: *Narito aco, manġa magulang co, narito aco*; at capagcauca nito ay ibig niyang magpatirapà sa canilang manġa paanan, at naalimpunġatan ay gumalao, siya nġang pagcahulog sa punò nang cahoy.

Páhiná 84

Páhiná 85

SI LUISA. ¡Ay! cauaaua si Robinson!

SI TEODORA. ¡A Dios! at namatay na, natapus na ang salità.

ANG AMA. Nagcapalad siyang hindi nahulog sa caitaasan nang cahoy, at sa lupang caniyang linacpacan ay totoong malagò ang damó, caya hindi totoong nasactan. Ang dinamdam lamang ay ang sangcap nang caniyang catauan na tumamà sa pagcahulog; datapoua,t, inarì niyang ualang anoman ang saquit na ito cung ihahalimbauà sa caniyang napanaguinip. Muling umac-yat sa punò nang cahoy, doo,y, nagpahinġalay hangan sa namanaag ang arao, at samantalang pinagcucurocurò niya ang paraang icaquiquita nang anomang pagcain. Salat na salat siya sa lahat nang quinacain natin dito sa Europa: ualà siyang tinapay, ualà siyang lamang cati, ualà siyang gulay, ualà siyang gatas; at cahit macaquita nang anomang sucat lutoin sa palayoc ó sa ihauan, ay ualà namang apuy, ualang ihauan at palayoc naman. Ang lahat na punò nang cahoy na caniyang naquita ay hindi namumunġa, at ang naguiguing cagamitan lamang sa manġa cahoy na yaon ay ang ilutò sa tubig, at nang maguing tinà.

Páhiná 86

Nang ualang maalamang gau-in si Robinson, ay nanaog sa punò nang cahoy, at sa malaquing cagutuman, sa pagca,t, hindi cumain nang anoman na maghapon at magdamag, ay nagpalibotlibot cung saan-saan; datapoua,t, ualang maquita cundi manġa cahoy at manġa halamang ualang bunġa. Dito na sinalacay siya nang totoong malaquing capighatian. ¿Sa bagay ay ualà acong casapitan, aniya, cundi ang mamatay nang gutom? ito ang isinisigao at inahihibic sa lanġit. Gayon ma,y, ang cagutuman din ang parang nagpalacas sa caniyang loob na libutin niya ang tabing dagat, at nang siya,y, macaquita nang anomang macacain. Datapoua,t, ang lahat niyang capaguran ay nauualang cabuluhan, sa pagca,t, ualà siyang naquiquita cundi manġa cahoy na ualang bunġa, manġa halaman at buhanġin. Nang nanghihinà na at di macagulapay, at di na macalacad ay nasubsob ang muc-hà sa lupà: at ang luha,y, bumabagalbal, na ninanasang maanong namatay na siya sa dagat, houag lamang niyang sapitin ang gayong caralitaan. Tumatalaga nán antayin sa gayong calagayan ang isang matagal at mabanġis na camatayan, na para nang mamatay sa gutom, di caguinsa-guinsa ay nacaquita siya nang isang ibon na tinatauag na Alcon marino na dumaguit nang isdà at quinain. Caracaraca,y, naalaala niya itong manġa verso na minsan niyang nabasa:

Páhiná 87

Yaong Panġinoon na lubhang maauain
sa manġa uac man ay nagpapacain:
¿di caya marapat na asahan natin
nating manġa tauo nang boong pagguilio?

Dili mangyaring di parang isinusurot sa caniyang muc-hà ang caculanġan nang caniyang pagasa sa auà at pagcacalinġa nang Dios; at pagdaca,y, nagbanġon, na tinicang lumacad

Páhiná 88

hangan sa macacayanan, linibot na sinalicsic ang boong tabi nang dagat, baca sacali ay macaquita siya nang sucat macain.

Sa catapusa,y, nacaquita siya sa ibabao nang buhanġin nang ilang manġa talucap nang talaba; at dalidali siyang lumapit at tiningnan cung may talaba doon. Nasunduan nġa niya nang malaquing caligayahan.

SI JUAN. ĶAng manġa talaba pō baga,y, na sa sa lupà?

ANG AMA. Hindi, anac co; nabubuhay sa dagat, at naniniquit sa manġa batō.

Malaquing totoo ang caligayahan ni Robinson sa pagcaquita nang icapapai nang cagutumang nacapagpahirap sa caniya, gayon ma,y, cacaunti ang talaba na di sucat macapauing lubos nang caniyang cagutuman. Ang lalong di niya icatahimic ay cung saan siya magcacanlong sa manġa haharaping arao, at nang houag siyang tampalasain nang manġa tauong bundoc at mababanġis na hayop; sa pagca,t, ang una niyang sinilunġan ay totoong mahirap, na ang pagcagunità lamang ay iquinapanġinġinig niya, cung gayon ang gagau-in niyang pagtulog sa habang panahon. Pinagdilidili niya itong caniyang calagayan, at totoong lipos siya nang cahirapan at casalatan ay ualà siyang matutuhang gauin, at muling napagahis sa calumbayan na para nang dati. ĶAnong nahità co, ang uicà sa caniyang sarili, sa pagcaligtas co sa cagutuman, cung sa gabing ito,y, marahil ay lalamunin aco nang manġa halimao?

Páhinà 89

Tila totoong totoo (tingnan ninyo ang calacasan nang guniguni) na mayroong lumapit sa caniya na isang mabanġis na tigre, na nacabuca ang bunġanġa, at sasacmalin siya. Nang inaacaalà nang siya,y, quinagat nang tigre sa batoc ay napasigao siya nang malacas: *ĶAy manġa magulang co!* at nahapay sa lupà at naghimatay. Malaong nahahandusay, at naquiquilaban sa isang malaquing capighatian hangang sa caniyang maisipan na dapat niyang ilagay ang caniyang pagasa sa Ama sa calanġitan na caniyang dinadalanġinan nang mataimtim na loob. Dahil dito,y, nacabanġon, at lumacad na humanap nang isang yunġib na sucat niyang masilunġan.

Datapoua,t, ĶAlin cayang bahagui nang América ang quinadoroonan niya? ĶSa panatag cayang lupà, ó sa isang pulò? Ito ang hindi pa niya natatalastas; datapoua,t, nacatanao siya nang isang bundoc na caniyang linapitan, naquiquita niya sa manġa daang caniyang linalacaran ay ualang halaman na may bunġa na sucat macain; at sa baua,t sandali ay lalong nauululan ang caniyang capighatian.

Páhinà 90

Di mamagcanong pagod ang tiniis bago nacarating sa taluctoc nang bundoc, na hindi naman totoong mataas, magmulà doo,y, napapagmasdan ang maraming leguas sa palibotlibot. Naquita niya ang lalò pa niyang iquinabalisa, na totoo nġang siya,y, na sa isang pulò; sa pagca,t, sa lahat nang naaabot nang caniyang tinġin ay ualà siyang naquiquita cundi dalaua ó tatlong pulò na lumilitao sa dagat, na ang layò ay may ilang leguas. ĶSa aba co! ang sigao niya,t, napataas ang manġa camay sa lanġit. ĶDiyata,t, mabubuhay acong nauaualay sa ibang manġa tauo, nacaisaisang ualang casamang sinoman, ualà nang pagasang macaalis pa cailan man sa ilang na ito, ualang pagasang maquita co naman ang manġa nagpipighati cong magulang, at nang macahinġi aco nang tauad sa aquing casalanan? ĶDi co na caya muling maririnġig ang cauiliuiling voces nang isa cong catoto, nang isa cong capouà? Datapoua,t, nararapat sa aquin ang capahamacang ito. ĶCataastaasang Dios! ang idinagdag niyang sabi, ang iyong manġa caisipan ay catouidtouran; at dili dapat na aco,y, maghinanaquit; sa pagca,t, aco rin ang nagibig na houag magcamit nang isang magandang capalaran. Capagca uicà nito, ay nagticang tiisin at batahin ang manġa cahirapan, at humihinġing auà sa Dios na big-yan siya nang catibayan nang loob sa pagtitiis.

Páhinà 91

Nagmamacaauà naman sa maalindog at mapagcalarang Virgen na siya,y, calinġain sa iláng na yaon, na ualang sucat macasamang sinoman; pinagtibay niya ang pag-asa sa Ina nang auà, na siyang lalong malacas na taga pamamaguitan sa caniyang Anac: yayamang ang mapalad na Virgeng ito ang pinacaibig niyang Ina at caramaydamay sa madlang cahirapan nang siya,y, nabubuhay dito sa lupà. Nanauangan naman sa maloualhating cay S. José at sa Arcanġel S. Rafael na caniyang manġa pintacasi.

SI LUISA. Totoong magaling ang guinauà ni Robinson sa pagsasacdal sa Panġinoong Dios na siya lamang macapagbibigay sa caniya nang caaliuan; sa pagca,t, sa iba,y, ualà siyang mapapaquinabang na anoman.

ANG AMA. ĶAt anong masasapit niya, cundi niya natatalastas na ang Dios ay siyang Ama nang lahat nang manġa tauo, na ualang hangang ang cagalinġan at mangyayaring lahat ang bala niyang ibiguin, at siya,y, sumasalihat na? Ualang pagsalang di siya mamamatay sa tacot at capighatian, cundi siya naturuan nang manġa catotoohanang ito, na siyang dapat nating paglag-yan nang boong pagasa.

Páhinà 92

Nang pagsaulan lacas si Robinson, ay ipinatuloy ang caniyang paglibot sa bundoc; datapoua,t, sa gayong catagal ay ualang quinasapitan ang caniyang pagpilit na macaquita nang isang tutulugan at mapanġanlunġan. Sa catapusa,y, dumating sa isang mababang burol na ang harapa,y, parang isang cutà, at nang caniyang pagmasdang magaling, ay naquita niya na ualang laman ang loob, nġuni,t, hindi naman totoong malalim, at ang pinapasucan ay may caquiputan. Cung siya,y, may barreta, ay madali niyang mapalalalim ang lubac na yaon, na halos ay batong lahat, at nang maguing tahanan niya; datapoua,t, ualà

siya nang manġa casangcapang ito, at ang quinacailanġan ay gumauà siya.

Páhiná 93

Sa catapusa,y, nang siya,y, macapagisipisip na ay nag-uicà siya nang ganito sa sarili. Ang manġa cahoy na naquiquita co rito ay mangyayaring mabunot at maitanim na muli sa ibang lugar. Cung mangyayaring mahucay co nang camay ang ilang maliliit na cahoy at mailipat co sa harap nitong lubác, na sa macatouid ay nang maguing parang bacod; at cung magsilalaqui ay mangyayari acong matulog sa loob nitong naturang lubác nang boong capanatagan na para acong na sa isang bahay; sa pagca,t, sa dacong licod ay aco,y, macacanlong sa manġa batóng parang cutà, sa harap ay gayon din naman, at sa magcabilang taguiliran ay macucubcob aco nang itinanim cong bacod.

Naliligaya siyang lubhà sa pagcaquita nang caniyang tutulugan, at pasisimulan na ang ninanasà niyang pagbabacod; datapoua,t, lalong naululan ang caniyang caligayahan, sa pagca,t, may naquita siyang isang batis na ang tubig ay toong malinao, na nalalapit sa lugar na inaacalà niyang tutulugan. Dalidali siyang uminom nang tubig na yaon, sa pagca,t, siya,y, totoo nang nauuhao sa malaquing capaguran nang calalacad niya sa init nang arao.

SI TEODORA. ¿Cung sa bagay ay totoong mainit sa pulóng yaon?

ANG AMA. Sucat mo nang mapagcurocuró. Tingnan mo ang mapa, sa lugar na ito nalalagay ang pulô nang manġa Caribes, at isa sa manġa pulóng iyan tila siyang tinahanan ni Robinson. Malasin mo na ang manġa pulóng ito ay hindi nalalayò doon sa quinatatapatan at tinatamaan nang matouid na sicut nang arao, at dahil dito,y, totoong catacottaot ang init nang arao doon.

Páhiná 94

Pinasimulan na nġa ang pagbunot nang manġa cahoy, bagama,t, totoo siyang nahihirapan, at camay lamang ang caniyang inahuhucay, at malilipat niya sa inaacalà niyang tahanan. Dito,y, quinacailanġang hucayin niya nang camay ang pagtataniman; at sa pagca,t, quinacailanġan nang mahahabang panahon sa pagtatanim na ito, sa pagca nġa,t, ualà siyang naitanim cundi lima ó anim na punong cahoy lamang hanġan sa lumubog ang arao. Sa cagutuma,y, napilitan siyang nagbalic sa tabi nang dagat sa paghanap nang ilang talaba; datapoua,t, nagcataon naman sa paglaqui nang tubig, ay ualà siyang naquita, at napilitan siyang natulog na di humahapon, at ang caniyang tinulugan ay yaon ding cahoy na caniyang quinahulugan, hangan sa di mayari ang inaacalà niyang tahanan. Diyan na nġa siya natulog, at nang houag siyang mahulog ay tinali ang caniyang catauan sa sanġang caniyang hihiligan; at nang matapus nang maipagtagubilin niya ang caniyang buhay sa Maycapal ay matahimic nang natulog.

Páhiná 95

SI JUAN. Natuto siya sa pagtatali nang caniyang catauan sa sanġá.

ANG AMA. Ang pagcacailanġan ay ina nang mabuting caisipan; at cundi dahil dito ay ilang bagay ang matututuhan natin. Caya nġa nang macapangyarihang Maycapal na ang lupà at tayo naman, habang tayo,y, nagcacaroon nang sarisaring cailanġan, ay binig-yan tayo nang pagcucurò, at nang matacpan natin ang manġa cailanġang yaon sa pamag-itan nang mabubuting paraan, at caya nġa parang naguiguing utang natin sa manġa pagcacailanġang ito ang ating pagcatuto at casipagan; sa pagca,t, cung isusubo na lamang nating sa ating bibig ang manġa cacaning lutò na, cung ang manġa bahay, cung ang manġa hihigan, manġa cacanin, at ang lahat nang quinacailanġan sa ating icabubuhay ay lumabas sa lupang yari na; ay cung sa bagay ay ualá tayong gagau-ing anoman cundi cumain, uminom at matulog, at hangan sa camatayan ay ualà tayong namumuanġan anoman na parang manġa hayop. Tingnan ninyo ang daquilang carununġan nang Dios, na ating namamasdan sa lahat nang caniyang guinagauà na icalalagui nang sangsinucuban.

Páhiná 96

Datapoua,t, sucat na nġayon, manġa anac co, tayo,y, magpasial dito sa cauliuilug caparanġan, at bucas ay tingnan natin cung ano ang guinagauà ni Robinson.

ICAAPAT NA HAPON.

ANG AMA. Nġayon, manġa anac co, ¿saan natin iniuan cahapon si Robinson?

SI JUAN. Natutulog sa cahoy na para nang uac sa fábula.

ANG AMA. Oo nġa. Cung gayo,y, dapat mong maalaman na siya,y, nacatulog nang matahimic sa gabing yaon, na di nahulog at di naalimpunġatan. Nang quinaumagaha,y, napatunġo pagdaca sa tabing dagat sa paghanap nang manġa talaba, at ang nasa,y, madaling magbalic siya at ipatulog ang caniyang pagbabacod; datapoua,t, sa pagca,t, naiba siya nang daan, ay nagcapalad siyang nacaquita nang isang cahoy, na may isang bunġang totoong malaqui, na di pa niya naquiquilala cung ano yaon. Ang laqui nang naturang bunġa ay humiguit cumulang sa ulo nang isang tauo, na cung alisin ang unang balat ay may lumalabas na bunót; datapoua,t, ang loob ay totoong matigas na para nang talucap nang pagóng, caya nġa pagdaca,y, inacala ni Robinson na magagauà niyang mangcoc. Ang pinacaubod ay malambot at masarap. Sa nagugutom na para ni Robinson ay totoong masarap na pagcain ito; datapoua,t, nang hindi magcasiya sa caniya ang iisa, ay pumitas pang mulí at cumain nang isa pa; at sa malaquing ligaya,y, natulô ang luhà dahil sa pagcaing caniyang napalaran, itinaas ang caniyang mata sa lanġit, tandà nang caniyang

Páhiná 97

pagpapasalamat.

Totoong malaqui ang cahoy na yaon; at humihilic nang bunġa, datapoua,t, ang casam-an lamang ay nacaisaisa sa lugar na yaon.

SI TEODORA. ¿At anong bagay na cahoy yaon na dito sa atin ay ualà?

ANG AMA. Yaon ay niyog, na ang caraniuan ay tumutubò sa India Oriental, at totoong mararami rin naman sa manġa pulò sa América.

Totoong naligaya si Robinson sa pagquita nito; datapoua,t, hindi pinabayaan ang pagparoon sa tabing dagat, at tiningnan niya cung may talaba. Nacaquita nang ilan; datapoua,t, hindi macasapat na caniyang canin; at caya nġa totoong nagpasalamat sa Dios, sa pagca,t, pinagcalooban siya sa arao na yaon nang ibang cacanan. Itinagò niya ang manġa talaba na talagang tatanghalian, at ipinatuloy ang caniyang pagbabacod.

Páhiná 98

Siya,y, nacaquita sa tabi nang dagat nang isang malaquing talaba, na nagamit niyang panghucay, at iquinadaling lubhà nang caniyang pagbabacod. Nacaquita naman siya nang isang halaman na may maraming totoong maliliit na baguing na parang abacá. Cung sa ibang panahon niya naquita disin, ay pauualang halaga; datapoua,t, sa pagca,t, niyon ay ang lahat ay minamalas niya at sinisiyasat na magaling, pati nang lalong caliitlitang bagay na sucát paquinabanġan. Sa pagasa niyang magagamit niya ang baguing na yaon, ay cumuha siya nang marami at caniyang tinalian at ibinabad. Napagmasdan niya nang manġa ilang arao naquita niyang lumalambot sa tubig ang pinacabaloc; at ang guinauà niya,y, inihalayhay sa arao. Sacá nang matuyo,y, caniyang pinucpoc nang isang punong cahoy at lumabas ang tila abacá. Nang siya,y, matumpac sa gauang ito, ay pinasimulan na ang paggauà nang lubid na, baga ma,t, hindi totoong pilí sa pagca,t, ualà siyang gantala; gayon ma,y, totoong matibay na sucát niyang maitali ang caniyang talaba sa dulo nang capisang na cahoy; at caya nġa nagcaroon siya nang isang casangcapan sa paghucay. Ipinatuloy niya ang caniyang pagbabacod hangan sa caniyang nasarhan ang boong palibot nang inaacalà niyang tahanan. Datapoua,t, sa pagca,t, ang isang hanay lamang nang manġa cahoy na yaon ay totoong mahinà, ay pinagpilitan niya, cahit anong pagod, na magcaroon pa nang isang hanay na para nang nauna. Sacá pinagtalitali ang manġa sanġa nang dalauang hanay na bacod; at naisipan pa niya na pataasin ang lupà sa pag-itan nang dalauang bacod; dahil dito,y, totoong tumibay, na lubhang mahirap maibual.

Páhiná 99

Diridilig niya sa umaga,t, hapon nang tubig sa malapit na batis ang caniyang tanim, na guinauang pandilig ang cabaac na bauo. At di pa nalalaong lubhà ay naquita niya nang malaquing touà na nanariuà at umusbong na ang manġa halaman na caligaligayang tingnan.

Páhiná 100

Nang mayari na ang caniyang bacod, ay guinugol ang boong maghapon sa pagpili nang lubid na malaqui, na quinauà niyang hagdan na totoong pinacaigui.

SI ENRIQUE. ¿At an-hin baga niya ang hagdanan?

ANG AMA. Nġayon mo maaalaman. Ang caniyang adhicà ay houag magcaroon nang pintuan ang caniyang tahanan, at babatbatin niya nang bacod ang munting bucás na caniyang pinapasucan.

SI ENRIQUE. Datapoua,t, ¿paanong gagauin niya ang pagpasoc at paglabas?

ANG AMA. Ito nġa ang iguinauà niya nang isang hagdang lubid. Dapat nating acalain na ang pinacaburól nang caniyang tinatahanan ay ang taas may dalauang lampas tauo, at sa ibabao ay may isang punong cahoy. Dito itinali ang caniyang hagdan; at pinalauit hangan sa loob nang ang pagpanhic at pagpanaog; at nang maquitang lumabas na magaling, ay caniyang linuanġan ang lubac nang buról, nang maguing pinacasilid niya. Caniyang pinagcurò na ang manġa camay niya lamang ay hindi maaari sa gauang ito; datapoua,t, ¿ano ang caniyang gagauin? Naguing cailanġan na pagpilitan niyang humanap nang isang casangcapan; dahil dito,y, siya,y, naparoon sa isang lugar na caniyang quinaquitaan nang maraming manġa batong verde, na yao,y, totoong matitigas. Pumili siya, at nacatagpò siya nang isa na totoo niyang iquinatouà, sa pagca catulad nang palacol na may talim, at ang lalò pa,y, sa pagca,t, may butas na pagsosootan nang tangcay. Namasdan niyang mangyayaring gamitin niyang parang palacol, cung caniyang mapalaqui nang caunti ang butas; at dahil dito,y, cumuha siya nang isang batong munti at mahabà na siyang isinusulot niya at ipinagpapalaqui nang butas; sacá sinulutan niya nang capisang na cahoy na matibay na naging tangcay; at caniyang tinalian na pinacahigpit niyong baguing na sinabi na natin.

Páhiná 101

Pagcatapus ay caniyang tinicmang pinalacol ang isang munting cahoy, at sa pagca,t, naquita niyang nabual ay natouà siyang di hamac. Sa sanglibo mang piso,y, hindi niya maibibigay ang caniyang palacol dahil sa malaquing capaquinabanġang caniyang inaasahan.

Nacacuha siya sa manġa bató nang dalaua pa, na maacalà niyang paquiquinabanġan at magagamit sa anomang gagauin. Ang isa ay natutulad sa manġa pamucol, at ang isa,y, maicli nġunit,t, malaqui at matulis sa dacong dulo na parang tanat. Capouà dinala ni Robinson sa caniyang tahanan, na ang nasà niya,y, ipatuloy ang caniyang guinagauà.

Páhiná 102

Nauastong totoo siya nang paggauà, na ang batóng tagadulo ay ibinabaon niya sa lupà at pinupucpoc niya nang pamucol ay naaalís at nahuhucay niya ang manġa bató na nababaon doon; at sa ilang arao lamang ay caniyang nalinis at napaluang yaong lubac na inaacalà niyang gau-ing silid. Sacá siya humacot nang maraming damó at ibinilad niya sa

arao. Nang maquita niyang natuyò na ay ipinasoc sa caniyang lungâ at guinauà niyang parang banig; at dito sa caniyang naisipang ito ay nacatulog siya nang pahiga na parang tauo, at di para nang manġa naunang gabi na siya,y, natutulog sa manġa sanġa nang cahoy na parang ibon. ¡Laquing caguinhauahan, ang mangyaring maihilig ang pagod na catauan sa isang hihigang damó! ¡O cung matalastas, aniya, nang aquing manġa cababayan cung anong hirap ang umupong magdamag sa sanġa nang cahoy gabigabi! ¡Gaanong pagpapahalaga ang gagau-in sa canilang capalaran na nacacatulog nang matahimic sa malalambot na hihigan at ualang panġanib na mahulog! Hindi pararaanin marahil ang isang arao na di nagpapasalamat sa Panġinoong Dios dahil dito at sa manġa iba pang caguinhauahan nila.

Páhiná 103

Sa sumusunod na arao, sa pagca,t, lingong panġilin, ay guinugol niya sa pananalanġin, na habang oras siyang nacaluhod, at nacataas sa lanġit ang caniyang luhaluhaang mata, at hinihinġi niya sa Dios na siya,y, patauarin sa caniyang manġa camalian, at pagpalain at aliuin ang caniyang cahabaghabag na manġa magulang. Inuulititit niya sa Maycapal na macapangyarihan ang catunayan nang caniyang pagquilala sa manġa cahanġahanġang tulong na ipinagcaloob sa caniya sa gayong calunosunos na caguipitan, para nang pagcaualay niya sa lahat nang tauo; at ipinanġanġaco niyang muli,t, muli ang pamimintuhong parang masunuring anac.

SI LUISA. ¡Aba, at bungmubuti na si Robinson!

ANG AMA. Natatalastas nang Dios na iya,y, magbabago nang asal, cung macaranas siya nang manġa cahirapan; at caya nġa pinaticman sa caniya. Tingnan mo nġa ang inaasal sa atin nang Amang na sa lanġit; hindi dahil sa cagalitan cundi dahil sa malaquing cauaan, caya pinadadalhan tayo manaca naca nang manġa cahirapan, na sa caniyang maauaing camay ay mabibisang lunas, at natatalastas niyang quinacailanġan sa icagagaling nang manġa saquit nang ating manġa caloloua. Natatacot si Robinson na macalimutan ang pagcasunodsunod nang manġa arao sa sanglingo, ay inisip na gumaua nang isang calendario.

Páhiná 104

SI JUAN. ¿Ano po? ¿isang calendario?

ANG AMA. Oo, isang calendario, na bagama,t, hindi maipalimbag, at hindi naman totoong mabuti para nang atin dito sa Europa; datapoua,t, sucat icabilang nang manġa arao.

SI JUAN. ¿At paano ang guinauà?

ANG AMA. Yamang ualang papel at iba pang cailanġan sa pagsulat, at pumili nang apat na punong cahoy na malilinis ang balat at hindi nagcacalayolayo. Ang pinaca malaqui sa manġa cahoy na ito ay guinuguhitan touing hapon nang isang batóng matulis, tandang nacaraan na ang arao. Pagdating nang icapitong guhit, ay natatalastas na niyang natapus na ang isang lingo; at ang guinauà niya,y, guinuguhitan naman nang isang guhit ang sumunod na cahoy, na ang cahuluga,y, isang lingo. Itong icalauang cahoy ay capag naguhitan na ang macapat, ay guinuguhitan nang isa ang icatlong cahoy, na ang cahuluga,y, isang bouan; at sa catapusa,y, capag naguhitan na nang labing dalaua ang cahoy, na ito ay lumilipat sa icapat na cahoy na guinuguhitan nang isa, na ang cahuluga,y, isang taon.

Páhiná 105

SI ENRIQUE. Datapoua,t, hindi ang lahat nang buan ay nagcacapara nang dalang arao: may bouang tatatlong puo, at may búaang tatlong puo at isa. ¿Paanong matatalastas ni Robinson at dalang arao nang baua,t, isang bouan?

ANG AMA. Binibilang sa manġa daliri.

SI JUAN. ¿Pagbilang sa manġa daliri?

ANG AMA. Gayon nġa; at ituturo co sa inyo, cung ibig ninyong matutuhan.

ANG LAHAT. Oo nġa pò.

ANG AMA. Cung gayo,y, paquimatiagan ninyo aco. Iticom ninyo ang caliuang camay, at hipuin ninyo nang isang daliri ang manġa butó at ang pag-itan lubac; at casabay ninyong sasabihin sa paghipo ang manġa nġalan nang manġa bouan na sunodsunod. Ang bouang tumatama sa butó, ay may tatlong puo,t, isang arao; at ang tumatama sa lubac ay tatlong puo; liban na lamang ang Febrero, na cailan ma,y, di dumarating sa tatlong puong arao, sa pagca,t, mayroon lamang dalauang puo at ualo, at minsan sa touing icapat na taon ay dalauang puo,t, siyam na arao.

Páhiná 106

Pinasimulan na nġa niya ang pagbilang sa butó nang daliring hintuturò, na siyang lalong nalalapit sa hinlalaqui, at hinipò nang isang daliri sa canan, casabay ang pagsasabi nang unang bouan nang taon, ang Enero baga. Cung sa bagay ¿ilang arao ang dala nang Enero?

SI JUAN. Tatlong puo at isa.

ANG AMA. Ipatutuloy co ang pagbilang sa butó at sa lubac; at icao, Juan, ay sasagot sa aquin cung ilan ang dalang arao nang baua,t, bouan. Ipatuloy natin. Febrero ...

SI JUAN. Ang Febrero,y, dapat magcaroon nang tatlong puong arao; datapoua,t, uala cundi cung minsa,y, dalauang puo,t, ualo lamang, at cung minsa,y, dalauang puo,t, siyam.

ANG AMA. ¿Ang Marzo ilan ang dalang arao?

SI JUAN. Tatlong puo,t, isa.

ANG AMA. Ang Abril ...

SI JUAN. Tatlong puo ...

ANG AMA. Ang Mayo ...

SI JUAN. Tatlong puo,t, isa.

ANG AMA. Ang Junio ...

SI JUAN. Tatlong puo.

ANG AMA. Ang Julio ...

SI JUAN. Tatlong puo,t, isa.

ANG AMA. Ang Agosto ... (Pasisimulang muli ang pagbilang sa butó nang hintuturò)

SI JUAN. Tatlong puo,t, isa.

ANG AMA. Ang Setiembre ...

SI JUAN. Tatlong puo.

ANG AMA. Ang Octubre ...

SI JUAN. Tatlong puo,t, isa.

ANG AMA. Ang Noviembre ...

SI JUAN. Tatlong puo.

ANG AMA. Ang Diciembre ...

SI JUAN. Tatlong puo,t, isa.

ANG AMA. ¿Naquita mo na, Enrique, na ualang pagcacamali ang ating calendario? Nararapat matutuhan ang manġa bagay na ito, na manacânaca,y, totoong cailanġan.

SI JUAN. Hindi co na calilimutan.

SI ENRIQUE. Aco man; at totoong natalastas cong lahat.

ANG AMA. Sa paraang ito,y, napaginġatan ni Robinson ang pagcacasunodsunod nang arao, bouan at taon, at nang matalastas niya ang arao nang lingo, at nang caniyang maipanġilin, para nang ibang manġa cristiano.

Páhiná 108

Sa panahong yao,y, halos naubos na niya ang manġa bunġa nang niyog nang nacaisa isang puno na caniyang naquita, at totoong dumadalang na ang manġa talabá sa tabing dagat na di macabusog sa canya sa touing pagcain, dito na siya sinidlan nang catacutan na baca maualan siya nang pagcain.

Magpahangan niyon ay hindi siya macapanġahas na lumayong lubha sa caniyang tahanan sa pagcatacot sa mababanġis na hayop, at manġa tauong bundoc, na baca sacali,y, mayroon sa iláng na yaon; datapoua,t, sa pagcacailanġan nang pagcain, ay lumacad siya nang may calayuan, nang macaquita nġa nang ibang bagay na sucat macain. Pinasiya na nġa sa loob na maglibot sa icalauang arao sa pamag-itan nang tulong nang Dios; at guinugol ang isang bahagui nang gabi sa paggaua nang payong.

SI NICOLÁS. ¿At sinong nagbigay sa caniya nang cayo at ballena sa paggauà nang payong?

ANG AMA. Ualang cayo, ualang ballena, ualang labasa, ualang gunting, ualang carayom at ualang sinulid na guinamit siya; at gayon ma,y, nayari niya ang payong. Gumaua siya nang isang parang balantoc na baguing nang cahoy at caniyang pinaghalahalambatan na parang bilauo; at sa guitna,y, pinasacan niya nang capisang na cahoy na pinagtibay niya nang tali. Saca cumuha siya nang manġa talucab nang niyog at siya niyang itinaquip na pinagtalitali sa ibabao nang baguing, at ito ang guinamit niyang payong.

Páhiná 109

Touing macayayari siya nang anomang bagay, ay nacararamdam siya nang di malirip na caligayahan at caraniuang nasasalita niya sa sarili; ꞑtotoong pagcahanġalhanġal co sa aqing cabataan, na sinasayang co ang panahon sa ualang cabuluhang bagay! ꞑÓ cung aco nġa,y, na sa sa Europa, at magcaroon aco sa camay nang manġa casangcapan na doo,y, murang mura! ꞑGaanong manġa bagay ang aqing magagaua! ꞑLaqing pagcauli co sa paggaua nang sarili cong camay nang manġa casangcapanġ quinacailanġan co!

Sa pagca,t, may caagahan pa ay naisipan niyang gumaua nang isang supot na caniyang mapaglalog-yan nang caniyang masusumpunġang pagcain, at nang hindi siya mahirapan sa pagdadala. Pinagcurong sandali ang paggauà nito, at sa catapusa,y, naisip niya ang mabuting paraan. Sa manġa baguing na caniyang binugbog, at naging parang abacá na sinabi co nang caniyang tinipon, ay guinauà niyang parang lambat, at ito,y, siyang guinauang supot.

Páhiná 110

SI TEODORA. Ibig co namang gumauà nang isang supot.

SI NICOLÁS. Aco naman, cung tayo,y, magcaroon nang abacá.

SI LUISA. Mabuti ang inaactalà ninyo, manġa batà. Sa pagca,t, cung cayo,y, mapadpad sa alin mang pulò na para ni Robinson na ualang casamang sinoman, ay maaalaman na ninyo ang dapat gauin. ¿Dili pô baga totoo?

ANG AMA. Aco,y, natotouà na magpacasipag cayo nang ganiyan. Datapoua,t, pabayaan nating macatulog si Robinson hangang bucas, at samantala,y, titingnan co cung aco,y, matutumpac na gumauà nang isang payong na casinggaling nang caniya.

ICALIMANG HAPON.

Páhiná 111

Nang magcatipon sa icalauang arao ang manġa nagsasalitaan sa lugar na canilang quinauiuilihan, ay naquita nilang dumating si Nicolás na totoong natotouà at nagmamagaling, at may dalang isang payongpayonġan, na siyang pinagtac-han nang lahat. Ang guinauà niyang balangcas ay ang salaan ó calong malaqui na hiniram niya sa cocinero, at linag-yan niya nang tangcay.

ANG INA. ¡Totoong magaling, totoong magaling! camunti náng pagcamalán cong icao ay si Robinson.

SI JUAN. Aco sana nama,y, magpapaquita dito nang isang payongpayonġan, cung magcacaroon pa aco nang sandaling oras na sucát icatapus nang paggauà.

SI TEODORA. Ganito rin naman sana ang nangyari sa aquin.

ANG AMA. Sucat na lamang ang pagcayari ni Nicolás, at nang mapatotoohan na tayo nama,y, mangyayaring macagauà niyan. Datapoua,t, hindi totoong malaquing bagay, catoto, ang guinaua mo.

SI NICOLÁS. Hindi co naman dinala ito rito cundi sa pagcacailanġan, at sa pagca,t, hindi aco nacagauà sa sandaling panahon nang iba.

Páhiná 112

ANG AMA. (*Quinuha niya sa licod nang bacod ang isang payongpayonġang guinaua niya, at itinanong niya.*) ¿Ano caya? ¿anong tinġin mo rito?

SI NICOLÁS. ¡Oh, iyan ang totoong mariquit!

ANG AMA. Aquing iinġatan ito hangang dumating sa catapusan nang Historia, at ang matumpac na tumulad nang manġa bagay na gagauin ni Robinson, ay siya nating aariing Robinson dito, at ibibigay co sa caniya ang bagay na ito.

SI TEODORA. ¿At gagaua baga naman tayo nang isang lungang para niya?

ANG AMA. ¿At baquit hindi?

ANG LAHAT. Cung gayo,y, magaling.

ANG AMA. Madaling arao pa,y, nagbanġon na si Robinson at naghanda na sa paglacad, isinabit sa liig ang caniyang supot, nagtali sa bayauang na doon isinabit ang caniyang palacol, pinasan ang caniyang payong, at minulan na ang caniyang paglacad nang boong casiglahan nang loob.

Ang unang guinauà ay nagdaan siya sa punò nang niyog niya at cumuha nang dalauang buco, na isinilid niya sa caniyang supot, at bucod sa baong ito, ay nagdaan pa sa tabi nang dagat at humanap nang ilang talaba. Nang siya,y, macapagbaon na nitong dalauang pagcain at macainom na nang malamig na tubig sa batis, ay minulan na ang caniyang paglacad. Ang umaga ay mapayapa, at habang ang arao ay sumusunġao sa silanġanan, na parang umaahon sa manġa alon nang dagat, ay nababanaagan nang masanghaya niyang sicat ang matataas na sanġa nang cahoy; di mabilang na ibon, malalaqui,t, mumunti at sarisaring balahibò, ay nanġagaauitan na parang binabati nila at ipinagdiriuang ang bagong paglabas nang arao. Totoong dalisay at cauiliuili ang sandaigdigan, na parang bagong cagagaling sa camay nang Dios; at ang manġa halaman at manġa bulaclac ay nagsasambulat nang canilang cabanġohan.

Páhiná 113

Naramdaman ni Robinson na ang caniyang puso,y, napuspos nang caligayahan at pagquillala sa auà nang Maycapal. Dito, aniya, dito at sa lahat nang lugar ay ilinalathala ang capangyarihan nang Ama nang sangmaliuanag; at naquisamò siya sa pagsasaliuan nang manġa ibon na caniyang inauit, itong dalit sa umaga:

Páhiná 114

Daraquilang Dios, sa aqui,y, nagbigay
niring pagcatauo,t, boong cagalinġan,
icao ang may ari at nacaaalam
nang cabuhayan co at nang camatayan.

Ang arao na ito bagong nagcacalat
nang tanglao sa mundo nang masayang sinag
iniaalay co nang boong pagliyang
sa iyo, daraquilang Poong sacdal taas.

Maamo mong mata ay iyong itunghay
sa baw,t, sandali sa aba cong lagay,
at iyang camay mong macapangyarihan
ay iligtas aco sa capanganiban.

Sa lubhang matamis na aqing pagasa
sa caauaan mo, mapagpalang Ama,
ay di itutulot aco,y, magcasala
sa iyong calac-hang ualang macapara.

Ang caguipitan co,y, iyong mamamalas,
caruc-haa,y, sacdal at salat na salat,
tangapin mo nauà ang pagod at puyat
nitong si Robinson alipin mong hamac.

At tutularan co ang capayapaan
nang manġa lingcod mong loob na hinusay;
inaasahan ca habang nabubuhay
maguing sa ligaya at capighatian.[2]

Pagca,t, natatantô ang iyong parusa
ay hindi sa poot, cundi sa pagsinta;
ipinapalit mo ang sandaling dusa
sa hirap na ualang catapusa,t, hanga.

Ang tauong lagui nang inaalalayan
nang saganang touà at caligayahan
ay sampo nang Dios nacacalimutan
puso,y, nahihilig sa tanang quinapal.

At dili miminsang ang nagugupiling
ay pinupucao mo nang dusa,t, hilahil,
nang houag magtuloy mabulid na tambing
sa dalitang ualang pagasang hihintin.

Pasalamat na nang sangcatauohan,
pasalamat na nang sangdaigdigan,
Dios na iisa at ualang capantay,
puspos nang pagsinta sa hamac na capal.

At icao, ó Virgen, na linarauanan
nang dilág ni Ester at pagtatangcaca
sa bayan nan Judio niyong dacong arao
ang abang palad co nama,y, alalayan.

At icao, ó Santong lubhang daraquilà,
hinirang nang lanġit sa lalaqing madlà
na maguing Esposo niyong natimauà
at di tinamaan nang sa salang sumpá.

Tunghayan nang iyong mahabaguing mata,
mapalad na Joséng Esposo ni Maria,
itong si Robinsong nacaisaisa
sa guitnâ nang iláng at madlang panġamba.

Gayon din sa iyo, daquilang Arcángel,
lubhang mapagpalá panġala,y, Rafael:
iyong patnugutan sa madlang hilahil
itong nananaghoy na iyong alipin.

SI TEODORA. ¡Ay! ama co, ġibig baga ninyong ibigay sa aquin iyang manġa tulang totoong
mariquit, at nang aqing mabasa at macanta touing umaga sa pagbanġon?

ANG AMA. Oo.

SI RAMON. Capag natutuhan mo ang letra, ay ituturo co sa iyo ang tono, at nang ating macanta.

SI NICOLÁS. Oo nġa, pagaralan nating lahat.

ANG AMA. Nagdadalang tacot pa si Robinson sa manġa hayop sa bundoc at sa manġa tauong
damó, ay pinaginġatan niya ang pagdaan sa masusucal na gubat, at ang hinahanap niyang
lacaran ay ang malilinis na caparanġan, at nang maquita niyang madali ang ano mang
bagay; datapoua,t, ang manġa lugar na yaon ay siyang lalong salat, na ualang sucac
maquitang pagcain, caya nġa mahaba na ang caniyang nalalacac ay ualang naquiquitang
anomang bagay na sucac ma cabayad sa caniyang capaguran.

Sa catapusa,y, nacatanao nang ilang manġa halaman na inacala niyang nararapat
lapitan at siyasatin. Totoong nagcacalapitlapit na naging parang isang cagubatan, at

namasdan niya na ang iba,y, may bulaclac na mapulapula, ang iba,y, mapuputi, at ang iba,y, ualang bulaclac cundi manġa bunġang mapupusiao na casinglaqui nang bayabas natin dito sa Filipinas. Quinagat niya capagdaca ang isa; datapoua,t, naquilala niyang di sucac macain, at totoong nagalit siya, na capagdaca,y, binunot niya ang halaman, at ihahaguis na sana, ay siyang pagcaquita niya sa manġa ugat ay may nabibiting tila manġa tugui na malaqui,t, munti. Inacalà niyang iyon ang tunay na bunġa nang halaman: tinicman niya, at nang caniyang malasahang masaclap at matigas ay itinapon na sanang lahat. Datapoua,t, sumilid sa caniyang pagiisip yaong cahatulang, na di dapat nating acalain na ualang casaysayan ang ano mang bagay, sa pagca,t, di natin naquita agad ang cagalinġan nila. Itinago na nġa sa caniyang supot yaong manġa bunġang tila tugui, at ipinatuloy na ang caniyang paglacad.

SI JUAN. Natatalastas co na cung ano yaong manġa tila tuguing yaon, cung ano ang nġalan.

ANG AMA. Tingnan natin cung ano ang isip mo.

SI JUAN. Yaon po,y manġa patatas, na gayon nġa cung tumubò para nang sinabi ninyo.

ANG AMA. Sa catunaya,y, ang patatas, na cung sabihin nang iba ay papas ay caraniuang tumutubò sa América, at sinasabing doon quinuha nang isang inglés na ang panġala,y, si Francisco Drakne.

SI TEODORA. Datapoua,t, malaquing hanġal yaong si Robinson, na hindi nacaquiquilala nang manġa patatas.

ANG AMA. ¿At icao ay baquit mo naquiquilala?

SI TEODORA. Sa pagca,t, aquing naquita at quinain cong madalas, namamatay aco sa pagcain nang manġa patatas na yaon.

ANG AMA. Datapoua,t, si Robinson ay hindi nacacain at di nacaquita marahil nang manġa patatas.

SI TEODORA. ¿Diyata po,t, hindi?

ANG AMA. Hindi, sa pagca,t, ualà pang dumarating sa Alemania. Hindi pa nagdaraan ang maraming taon nang tayo,y, magtanim dito, at nauna pang nabuhay si Robinson.

SI TEODORA. Cung gayo,y, patauarin ninyo aco, cung aco,y, nagcasala sa caniya.

ANG AMA. ¿Naquita mo na, Teodora, na totoong lihis sa catuiran ang biglang pagpintas sa iba? Ang caunaunahang dapat nating gauing palagui ay ang lumagay tayo sa lagay nila, at masdan natin cung sa gayong calagayan ay macagagaua tayo nang higit sa canila. Sabihin mo sa aquin: cung cailan ma,y, hindi ca nacaquita nang patatas, na hindi mo narinig na cung paano ang guinagauang paglulutò, ¿di caya matutulad ca rin cay Robinson na di mo mapagquiquilala na yao,y, quinacain?

SI TEODORA. Cung gayon pò ay hindi co na gagauing muli.

ANG AMA. Nagpatuloy si Robinson; datapoua,t, nagdarahandahan at tila totoong may pinaġinġilagan, at houag di may cumaluscos ay natatacot siya, pati sa manġa cahoy na hinihipan nang hanġin, at pagdaca,y, tinatangnan ang caniyang palacol na ipagtatangol cung baga,t, cailanġan. Datapoua,t, sa touitoui na,y, palagui niyang napagquiquilala na ualang cabuluhan ang caniyang quinatatacutan.

Sa catapusa,y, dumating sa isang bucal, na sa tabi niyao,y, inibig niyang magpahinġalay nang tanghali; at umupò siya sa piling nang isang cahoy na totoong mayabong, at humahandà nang cumain, di caguinsaguinsa,y, bigla siyang nacarinig nang isang cainġayan sa dacong malayò na iquinagulat niyang panibago. Tuminġin siyang quiniquilabutan sa magcabilabila at sandaling oras ay naquita niya ang isang cauan....

SI NICOLÁS. ¿Nang manġa tauong bundoc caya...?

SI TEODORA. ¿Ó nang manġa tigre at manġa leon?

ANG AMA. Capouà di cayo tumamà, yaon ay isang cauan nang manġa hayop sa bundoc na ang laqui ay para nang usa. ¿Ibig ninyong matalastas cung anong manġa hayop yaon?

SI JUAN. Oo pò; sabihin ninyo sa amin.

ANG AMA. Iyan ay ang tinatauag na llama, at ang canilang tinatahanan ay ang América Meridional, na tinatauag na Perú, na nasasacop hangan sa manġa huling taon nang manġa castilà. At tauag nila sa manġa hayop na yaon ay carnero ó tupa, sa Perú, baga ma,t, lalong natutulad sa manġa maliliit na camello. Bago napagsiyasat ni Varró at ni Almagro yaong manġa daquilang lugar na yaon, ay ang manġa peruleros na tumatahan doon ay nacapagpaamò na nang llama: na guinagamit nila na parang manġa calabao sa pagdadala nang ano mang bagay, at ang canilang balahibo ay guinagauang cayo.

SI JUAN. ¿Cung sa bagay, ay ang manġa perulero ay hindi totoong manġa tauong damó na para nang ibang manġa indio?

ANG AMA. Oo nġa; sila at ang manġa americano na na sa América setentrional ay totoong manġa sivilisado, at may maliuanag na pagiisip, ang tinatahanan nila,y, manġa bahay na mabuti ang pagcayari, at bucod dito,y, nacapagtayò sila nang manġa simbahan at manġa daquilang

palacio at ang namamahala sa canila ay manĝa Gobernadores sa lugar nang manĝa hari.

Sa maquita nĝa ni Robinson yaong caramihan nang manĝa hayop, na magmulà nĝayon ay tatauaĝin nating manĝa llama, ay nagcaroon siya nang malaquing pagcaibig na macacain nang carne ó lamang cati, sa pagca,t, matagal nang panahon na di siya nacacatiquim nito. At dahil dito,y, nagtagò siya sa punò nang cahoy, na dala niya ang caniyang palacol na bató, at sinucuban niya, na cung mayroong magdaraan doong hayop ay caniyang papalaculin.

Gayon nĝa ang nangyari; sa pagca,t, lumalacad nang ualang bahalá ang manĝa hayop na yaon na nahihirating lumalacad nang ualang nacalilingatong sa canila, at napatutunĝo sa bucal, at sila,y, iinom, ay sa pagdaraan sa tabi nang cahoy na doon ay nagtatago si Robinson, ang isang pinacamaliit na totoong napalapit sa caniya, ay inabot niya nang palacol sa sandocsanducan na biglang namatay at nahandusay sa caniyang manĝa paa.

Páhiná 122

SI LUISA. ¡Laquing catampalasanan ang guinaua niya sa cauaauang hayop!

ANG INA. ¿At baquit hindi gagauin ito?

SI LUISA. Cung ualang guinagaua sa caniyang anomang masamá ang hayop, ¿ay baquit niya pinatay?

ANG INA. Mangyari, ay quinacailanĝan niya ang laman at nang caniyang macain. ¿At di mo natatalastas na tayo,y, pinahihintulutan nang Dios na gamitin natin ang manĝa hayop, cung ating quinacailanĝan?

ANG AMA. Ang pumatay nang hayop nang ualang cailanĝan, ang caniyang pahirapan, ó gambalain naman, ay maliuanag na isang catampalasanan, at sino mang may mabuting pusò ay dili gumagauà nito: datapoua,t, ang paquinabanĝan natin ang isang hayop na ualang caloloua, at patayin natin nang ating macain ang caniyang laman, ay ito,y, hindi ipinagbabaua. At cung naaalaala mo pa ang ipinahayag co sa iyo niyong isang arao, ay matatalastas mo na isang cagalinĝan pa sa manĝa hayop cung sila,y, patayin natin.

SI JUAN. Mangyari pò; sa pagca,t, cundi natin pinagcailanĝan ang manĝa hayop, ay hindi natin sila aalilain, at hindi bubuti ang canilang lagay na para nĝayon. ¡Ilan ang mamatay gutom sa panahon nang taglamig!

Páhiná 123

SI ENRIQUE. At lalò pang magdaralità, cung di natin patayin ay mamamatay sa saquit ó sa catandaan, sa pagca,t, sila,y, hindi nacapagtutulunĝan na para nating manĝa tauo.

ANG AMA. At bucod dito,y, houag nating acalain na ang pagpatay sa manĝa hayop ay totoong nacapagbibigay sa canila nang totoong malaquing cahirapan, para nang sapantahà natin. Hindi nila natatalastas na sila,y, papatayin, ay sila,y, payapang payapà at natotouà hangan sa huling sandali; at ang casaquitang dinaramdam nila cung sila,y, pinapatay natin ay hindi naglalaon.

Hangan sa mapatay ni Robinson ang isang hayop na llama, ay hindi naisipan ang paglulutò nang caniyang laman.

SI LUISA. ¿Baquit di niya mailulutò?

ANG AMA. Ibig nĝa niya; datapoua,t, ang casamaan ay salat na salat siya sa lahat nang bagay; ualà siyang ihauan, ualà siyang palayoc, at cauali man; at ang lalò pang masama,y, ualà siyang apuy.

SI LUISA. Cung ualà siyang apuy ay magpaninĝas siya.

Páhiná 124

ANG AMA. Hindi mahirap, cung mayroon siyang isang binalol, isang bató at lulog. At natatalastas mo nang ualà siyang ano man.

SI JUAN. Natatalastas co ang dapat cong gauin.

ANG AMA. ¿Ano?

SI JUAN. Pinagpuyos co sana ang dalauang cauayang tuyò, para nang guinagauà nang manĝa tauong bundoc; at sa historia nang manĝa paglalayag ay binasa pô ninyo sa amin.

ANG AMA. Ito rin ang naisipan ni Robinson. Pinasan sa balicat ang hayop na yaon na caniyang pinatay, at nagbalic sa caniyang tinatahanan.

Sa pagbalic niya ay nacaquita pa nang isang bagay na iquinatouà niya nang labis. Nacaquita siya nang pito ó ualong punò nang dayap, at nalalaglag na ang ilang bunĝang hinog. Pinutol niya, at pagcatapus ay nilag-yan niya nang tandâ ang lugar na yaon na quinalalag-yan nang manĝa punò nang dayap, at nagmadaling omouî sa caniyang tahanan.

Ang unang guinauà nang siya,y, dumating doon ay inanitan niya yaong hayop, at ang naguing casangcapan niyang sundang ay isang matalas na bató; at saca ibinilad niya ang balat na inaacalà niyang balang arao ay caniyang paquiquinabanĝan.

Páhiná 125

SI JUAN. ¿At ano ang gagauin niya sa balat?

ANG AMA. Maraming bagay: ang una,y, napupunit na ang caniyang sapin at medias; at caya nĝa pinagcurò curò niya na cung sacaling di na niya maisoot, ay ang balat nang hayop na caniyang napatay ay itatali na lamang niya sa caniyang paa, at nang houag siyang totoong

mahirapan sa caniyang paglacad. Ang icalaua,y, totoong iquinatatacot niya ang pagdating nang taglamig; at caya n̄ga totoong iquinatouâ niya ang pagcacaroon nang capisang na balat na maitaquip niya sa catauan at nang houag siyang mamatay sa lamig. Tunay n̄ga na hindi na dapat siyang maghandà nang ganito, sa pagca,t, sa man̄ga lugar na yaon ay hindi malabis ang lamig na para rito.

SI TEODORA. ¿Sa bagay ay ualang taglamig?

ANG AMA. Hindi, cailan man ay hindi nararanasan ang totoong calamigan sa man̄ga bayan ó lugar na maiinit na na sa calaguitnaan nang dalauang trópico. Hindi pa nalalaong sinasabi co sa inyo. ¿Di baga ninyo nalilimutan ang tauag sa man̄ga lugar na ito?

Páhiná 126

SI ENRIQUE. Tinatauag pong zona tórrida.

ANG AMA. Gayon n̄ga; datapoua,t, sa man̄ga lugar na yaon naman ay palagui ang ulan sa loob nang dalaua ó tatlong buan.

Ang ating Robinson ay hindi nacatatalastas nang ano man sa man̄ga bagay na ito, sa pagca,t, sa caniyang cabatáan ay ayao siyang magaral nang ano man; na sa macatouid ay ang Historia, Geografia at ang lahat ay quinacayamutan niya.

SI JUAN. Datapoua,t, tila pò minsang nabasa namin na ang bundoc na totoong matataas, na para nang Pico de Tenerife sa Canarias, at para naman nang iba pa sa Perú, ay nacucubcob nang nieve ó namumuong tubig sa boong taon. Quinacailan̄gang doo,y, palagui ang taglamig, at gayon man ay na sa calaguitnaan ang dalauang trópico.

ANG AMA. May catouiran ca, Juan. Ang man̄ga totoong matataas na lugar at man̄ga bundoc ay hindi nasasaclao nang regla, sa pagca,t, sa canilang cataasan ay caraniuang mayroong nieve. ¿Natatandaan mo naman ang sinabi co sa iyo noong isang arao tungcol sa man̄ga lugar nang India Oriental, niyong ating pinagmamasdan ang mapa?

Páhiná 127

SI JUAN. ¡Aha! Oo n̄ga pô ... Sa ibang man̄ga lupà doon ay sa lumacad ca lamang nang dalaua ó tatlong leguas; sa invierno ó calamigan, ay lumilipat ca sa verano ó cainitan; para sa pulò nang Ceilan, na nasasacop nang man̄ga holandeses; at gayon naman sa ibang lupa na tinatauag na ...

ANG AMA. Tinatauag na Peninsula Citerior ó sa daco rito nang Ganges. Dian, capag sa tabing dagat nang Malabar, sa isang bahagui nang man̄ga bundoc na tinatauag na Gates ay invierno, ay sa cabilang parte, sa Costa nang Coromandel, ay verano, at cung verano sa cabila ay dito,y, invierno. Ganito rin naman ang nangyayari sa isla de Ceram, isa sa man̄ga islas Molucas, na sa pagcalayong tatlong leguas ay nararanasan ang taginit at taglamig.

Datapoua,t, ¿ilang leguas ang iquinalayò natin cay Robinson? Hindi sucat pagtac-han na sa cabilisan nang ating pagiisip ay ualang caliuagang macalipat tayo sa isang sandali sa ilan mang libong leguas. Magmulà sa América ay lumucso tayo sa Asia, at n̄gayo,y, biglang naparito na naman tayo sa América sa pulò ni Robinson.

Bahagya na lamang napapacnit ang balat nang hayop na llama, at nahahan̄go ang man̄ga lamang loob, ay hiniuà niya ang capirasong laman tangcang iihao. Ang una niyang guinauà ay naghandà siya nang isang iihauan, na humunot siya nang isang punong cahoy na munti, inalisan na niya nang balat, tinulisan niya ang dulo, at saca humanap nang dalauang san̄gang capua may salalac, na caniyang pagsasalalacan nang caniyang duruan. Tinulisan naman niya ang dulo; at nang matapus na niyang maibaon sa lupa na magcatapat; nang tinuhog na niya ang laman nang hayop, at inilagay nasasalalac, ay totoong malaqui ang caniyang caligayahan sa pagcaquita niyang lumabas na magaling ang caniyang guinagauà.

Páhiná 128

Ang quinuculang lamang sa caniya ay ang lalong cailan̄gan, ang apuy baga; at dahil dito,y, inisip niya ang pagpupuyos, pumutol siya nang dalauang san̄gang tuyò, at pinasimulang ualang caliuagan ang pagpupuyos nang boong pagpipilit, na sa capagura,y, naligò sa pauis, gayon ma,y, hindi niya nasunod ang nasà, sa pagca,t, capag ang man̄ga cahoy ay nagiinit na,t, naguusoc, ay siya,y, totoong napapagod na, at napipilitang itiguil na sandali ang pagpuyos; at sa pagca,t, lumalamig ang puyusan sa caniyang pagpapahin̄ga, ay hindi mangyaring macacuha nang apuy at nasasayang lamang ang caniyang capaguran.

Páhiná 129

Dito napagquilala niya ang totoong casalatan nang tauong nacaísa isa, at cung gaanong cagalingan ang quinacamtan natin sa paquiquisama sa ibang man̄ga tauo; sa pagca,t, napagcucurò na ninyo na cung may isa siya sa caniyang siping na pagcapagod niya,y, halinhan siya, ay marahil ay macacacuha sila nang apuy. Datapoua,t, dahil doon sa hindi matiis niyang pagpapahin̄ga ay nasasayang ang caniyang pagod.

SI JUAN. Inaacalà cong ang man̄ga tagabundoc ay nacacacuha nang apuy sa pagpupuyos.

ANG AMA. Tunay n̄ga,t, nacacacuha nang apuy, n̄guni,t, bucod sa sila,y, malalacas sa atin, dahil sa tayo,y, hindi nararatihan sa mabibigat na gagau-in, ay sila,y, bihasa pa. Pumipili sila nang dalauang baac na cauayan; ang isa,y, malambot at ang isa,y, matigas; ang matigas ay siyang ipinupuyos sa malambot hangang di magcaapuy ang yamuang inilalagay nila sa ilalim.

¿Anong mapapaquinabang ni Robinson cung hindi siya marunong nang paraang ito? Sa catapusa,y, inihaguis niya ang dalauang san̄gang caniyang pinupuyos; at nalulumbay na umupò sa caniyang pinacabanig na damo, nan̄galumbaba at humilig; at manacà naca,y,

Páhiná 130

tinitingnan ang masarap na laman nang hayop na masasayang, sa pagca,t, di maihao. Naalaala niya ang pagdating nang taglamig, na nalalapit na; at pinagcucurocurò niya na cung ano ang masasapit niya sa gayong ualà siyang apuy, ay sinalacayan siya nang isang malaquing calumbayan, na iquinapagbanĝon niya at iquinapagpasial sa pagca,t, siya,y, totoong nababalisa.

Sa pagca,t, naramdaman niya na parang hinahalò ang caniyang dugò sa malaquing cabalisahan, ay isinaloc niya nang malamig na tubig sa batis ang caniyang bauo, at pinigan niya nang catás nang dayap; na yao,y, totoong mabuting inumin at lunas sa caniyang calagayan.

Totoong ninanasa niyang maihao ang capisang na laman nang hayop na llama; nĝuni,t, di nĝa mangyari. Datapoua,t, naalaala niya ang isang salitâ na ang manĝa Tártaro, бага ma,t, tauong para natin, ay ang guinagaua,y, ang laman nang hayop ay inilalagay sa ilalim nang siya nang cabayo, saca sinasac-yan at saca sa capapatacbo ay lumalambot: ¿sinong nacaalam, ang uicà sa caniyang sarili, cung mapalalambot co naman ang laman nang hayop sa ibang paraan?

Páhiná 131

Capagcauicà nito,y, humanap nang dalauang batong malalapad na para nang caniyang palacol at ipinaguitna ang laman nang hayop sa dalauang bató, at pinasimulang pinucpoc sa ibabao. Nang lima ó anim na minuto na sa caniyang capupucpoc ay nahalata niyang nagiinit ang bató. Dito lalò niyang inululan ang capupucpoc at sa loob nang calahating oras ay sa cainitan nang bató at sa capupucpoc ay lumambot ang laman nang hayop, na inacalà niyang macacain na. Sucat nang maacalà cung ano ang maguiguing lasa nang gayong linutò sa pucpoc lamang; datapoua,t, sa cay Robinson, na mahaba nang panahong hindi nacacain nang lamang cati, ay inaari na niyang isang masarap na pagcain yaon. ¡O cayo, aniyang manĝa cababayan co, ang uica, na caraniua,y, pinagsasauaan ninyo ang lalong masasarap na pagcain, sa pagca,t, hindi palaguing naaayon sa inyong catacauan! Cung sinapit ninyo ang aquing calagayan na manĝa ualong arao man lamang, ¡marahil ay icatotouà ninyo ang ipinagcacaloob sa inyo nang Dios! ¡At hindi ninyo pauualang halaga ang lalong mabubuting pagcain, na parang cayo,y, nagpapalamarang lubhà sa auà nang Panĝinoong Dios na ang lahat ay binubusog!

Páhiná 132

Nang mangyaring magcaroon nang lasa ang caniyang ulam ay pinigan niya nang catás nang dayap; at nagcaroon siya nang isang pagcain na hindi niya natiticmang mahaba nang arao, dahil dito,y, di niya quinalimutan ang pagpapasalamat sa Panĝinoong Dios na may gauà nang lahat nang cagalinĝan dahil dito sa tanĝing biyayà.

Nang matapus nang macacain, ay sumanguni siya sa caniyang sarili, cung anong bagay ang cailanĝan niyang gauin, at nang mapasimulan niya capagdaca. Ang pagcatacot niya sa taglamig, ay parang nagtuturò sa caniya na gugulin niya ang ilang arao sa paghuli at pagpatay nang maraming manĝa hayop na llama, at nang magcaroon siya nang maraming balat. Inacalà na niyang marami siyang mahuhuli sa caunting pagod, yayamang maaamò ang manĝa hayop na yaon. Nahiga na si Robinson na ang ninanasa,y, ganito; at nabayaran niya nang isang mahimbing at masarap na pagtulog ang manĝa capaguran sa arao na yaon.

Páhiná 133

TALABABA:

[2] Dinagdagan pa nang ualong estrofa nang tumagalog

ICANIM NA HAPON.

Ipinatuloy nang ama ang pagasasalitâ nang nangyari cay Robinson.

ANG AMA. Nacatulog si Robinson hangan sa matanghali na, at siya,y, napagulat nang maguising at maquitang totoong tanghali na, nagmadaling bumanĝon, at ibig lumabas nang parang sa paghuli nang manĝa hayop na llama. Datapoua,t, nahantong ang caniyang nasà; sa pagca,t, bahagua na lamang casusunĝao ang caniyang ulo sa pintô nang caniyang yunĝib, ay caracaraca,y, iniuglot.

SI LUISA. ¿At baquit gayon?

ANG AMA. Sa pagca,t, humahagunot ang ulan, at totoong malalaqui ang patac na ang sinoma,y, di nacaiisip na umalis. Pinasiya niya sa loob na hintin munang tumilâ ang ulan; datapoua,t, malayong tumiguil; sa pagca,t, habang lumalaon ay lalong tila ibinubuhos. Itong malacas na ulan ay may casamang totoong madalas na quidlat, na ang yunĝib ni Robinson, бага ma,t, totoong madilim ay tila nagaalab; at ang manĝa quidlat na yaon ay sinusundan nang totoong malacas na culog, na hindi niya nariringig cailan man. Nayayanig ang lupa sa caquilaquilabot na pagputoc nang manĝa culog, at tila inuulit nang alinĝaonĝao sa mundo na totoong inihahaba nang ugong. Sa pagca,t, si Robinson ay ualang turò at pinagaranan, ay totoong malaqui ang caniyang tacot.

Páhiná 134

SI TEODORA. ¿Natatacot бага sa manĝa quidlat at sa manĝa culog?

ANG AMA. Oo; at totoo siyang quiniquilabutan, na hindi niya maalaman na cung saan siya magtatagò.

SI TEODORA. ¿At baquit siya totoong natatacot?

ANG AMA. Ito, y, caraniuan, sa pagca, t, ang apuy na nangagaling sa culog ay pinanggagalingan nang pagcacasunog at manacanaca, y, nacamamatay.

SI JUAN. Oo n̄ga, datapoua, t, ang man̄ga sacunang iyan ay bihirang nangyayari.

ANG AMA. Mulà nang aco, y, maguing tauo ay ualà pa acong nariringig na namamatay sa culog[3]; at ang man̄ga sinasalitang nangyari na man̄ga sacunà ay totoong bibihirâ. At caya n̄ga bihirangbihirang matalà sa man̄ga periodico, tulad sa pagbabalitâ na may isang tauong, umabot na mahiguit sa sandaang taon; isang maliuanag na catotohanan na manacanacang mangyari lamang ang man̄ga sacunang ito. Tungcol dito sa man̄ga culog ay mayroon ding capan̄ganiban; datapoua, t, totoong malayò na di sucat maitulad sa man̄ga capan̄ganiban nang pagcahulog, sa man̄ga biglang saquit, sa man̄ga pagcacasunog at sa iba pang sucat na mangyari na masasapit natin sa baw, t, sandali, at hindi man lamang natin iquinatatacot nang calahati nang pagcatacot ni Robinson, cung ito na lamang ang icamamatay natin nang bigla ay may malaquing cadahilanan na catacutan nating totoo; datapoua, t, ang ating buhay ay totoong marupoc, at sa loob at labas nang ating catauan ay mayroong di mabilang na bagay na iquinapaguiguing sanhi nang isang biglang camatayan, na cung catatacutan nating lahat para nang malabis na pagcatacot nang iba sa culog, ay hindi tayo macalalacad nang isang hacbang at di tayo macagagalao munti man na di magcacaroon tayo nang isang guniguning ualang casaysayan. Ang pagsacay sa cabayo, ang paglulan sa isang carruage, ang pagdaraan sa isang matuling ilog, ang paglalayag, ang pagpanhic at pagpanaog sa isang hagdan, ang pagiiuan nang ilao sa isang silid, ay man̄ga bagay na guinagauà natin nang ualang munting catacutan, gayon man ay dapat siglan tayo nang tacot dito sa man̄ga capan̄ganibang totoong madalas mangyari, higuit sa tacot; na dapat taglayin sa man̄ga sacunà na nangagaling sa culog. At tunay n̄ga itong culog ay may casamang ugong na nacagugulat, at sa pagquidlat ay biglang nagliliuanag; at caya n̄ga inaacalà co na ang man̄ga di nagdidilidili, ay pinapasucan nang isang di quinucusang tacot, na hindi caraniuang taglayin sa lalong malaquing capan̄ganiban.

Páhiná 135

Páhiná 136

SI BALISIO. Sinabi na ninyo sa amin na ang man̄ga masasamang panahon, ang man̄ga culog at quidlat ay may malaquing cagalingan sa lupà, sa pagca, t, nalilinis ang han̄gin nang man̄ga masasamang singao na sucat ipagcasaquit nang man̄ga tauo, nacagagaling naman sa paglagò nang man̄ga halaman, at nacapagbabauas sa totoong malaquing cainitan. Bucod dito, y, naquiquita natin ang isang cahan̄gahan̄gang bagay sa naturaleza, na ipinaquiquita nang Maycapal, nang tayo, y, magcaroon nang galang at pangguiguilalas sa caniya.

Páhiná 137

SI LUISA. ¡Totoong mariquit pong bagay ang sinabi ni Basilio! ¿ibig pô бага ninyong aco, y, dalhin sa buquid cung sumasamà ang panahon, nang maquita co iyang lahat na sinabi ni Basilio? At hindi aco magdadala nang tacot.

ANG AMA. Susundin co ang iyong nasà.—Si Robinson, yamang talastas na ninyo, na nagpaualang halaga sa lahat nang sucat matutuhan sa caniyang cabataan, at caya n̄ga di niya natatalastas na ang man̄ga sigua at masasamang panahon ay man̄ga biyayà nang Dios, at бага ma, t, naguiguing sanhi nang alin mang casacunaan (na naaayon sa mataas na adhicà nang caniyang carunun̄gan) ay pinanggagalingan nang malaquing cagalingan, para nang sinalitâ ni Basilio na nacalilinis nang han̄gin, na totoong nacagagaling sa man̄ga tauo, sa man̄ga hayop at sa man̄ga halaman. Habang nacaupò si Robinson sa isang suloc nang caniyang yun̄gib, at totoong quiniquilabutan, ay totoong naglalaù ang tubig, nagninin̄gas ang man̄ga quidlat, umuugong na ualang licat ang man̄ga culog; at malapit nang tanghaling tapat ay di pa naglulubag ang casamaan nang panahon.

Páhiná 138

Hindi siya nacacaramdam nang gutom dahil sa pagcatacot; datapoua, t, naghihinagpis ang caniyang loob sa man̄ga calumbaylumbay na guniguni niya. Dumating na ang oras, aniya, na ibig nang Dios na aquing pagbayaran ang man̄ga guinauà cong casalanan. Nacaamba na ang caniyang camay sa aquin; mamamatay aco, y, hindi co maquiquita ang man̄ga cauaaùà cong magulang.

SI RAMON. Tungcol diya, y, di aco umaayon sa catoto nating si Robinson.

SI NICOLÁS. ¿Baquit?

SI RAMON. ¿Di caya pinagcalooban na siya nang Dios nang di mamagcanong biyayà, at nang caniyang maquilala, na yaong totoong mabuting Ama ay di nagpapabaya sa umaasa sa caniya sa boong pusò, at tunay na nagpipilit na magbagong asal? ¿Di caya siya iniligtas sa pagcalunod sa isang capan̄ganibang sucat icalagot nang buhay? ¿Di caya siya tinutunghan, at nang houag siyang mamatay sa gutom? ¡At gayon ma, y, totoong nagpapacahinang loob! ¡Ito, y, hindi mabuting gauà!

Páhiná 139

ANG INA. Gayon din ang acalà co, Ramon, datapoua, t, cauaan natin ang binatang ito. Di pa nalalaong siya, y, nagmumulimuli, at caya n̄ga di pa sucat masulong na totoo sa landas nang mabuting asal, na para nang ibang mulà sa cabataan ay tinuruan na.

ANG AMA. Mabuti ang sabi mo, at pinasalamatan quita, sa pagca, t, quinaaauaan mo ang aquing Robinson. Untiunting lalong naiibigan co siya, sa pagca, t, naquiquita cong

nagbabago na nang asal. Samantalang siya,y, sinasalacay nang catacutan at cabalisahan, ay tila naglulubag ang samâ nang panahon. Habang humihinà ang culog at nagbabauas ang ulan, ay sumisibol na muli sa pusò ni Robinson ang pagasa. Inacalà niyang maipatutuloy ang caniyang paglacad; at nang quinuha na ang caniyang supot at ang caniyang palacol ay bigla siyang nagulantay at napasubasob sa lupà.

SI JUAN. ¿Ano pô ang nangyari sa caniya?

ANG AMA. Bigla niyang narinĝig sa ibabao nang caniyang ulo ang isang caquilaquilabot na culog, nanĝinig ang lupà, at si Robinson ay nanigas na parang bangcay. Sa pagca,t, pumutoc ang isang culog sa cahoy na nasa ibabao nang yunĝib, at sa pagcabali ay lumagapac nang malacas, na ang acalà ni Robinson ay siya,y, tinamaan. Malaong oras na di siya pinagsaulan nang loob; datapoua,t, nang caniyang matalastas na di siya naaano ay nagbanĝon; at ang una niyang naquita sa malapit sa pintò nang caniyang yunĝib ay isang malaquing cahoy na ibinual nang culog. Isang bagong caralitaan ni Robinson. Sa pagca,t, ¿saan isasabit ang caniyang hagdan, cung nabual na boò ang cahoy, para nang inaacalà niya?

Páhiná 140

Nang caniyang maramdaman na tumilà na ang ulan, at ualà na siyang naririnĝig na culog, ay nanĝahas na lumabas. Datapoua,t, ¿ano caya ang caniyang naquita? Isang bagay na biglang iquinapagpasalamat sa Dios, iquinapuspos niya nang pagibig, at iquinahiya niya dahil sa caculanĝan nang caniyang pagasa. Sa macatouid ay ang sanĝa nang cahoy na tinamaan nang culog ay nagniniĝas, na dahil dito,y, ualà sa caniyang gunitâ ay nagcaroon siya nang lalò niyang quinacailanĝan; cung sa bagay ay nang iniisip niyang siya,y, na sa sa lalong malaquing casacunaan, ay hindi gayon, cundi lalong inaampon siya nang Dios nang isang tanĝing biyayà.

Páhiná 141

Puspos nang di malirip na pagquilala at catouaan na iquinaiiyac niya, ay nagpasalamat siya nang boong pagibig sa mapagpalang Ama nang manĝa tauo, na cahit nagpapahintulot na mangyari ang manĝa caquilaquilabot na bagay, ay dili ang hindi gumagauà siya nang puspos na carununĝan at catuiran. ¡Oh! ¿gasino ang tauo, aniya, hamac na ood sa lupà, at gaano ang caniyang naalaman, at manĝanĝahas lumaban sa manĝa ipinagtatalaga nang Dios na di sucat malirip nang sinoman?

Magmulà na niyaon ay nagcaroon siya nang apuy, na di niya pinaghihirapan ang pagpapaniĝas; magmulà na niyaon ay di niya pinaghirapan ang pagiinĝat; nabuhay na siyang di lubhang nasisindac at naliligalig tungcol sa paghanap nang cacanin sa pulóng yaon.

Inaliban niya ang paghuli nang manĝa hayop na llama, na siyang pinacausá cung baga dito sa Filipinas, at ang caniyang pinanĝasiuaan lamang muna ay ang pagiinĝat nang caniyang apuy at ang paglulutò nang hayop na yaon, na magmulà sa unang arao ay iniuang niya sa ihauan.

Páhiná 142

Sa pagca,t, ang apuy ay hindi umabot sa dacong ibaba nang sanĝa, na quinabibitinan nang caniyang hagdan lubid, ay mangyayaring siya,y, macasampa nang ualang panĝanib. Ganito nĝa ang caniyang guinauà; cumuha siya nang isang sanĝang nagniniĝas, saca nanaog siya sa harapan nang pinapasucan sa caniyang tahanan at nagsigâ siya sa calapit nang laman nang hayop at muli siyang umaquiat nang ualang caliuagan at pinatay niya ang apuy na nagaalab sa cahoy, at caracaraca nama,y, namatay.

Nĝayo,y, si Robinson ay naging cosinero na, at hinahaguisan nang yaguit ang caniyang sigâ nang houag mamatay, at nagpapalibidlibid sa caniyang ihauan. Totoo siyang nauiuli sa panonood nang apuy; at inaari niyang isang mahalagang biyayà nang Dios na ipinagcaloob sa caniya, hindi lumilicat nang pagdidilidili nang daquilang capaquinabanĝan na quinacamtan nang tauo sa apuy.

SI RAMON. Tunay nĝa at ang apuy ay isang larauan nang cadiosan; siyang pinacamahal sa manĝa elemento.

ANG AMA. Caya nĝa sa manĝa bulag na gentil ó di binyagan ay isang caraniuang caugalian ang pagsamba at paggalang sa caniya. Sa Roma ay laguing iniinĝatan ang apuy sa templo nang diosa Vesta, sa Atenas ay sa templo ni Minerva, sa Delfos ay sa templo ni Apolo; at nabasa mo na cung paano ang guinagauang paggalang sa caniya sa Persia.

Páhiná 143

SI RAMON. Oo nĝa, datapoua,t, tayo na, sa auà nang Dios, ay naliliuanagan nang tunay na aral, ay natatalastas natin na ang apuy ay hindi dios, cundi isang biyayà nang Dios, na para naman nang tubig, nang lupà at nang hanĝin, na nilic-hà at nang paquinabanĝan natin.

ANG AMA. Sa pagcain nang nacaraang arao, niyong sinasalità co sa inyo, na ang iquinabusog ni Robinson ay ang laman nang hayop na llama na pinalambot sa capucpoc ay hindi niya inalumana ang caualan nang asin, at inaasahan niya na sa calaunan nang panahon marahil ay matatagpuan niya doon sa pulò; datapoua,t, nĝayon ay iquinatouà na niya ang pagparoon sa tabi nang dagat, at sumaloc siya nang isang baou nang tubig na maalat, at siya niyang ibinasà sa laman nang hayop na llama, sa pagca,t, ualà siyang ibang asin.

Nang inaacalà niyang lutò na ay gaano caya ang caniyang catouaan sa unang pagputol at pagsubò nang caniyang ulam, ualang sucat matalastas cundi ang para niyang hindi nacatiquim na apat na lingo nang anomang pagcaing inalulutò sa apuy, at inaacalà niyang ualà siyang sucat asahan na macacain pa nang gayong pagcain.

Páhiná 144

Ang malaqing bagay na dapat matalastas n̄gayon, ay cung paanong sucat niyang gau-in, at nang houag mamatay ang apuy.

SI TEODORA. Iyan ay lubhang madali. ¿Mayroon pa cayang sucat gau-in para nang touî na,y, lagyan nang cahoy?

ANG AMA. Totoo n̄ga; ¿datapoua,t, sa gabi at cung habang siya,y, natutulog ay biglang bumacsac ang malacas na ulan, ay anong magagauà natin?

SI LUISA. Talastasin pô ninyo ang aquing sinasabi. Ang guinauà co sana,y, ang sigà ay pinanailalim co sa loob nang yunġib, na houag macapasoc ang tubig.

ANG AMA. Hindi masamang caisipan iyan; datapoua,t, ang cahirapan ay ang yunġib na yaon ay totoong mahigpit na bahaguia na niya matulugan. At saca ualang butas na lalabasan nang usoc, na di niya icahihinġa.

SI LUISA. ¡Ay! tunay n̄ga. Sa caguipitang iyan ay hindi co siya maaalis.

Páhiná 145

SI JUAN. ¡Tingnang ninyo ang cahirapang ito! ¡diyata,t, sa toutouî na ay siya,y, na sa isang caguipitan! di mamacailang inaacalà natin na ang cauaauang si Robinson ay nacaalis na sa cahirapan; datapoua,t, hindi ... Caguinsaguinsa,y, magcacaroon nang isang bagay na macapagpipighati sa caniya.

ANG AMA. Diyan mo maquiquita ang laqing cahirapan sa isang tauo na matakpan niyang magisa ang lahat nang cailanġan, at cung gaanong capaquinabanġan ang ibinibigay sa atin nang paquiquisama. Oo, manġa anac co; tayong lahat ay totoong cahabaghabag, cung ang baua,t, isa sa atin ay mabuhay nang nagiisa, at ualang tulong na maaasahan sa ibang capouà tauo. Ang sanglibong camay ay hindi macagagauà at macapaghahandà nang quinacailanġan nang baua,t, isa sa arao arao.

SI JUAN. ¿Ano pang uica ninyo? ¿Sanglibong camay ay di macagagauà nang quinacailanġan nang baua,t, isa sa arao arao?

ANG AMA. ¿Hindi ca naniniualà, Juan? tingnan natin ang quinailanġan mo n̄gayong arao na ito. Unauna,y, natulog ca hangang sa lumabas ang arao; at sa isang hihigang magaling; ¿dili caya gayon?

Páhiná 146

SI JUAN. Sa isang colchon at sa isang cumot at sa isang unan.

ANG AMA. Ang colchon na lamang ang ating sabihin. Ito,y, quinasusulutan nang lana ó balahibo nang tupa, na ang unang una,y, naguing cailanġan ang pagaalilà nang tupa, at ang isa,y, pumulot nang caniyang balahibo; ang isa,y, naglaba; ang isa,y, tumimbang at nagbili; ang isa,y, naghatid sa bahay nang lanero; at muling ipinagbili nito sa colchoner, na nang mangyaring maguing colchon, ay inihanay sa isang balotan nang liensong may guhit na tinatauag na terliz. ¿At saan nangaling ang terliz?

SI JUAN. Guinauà nang manghahabi.

ANG AMA. ¿At anong naguing cailanġan paghabi?

SI JUAN. Ang sinulid, at isang habihan, at iba,t, iba pa.

ANG AMA. Sucat na. At sa paggauà nang habihan at lahat nang manġa casangcapan, ¿ilang camay ang naguing cailanġan—Saca ang manghahabi ay hindi macahahabi cung ualang hinahabi; datapoua,t, ¿saan nila quinuha?

SI JUAN. Sa manġa hilandera ó lumulubid nang hinahabi.

Páhiná 147

ANG AMA. ¿At natatalastas mo cung ilang camay ang pinagdadaan nang lino bago mahabi, na pasisimulan sa pagtanim nang linasa ó cañamones?

SI JUAN. Magdaraan sa apat ó limang camay.

ANG AMA. Hindi lamang sa apat ó lima cundi sa daluang puong camay. Datapoua,t, sabihin mo sa aquin: ¿ang carayom na ipinanahi sa colchon, ay hindi bago patalim? at ang patalim ¿ay hindi bago quinucuha sa mina? At magmulà nang macuha sa mina hanġan sa maguing carayom, ¿ilang tauo ang naguing cailanġan? ¿Ilang manġa casangcapan at manġa máquina ang naguing cailanġan sa paggauà nang carayom? ¿At ilang manġa tauo ang naguing cailanġan sa pagtatayò nang maquina?...

SI JUAN. ¿Saan pô tayo hahanga?

ANG AMA. N̄gayo,y, pagpisanpisanin mo at pagbilangbilangin ang guinugol na paggauà sa pagtanim nang cañamo ó lino, at ang manġa ararong quinailanġan nang magsasacá bago naitanim; ang sarisaring paggauà na quinacailanġan sa paghabi; ang manġa naguing cailanġan sa paglilinis nang lana, at sa paggauà nang carayom, tila ualang cabuluhang bagay; at saca n̄gayo,y, sabihin mo sa aquin, cung natantò mo na na sa paggauà nang isang hihigan na tutulugan niyang mahinusay ay naguing cailanġan ang sanglibong camay.

Páhiná 148

SI TEODORA. Tingnan n̄ga pô ninyo na di macasapat ang sanglibong camay sa quinacailanġan natin sa arao arao.

ANG AMA. Saca pagcurocuroin mo ang manġa ibang bagay na quinacailanġan mo sa arao arao;

bago mo sabihin sa aquin, cung sucat mong pagtachan na si Robinson ay palagui nang na sa isang malaquing caguipitan, yayamang ualang ibang camay na macatulong sa caniya, at niyong nagcacailanĝan na dito,y, iquinatatapus niyang madali nang anomang gagau-in.

Ang totoo niyang iquinaliligalig, ay ang paghanap nang paraan na magcaroong mulí nang apuy cung sacali,t, mamatay ang caniyang sigâ. Cung minsan ay quinacamot ang ulo sa pagpipilit nang pagcucuro nang mabuting paraan; cung minsa,y, biglang ilacpac ang camay sa pagcapagod nang caiisip; cung minsa,y, nagpapasial, na di maalaman cung ano ang caniyang gagau-in. Datapoua,t, sa catapusa,y, nailiĝap lamang niya ang caniyang mata sa manĝa batong nacaliliquid sa isang munting burol ay naisipan na niya ang caniyang gagau-in.

Páhiná 149

SI ENRIQUE. ¿At ano caya yaon?

ANG AMA. May isang batong malaqui na ang taas ay mahiguit na isang vara sa lupà.

SI CARLOS. ¿Gaano caya ang laqui?

ANG AMA. Inaacalà cong may dalauang vara ang habà, isang vara ang luang at gayon din ang capal.

Baga ma,t, umulan nang malacas, ay tuyô rin ang ilalim nang batong yaon, na parang mayroong bubunĝan sa ibabao. Saca naquita ni Robinson na sa ilalim nang batong yaon ay macagagauà nang isang tahanan na totoong nababacuran; at napagmasdan pa na madaling macagauà doon nang isang cosina na may lalabasan nang usoc. Pinasiya nĝa sa loob na caniyang pasimulan agad. Sa ilalim nang bató ay hinucay niya nang caniyang asarol ang lupà na mahiguit sa isang vara, at inaacalà niyang sarhan ang dalauang panig hangan sa umabot sa bató sa itaas.

SI TEODORA. ¿At paanong gagau-in niya sa pagsasara sa dalauang panig?

ANG AMA. Siya,y, nahirati nang pagmalasin ang lahat nang bagay na caniyang naquiquita, at itinatanong niya sa caniyang sarili: ¿ano caya ang cagagamitan co nito? caya nĝa di niya inalintana ang pagcaquita nang isang lupang malagquit na caniyang napagmasdan sa isang lugar nang pulô; at magmulà niyao,y, sinabi niya sa caniyang sarili: ¿sinong nacatatalastas, cung maaalaman co ang paggauà sa lupang ito nang ladrillo at nang macapagbanĝon aco nang isang pader ó isang dingding? napagisip niya ang bagay na ito; at nang caniyang mahucay na ang lahat nang lupà sa caniyang cusina, ay dinampot niya ang caniyang asarol, quinuha niya ang caniyang sundang na bató, at siya,y, lumipat sa quinalalaguian nang lupang malagquit, ticang ipatutuloy ang bago niyang guinagauà.

Páhiná 150

Sa calacasan nang ulan ay lumambot ang putic na hindi niya pinaghirapan ang paggauà sa lupang yaon na maguing parang ladrillo, at pagcatapus ay maputol niyang magcaparapara. Nang caniyang magauà sa sandaling oras ang manĝa ladrillong ito, ay inihanay niya sa isang lugar na tatamaan nang arao sa maghapon, at inaliban niya sa icalauang arao ang pagpapatuloy nang caniyang guinagauà, nagbalic siya sa caniyang tinatahanan, ticang cacanin niya ang natira niyang inihao, sa pagca,t, sa caniyang casipagan ay nagdamdam siya nang cagutuman. Nang mangyaring siya,y, macacaing magaling sa arao na yaon, ay dinagdagan niya ang caniyang pagcain nang laman nang niyog na caniyang natira, at dahil dito,y, totoong sumarap ang caniyang pagcain.

Páhiná 151

¡Ah! ang sigao ni Robinson na nagbubuntong hiniĝa sa caibuturan nang pusò, sa caligayahan at calumbayan. ¡Ah, laquing capalaran co, aniya, nĝayon, cung aco,y, magcaroon nang isa man lamang caibigan, cahit isang tauong lalong maralitâ sa lahat nang salantâ na sumama sa aquin; isang may pagiisip, na mapagsabihan cong siya,y, aquing iniibig, at masabi naman niyang aco,y, iniibig niya! ¡Ó magcamayroon man lamang aco nang isang hayop sa bahay, isang aso, ó isang pusà, na aquing magauan nang magaling, at umamò na mamangĝinon sa aquin! Dito na tumulò ang caniyang luhà, sa pagala-ala nang panahon na sucut niyang macamtan ang cauilíuiling paquíquisama sa caniyang manĝa capatid at caibigan, na caniyang quinaauay. ¡Ay! ang sigao niya, sa malaquing capighatian nang pagcaalaala niya nang bagay na ito: ¡hindi co aniya napagaalaman noon ang cahalagahan nang isang caibigan! ¡Totoong mahirap pala ang ualà tayong caulayao, cung ninanasa nating mabuhay nang maligaya! Cung nĝayo,y, mangyayaring aco,y, magsauli sa batà, ¡gaanong cagandahan nang loob ang ipaquiquita co sa aquing manĝa capatid at manĝa capouà batà! ¡Gaanong pagtitiis co sa mumunti nilang caculanĝan! ¡At gaanong pagiinĝat co at pagpipilit na macasundo ang lahat sa aquing mabuting caugalian, nang sila,y, mapilitang umibig sa aquin! ¿Baquit, Dios co, di co natalastas ang malaquing cagalinĝan nang paquíquipagcaibigan sa di co na macamtan, at di co macamtan magpacailan man?

Páhiná 152

Nang caniyang masabi ito, ay nagcataong nailiĝap niya ang mata sa isang suloc nang mahigpit niyang tahanan, at nacaquita siya nang isang gagamba na doo,y, gumauà nang bahay. Nacaramdam si Robinson nang isang malaquing caligayahan sa pagcaisip lamang na siya,y, matutulog na may isang casama, na di na napagcuro na yao,y, isang hayop na totoong ualang halaga. Tinicang humuli arao arao nang lanĝao nang maibigay sa gagamba, at nang caniyang maipaquilala sa hayop na yaon, na siya,y, na sa sa isang lugar na ualang sucut catacutan, at doo,y, siya,y, pinacacain nang boong pagibig at casaganaan, at nang mangyaring siya,y, umamò cung mangyayari.

Páhiná 153

Yayamang hindi pa guinagabi, at ang hanĝing humihihip ay malamig at maguinhoua

dahil sa nagdaang unós, ay ayao si Robinsong matulog, cundi gugulin pa ang sandaling panahon sa isang bagay na may casaysayan; dahil dito,y, hinauacan ang caniyang asarol, at mínulan ang paghucay nang lupà nang caniyang cusina. Datapoua,t, tinamaan niyang nagcataon ang isang bagay na matigas na nababaon sa lupà, at halos nasirà ang caniyang asarol. Inacalà niyang yao,y, isang bató: datapoua,t, ¡gaano ang caniyang pagtatataca nang caniyang buhatin ang bagay na yaon na totoong matigas at mabigat, at naquita niyang yao,y, quintong dalisay!

SI JUAN. ¡Totoong mapalad naman yaong si Robinson na ualang cahalimbauà!

ANG AMA. Mangyari; siya,y, anac nang capalaran. Ang quintong caniyang nacuha ay totoong malaqui na cung caniyang gagau-ing salapî ay lalabasan nang sandaang libong piso. Tingnan mo at totoong mayaman na at macapangyarihan si Robinson. ¡Ilang bagay caya ang caniyang mabibili at ilang tauo caya ang caniyang mauutusan! mangyayaring siya,y, macapagpatayò nang isang Palacio, magcacaroon siya nang manġa salamin, manġa palamuti sa bahay, manġa carruage, manġa cabayo, manġa alilà, at sarisari pang bagay.

Páhiná 154

SI TEODORA. Oo nġa pò, datapoua,t, ¿saan siya cucuha sa pulong yaon nang manġa bagay na iyan, cung doo,y, ualà isa mang tauong magbili sa caniya nang anomang bagay?

ANG AMA. Totoo nġa ang salitâ mo: hindi co naalaala ang bagay na yaon. Datapoua,t, si Robinson ang siyang nacapagdilidili niyan, sa pagca,t, bucod sa di niya iquinaligaya ang pagcaquita nang cayamanang iyan, ay caniyang sinicaran at pinaguicaan nang ganito: «Diyan ca matapon, hamac na quintò, na carania,y, totoong pinipita nang manġa tauo, at di miminsang sa pagcacamit sa iyo ay nacagagauà nang cahiyahiyà at cung minsa,y, nagcacasala pa. ¿Anong mahihitâ co sa iyo? ¡Oh! cung ang naquita co sana,y, isang pirasong bacal, marahil ay magagauà cong isang palacol ó isang sundang! ay ualang caliuagang ipagpapalit quita sa isang dacot na pacò, ó sa alin mang casangcapang paquiquinabanġan.» Iniuan niya sa lupà yaong mahalagang bagay, at pagcatapus ay bahaguia na niya matingnan cung siya,y, napaparaan sa quinalalaguian.

Páhiná 155

SI LUISA. Natatalastas pô ninyo na ang caniyang guinauà ay para nang guinauà nang manoc.

ANG AMA. ¿Ano ang guinauà nang manoc?

SI LUISA. ¿Baquit pô? ¿Nalilimutan na baga ninyo ang fábula na inyong sinalitâ sa amin isang arao? minsa,y, ang isang manoc ay nagcucutcot sa lupà; at di caguinsaguinsa,y, nacaquita siya nang isang mahalagang bagay..... ¿Ano cayang mahalagang bagay?

ANG AMA. ¿Isang margarita baga?

SI LUISA. Oo pô, isang margarita na ang pahayag ninyo sa amin ay isang perlas. At ang sinabi nang manoc ay ganito: «¿Anong mahihitâ co sa iyo cahit anong diquit mo? mabuti pa sa aquin ang aco,y, nacaquita nang isang butil na palay.» At dahil dito,y, pinabayaan ang margarita sa lupà, at hindi na niya inalaala minsan man.

ANG AMA. Totoong mabuti ang pagcacatulad mo sa fábula. Ganito nġa ang guinauà ni Robinson sa quintong caniyang nasumpunġan.

Páhiná 156

Samantalang nalalapit naman ang gabi, sa pagca,t, matagal nang ang arao ay sumusucsoc na sa dagat.

SI TEODORA. ¿Baquit pô sumusucsoc sa dagat?

ANG AMA. Ganito nġa ang acalà nang manġa nagsisitahan sa capuluan, ó as alin mang lugar na ualang naquiquita cundi dagat. Ang tinġin nila,y, capag lumulubog ang arao, ay tila totoong napaiilalim sa dagat; at dahil dito,y, sinasabi natin na cung minsan ay napaiilalim sa dagat; sumicat na maliuanag ang bouan sa cabilang ibayo nang langit, na naliliuanagan ang yunġib ni Robinson nang isang cauliuling liuanag, na sa caligayahan nang pagmamasid ay nalaon bago natulog.

Datapoua,t, nang mahaguisan na niya nang manġa malalaquing cahoy ang apuy nang lumagui ang ninġas, ay siya,y, natulog na.

Tayo naman ay liniliuanagan nġayon nang banaag nang bouan, ay nagbibigay liuanag sa lupà. Habang tayo,y, napatutunġo sa bahay ay ating pagmalasing magaling. Tingnan ninyo at totoong mariquit at cauliuiili; at handugan natin nang pasasalamat ang lumic-hâ sa caniya, at nang magbauas ang calungcutang inihahandog sa atin nang cadiliman nang gabi.

Páhiná 157

TALABABA:

[3] Sa Europa ay bihira nġa ang namamatay sa culog; datapoua,t, hindi gayon dito sa sancapuluan na sa taon taon ay hindi nauaualan nang nababalitang namatay sa culog.

Sa icalauang arao nang hapon ay si Juan, si Nicolás at si Teodora, ay nanġahas na binatac sa camay ang canilang ama at sa dulo nang caniyang casaca, na ang nasa,y, dal-hin siya sa buquid. Ang lahat ay naquitulong sa canila, at napilitan siyang umalis nang bahay.

ANG AMA. ¿Anong laquing pagpipilit ninyo? ¿Saan ninyo aco ibig dal-hin?

SI JUAN. Sa buquid, sa ilalim nang punò nang mansana.

ANG AMA. ¿At baquit?

SI NICOLÁS. Nang ipatuloy ninyo ang sinapit ni Robinson.

SI TEODORA. Oo pô, ang historia ni Robinson natin.

ANG AMA. Oo nġa; datapoua,t, inaacalà cong hindi iquinaaalio ninyo ang aquing Robinson na para nang una.

Páhiná 158

SI JUAN. ¿Baquit pô? ¿sino ang nagsabi sa inyo?

ANG AMA. Cung hindi aco nagcacamalî, ay naquita co cahapon na ang ilan sa inyo ay naghihicab, at ito,y, caraniuang isang tandâ na quinayayamutan na ninyo.

SI TEODORA. Hindi pô. Cami po,y, napagod sa cahuhucay sa halamanan, at talastas na ninyo na pagcatapus nang paghucay sa boong hapon, ay sapilitang mag aantoc nang caunti.

SI NICOLÁS. Nġayo,y, ualà coming guinagauà cundi ang magbunot nang damó, at dinilig namin ang ensalada lamang, caya cami hindi nagaantoc.

SI LUISA. Tingnan ninyo ang paglucso co. ¿Paanong aco,y, mag aantoc?

ANG AMA. Sasalitin co, yayamang siya ninyong iniibig; datapoua,t, capag cayo,y, napapagod na sa paquiinyig nang historia ay sabihin ninyo sa aquin.

SI JUAN. Hindi pô cami mapapagod, caya salitin na ninyo.

ANG AMA. Sa pagca,t, sa pulò ni Robinson ay hindi matiis ang init cung arao ay napipilitan siyang cung may anomang gauà ay pinasisimulan niya sa umagang umaga, at pagtaas nang arao caniyang itiniguil, bago niya pinagbabalikan capag dacong hapon na. Nagbanġon na nġang maagang maaga, dinagdagan nang gatong ang apuy, at quinain ang calahati nang niyog na caniyang natira. Inibig namang ihao ang capirasong laman nang hayop na llama, datapoua,t, sa pagca,t, may amoy dahil sa labis na cainitan, caya hindi siya nacacain nang lamang cati sa arao na yaon.

Páhiná 159

Sa oras nang caniyang pagcuha nang caniyang supot na ticang dadal-hin sa caniyang pinaggagauan nang manġa ladrillo, ay naquita niya ang manġa patatas na caniyang isinilid doon na may dalaua nang arao. Naisipan niyang ilagay ang manġa patatas na ito sa ilalim nang abo nang caniyang sigâ, at nang maalaman niya cung ano ang maguiguing lasa cung malutò, at capagcatapus nito ay lumacad na.

Dinalidali niyang totoo ang paggauà, na bago tumangahali ay naquita niyang mabuti na ang lagay nang caniyang manġa ladrillo, na inaacala niyang cailanġan sa pagbabacod sa caniyang cusina. Saca napatunġo sa tabing dagat sa paghanap nang manġa ilang talaba; totoong cacauti ang caniyang naquita, datapoua,t, doo,y, nasumpunġan niya nang boong caligayahan ang isang pagcaing lalò pang mahalaga.

Páhiná 160

SI JUAN. ¿At ano pô yaon?

ANG AMA. Isang hayop na cailan ma,y, hindi niya nacacain; datapoua,t, narinġig niya na ang laman niyon ay totoong mabuti at masarap.

SI JUAN. At sabihin ninyo ¿cung anong hayop yaon?

ANG AMA. Isang pagóng na totoong malaqui, at bihirang maquita ang ganoong calaquing pagóng sa manġa lugar na yaon. Ang bigat ay may isang quintal.

SI TEODORA. ¡Caquilaquilabot na pagóng yaon! ¿At mayroon pang lalong malalaqui?

SI JUAN. Oo, at totoong malalaqui. ¿Hindi mo naaalala ang sinasabi sa atin nang ating ama sa historia nang manġa biaje niong manġa tauong lumibot sa paliguidliguid nang mundo, at nacaquita sila sa dagat nang dacong timugan nang ilang manġa pagóng na ang timbang ay may tatlong daang libra?

SI TEODORA. ¡Catacattacot!

ANG AMA. Pinasan ni Robinson sa balicat yaong malaquing pagóng, ó pauican, at dahandahan niyang dinala sa caniyang yunġib. Diya,y, pinagpupucpoc niya ang balat sa licod nang pagong hangan sa nagputoc ang bandang ibabâ; at sacá quinuha ang laman at caniyang pinatay, pumiraso nang laman na caniyang iihao. Sa caniyang capaguran ay nagcaroon siya nang gustong cumain; at habang caniyang inihao, ay pinagiisipisip niya cung ano ang caniyang gagau-in sa natitirang laman nang pagóng at nang houag masirà, sa pagca,t, siya,y, ualang asin at sisiglang pagaasnan.

Páhiná 161

Iquinapipighati niya ang pagcagunitâ na ang laman nang pagong, na macacain niya hangang manġa ualong arao at mahiguit pa, ay hindi na macacain pagdating nang apat na

puong oras; datapoua,t, naisipan niya ang paraan nang pagaasin. Ang balat sa licod ó talucab nang pagong ay magagauà niyang sisiglan nang pagaasnan. Datapoua,t, ang uicà niya,y, ¿saan aco cucuha nang asin?... ¡Ah, pagcahanḡalhanḡal co! aniya. ¿Sinong macapagaalis sa aquin na busan co nang tubig na maalat sa dagat ang laman nang pagong, at ito,y, para ring inasnan? ¡Mabuting caisipan! ang uicà niya; at sa malaquing catouaan sa pagcaisip niya, ay lalo siyang lumicsi nang pagiihao.

Páhiná 162

Sa catapusa,y, nang malutò na ang capiraso nang pagong, at maticman na niya ang casarapan, ay nagbuntong hiniḡa at naguicà nang ganito: «¡Oh cung aco,y, magcaroon sana nang capirasong tinapay! ¡Pagcahanḡal co niong aco,y, batà, na di co natatalastas na ang capirasong tinapay ay isang daquilang biyayà nang lanḡit! Di co pa iquinatotoua niyon ang tinapay lamang, cung ualang cahalong mantequilla ó queso, at nḡayo,y, aariin cong isang malaquing caparalaran, cung magcamit aco nang maiting na tinapay na ibinibigay sa asong nagbabantay sa halamanan.»

Sa pagiiisip niya nito,y, naalaala niya ang manḡa patatas na caniyang iniuan sa umaga sa ilalim nang abó. Tingnan natin, aniya, cung ano ang labas; at cumuha nang isang patatas. ¡Bagong caligayahan, at bagong capalaran niya! yaong matigas na bunḡa nang cahoy na matigas ay lumambot at totoong masarap ang amoy nang biyaquin niya, na di na pinagtingnantingnan, at caniya nang isinubò, at naticman niyang totoong masarap.

Páhiná 163

Magmulà na niyaon ay natalastas ni Robinson na ang bunḡang yaon, bagama,t, nacucuha sa bundoc, ay magagauà niyang parang tinapay.

Quinain na nḡa niya; sa pagca,t, ang sicut nang arao ay totoong masaquit, ay naghilighiligan siyang sandali sa caniyang hihigan, at pinagcurocurò niyang magaling cung ano ang caniyang magagauà, capag nagbauas na ang init nang arao. Totoong cailanḡan, aniya, na hintin cong mabilad sa arao nang tumigas ang aquing manḡa ladrillo, at aquing pasisimulan ang pagtatayò nang pader. Samantala,y, aco,y, lalabas nang panghuhuli nang isang manḡa dalauang hayop na llama. Datapoua,t, ¿anong gagau-in co sa totoong maraming lamang cati? Ang dapat cong gau-in ay aquing tapusin ang cusina co, at nang aquing mapausucan ang anomang ibig cong itingal. ¡Mabuting caisipan ito! ang uicà niya; at caracaraca,y, nagbanḡon sa hihigan, napatunḡo sa talaga niyang gagau-ing cusina, at nang mapagacaacalà niya doon ang lalong mabuting paraan nang masunod niya ang caniyang ninanasà.

Hindi naglao,t, caniyang natalastas na ang bagay na yao,y, caniyang magagauà; sa pagca,t, bucsan lamang ang pader na caniyang itatayò nang dalauang butas, at isulot niya sa dalauang butas na yaon na magcatapat ang isang cahoy na mahabà, ay ualang caliuagang maisasabit niya ang lamang cating ibig niyang paasuhan, at dahil dito,y, yari na ang chimenea. Dapat na ninyong maacalà na dito sa bago niyang naisipan ay totoo siyang natotouà. Ibibigay niya cahit anoman, houag lamang di tumigas agad ang caniyang manḡa ladrillo, at nang caracaraca,y, mapasimulan na niya ang daquilang bagay na caniyang binabantà. ¿Datapoua,t, anong dapat niyang gau-in? Ang magtiis hangang sa tumigas ang caniyang manḡa ladrillo sa init nang arao, at samantala,y, humanap siya nang sucat magauang paquiquinabanḡan sa hapong yaon.

Páhiná 164

Sa bagay na ito,y, nagcurocurò siya, at nungò sa caniyang pagiiisip ang isang bagay na totoong malaqui sa lahat at siya,y, nagtaca sa caniyang cahanḡalan at di niya naisipan agad yaon.

SI JUAN. ¿At ano pô yaon?

ANG AMA. Ang magalilà sa bahay nang ilang manḡa hayop, na di lamang gagamitin niya sa pagcain cundi naman maguing casama niya.

SI TEODORA. ¡Ah! ¿Di pô бага yaong manḡa hayop na tinatauag na llama?

ANG AMA. Tootoo nḡa: sa pagca,t, yaon lamang ang manḡa hayop na caniyang naquita doon. Sa pagca,t, totoong maaamò ay inacalà niyang hindi siya magcacapagod na humuli nang dalauang buháy.

Páhiná 165

SI TEODORA. ¡Totoong mariquit na bagay! at ibig cong macasama niya, at nang macahuli pa nang dalaua nang manḡa hayop na yaon.

ANG AMA. ¿Datapoua,t, ano ang gagau-in mong paraan nang macahuli cang buháy nang manḡa hayop na llama? sa pagca,t, hindi natin dapat na acalain na totoong maaamò na napahuhuli sa camay.

SI TEODORA. Cung gayo,y, ¿paanong gagau-in ni Robinson sa paghuli sa canila?

ANG AMA. Diyan naririyang ang cahirapan; at ito ang pinangugulan niya nang matagal na pagiiisip ó pagcucurò. Datapoua,t, capag ang tauo,y, nagaacalà nang isang bagay na may capangyarihang mayari, ay ang pagpipilita,y, ang catiyagaan at pananatili, sa pagca,t, sa catapusa,y, tatalunin niya ang lahat nang caniyang pagiiisip at casipagan. Totoong daquilà ang capangyarihang ipinagcaloob sa atin nang maauing Cumapal sa atin.

Talastasin ninyo ito; cailan ma,y, houag cayong magaalinlanḡan at malulupaypay ang inyong loob sa anomang bagay na inyong gagau-in, cahit anong hirap, houag lamang di ninyo pagtiticahang matibay hangan sa di ninyo maquitang matapus. Ang casicapan, ang

Páhiná 166

laloong pagcucuro, ang catibayan nang loob, ay siyang iquinayayaring madali nang manġa bagay na sa unang paggauà ay inaacalang di mayayari. Cailan ma,y, houag ninyong pahihinain ang loob, cahit anong cahirapan ang nacahahadlang sa anomang bagay na ibig ninyong gau-in; cundi acalain ninyo na cung lalong malaqui ang pagpipilit na quinacailanġan sa paggauà nang anomang bagay, ay lalong malaqui ang caligayahan na inyong cacamtan cung maquita ninyong matapus na.

Ganito nġa ang guinauà ni Robinson nang macatagpò nang paraan sa paghuling buhay nang manġa hayop na llama; at ito,y, ang paghahandà nang isang silò, magtatagò siya sa alin mang cahoy, at ihahaguis niya ang silò sa unang hayop na lumapit sa caniya.

Dahil dito,y, guinugol niya ang ilang oras sa paggauà nang isang lubid na may catibayan; at nang maicanà na ang silò na cung hilahin ay maghihigpit, ay tinicman niyang madalas at nang caniyang maalaman cung mabuti na, at dumadagudos cung hilahin.

Páhiná 167

Inaacalà ni Robinson na malayò ang caraniuang iniinoman nang manġa hayop na llama, at sa pagaalinglanġan niya na hindi lalapit nang batis sa dacong hapon, sa pagca,t, cailan man ay hindi niya naquiquitang naparoroon cundi tanghali lamang, ay inaliban ang caniyang paglabas sa icalauang arao, at ang caniyang guinau,y, naghandà nang lahat nang babaonin sa paglacad. Sa macatouid baga,y, naparoon sa lugar na quinaquitaan niya nang patatas, at pinunò niya ang caniyang supot. Ang iba,y, ibinaon niya sa abó, at inilagay niya ang natira sa isang suloc nang caniyang yunġib, at nang caniyang macain sa manġa arao na susunod. Bucod dito,y, pumutol pa nang capirasong laman nang pagong, na caniyang cacainin sa hapunan at sa quinabucasan nang umaga, sacá dinilig nang tubig sa dagat ang natira nang laman nang pagong.

Pagcatapus ay humucay sa lupà; doon inilagay ang talucab nang pagong na quinasidlan nang lamang inasnan; sa ibabao inilagay ang capirasong inihao na cacainin sa gabi, at tinacpan nang manġa sanġa nang cahoy ang bibig nang hucay na yaon.

Páhiná 168

Nang mangyaring malibang ang caniyang loob, ay nagpasial siya sa tabi nang dagat, na doo,y, masarap ang hihip nang hanġin na nacapagbabauas sa malaquing cainitan.

Minamalas niya ang calauacan nang dagat, at iquinatotouâ niya ang pagcaquit nang mahihinhing alon, na marahang naghahalihalili, ay bahaguia na lamang nagagalao ang capatagan nang dagat. Datapoua,t, nang maibaling ang manġa matá sa lugar na quinalalagyan nang caniyang bayang ninanasang sapitin ay natulò ang caniyang luhà sa matá, at nanariuà ang pagcagunità niya sa caniyang manġa iniibig na magulang. «¿Anong guinagauà caya nġayon, ang uicà niyang lipos nang capighatian, anong guinagauà caya nang manġa magulang cong ualang caaliuan? Cung hindi namatay sa carahasan nang mapait na capighatiang ibinigay co sa canila, ¡laquing calungcutan ang canilang quinasapitan! ¡laquing pagbubuntong hiniġa sa di pagcacaroon cundi iisang anác, at ang anac na ito na tantong iniibig nila, ay nagasal nang totoong masamá, na nacapanġahas iuan sila! Patauarin ninyo, mapalayao cong manġa magulang, patauarin ninyo ang palamara at nualà ninyong anac, na nagbigay sa inyo nang labis na capighatian. At Icao, mapagpalang Maycapal, nacaisaisa cong Ama, at nacaisaisa cong casama sa iláng na ito, at tagapagcupcop at caaliuan co, hulugan mo ang manġa iniibig cong magulang nang iyong manġa mahalagang biyayà, at nang lahat nang manġa capalaran at caguinhauahang itinatalaga mo sa aquin, at dahil sa casucaban co,y, di aco naging dapat tumanggap nang manġa biyayang yaon; ipagcaloob mong lahat, Panġinon co, sa icaguinhaua nila, nang mabayaran ang manġa capighatian na dahil sa aquin ay canilang dinalitá. Magcapalad nauà sila, yayamang sila,y, ualang casalanan; at sa pagca,t, aco ang sucaban ay titiisin co nang boong pag-ayon sa iyong calooban ang manġa capahamacan, na sa icapagbabago cong asal ay iniibig ipahatid sa aquin nġayon nang di malirip mong carununġan.»

Páhiná 169

Sa murang balat nang isang cahoy na nalalapit sa caniya, ay iguinuhit nang sundang ang manġa cagalanggalang na nġalan nang caniyang ama at ina, tumutulò ang luhang caniyang hinahagcan, at ganito rin naman ang guinau sa ibang punò nang cahoy na caniyang sinusulatan nang nġalan nang caniyang manġa magulang, na ang nasà niya,y, maalaala sa lahat nang oras.

Páhiná 170

SI TEODORA. Si Robinson ay totoong naguiguig mabuting tauo. Tingnan pô ninyo,t, nġayo,y, tila panahon na na siya,y, hanġoin nang Dios sa manġa cahirapan sa pulong yaon, at siya,y, dalhin sa bahay nang caniyang manġa magulang.

ANG AMA. Ang Dios lamang na nacatatalastas nang lahat nang bagay, at nacaalam nang nararapat cay Robinson, ay siyang magtatalaga nang maguiguig capalaran niya. Ang manġa nangyari sa binatang ito, ay siyang parang nagpunlà sa caniyang puso nang binhi nang cabanalan; datapoua,t, ¿sinong nacatatalastas, cung ang manġa ibang bagay ay macasasamang muli sa caniya? Cung nġayo,y, macaaalis sa pulò, cung macapagbabalic na muli sa bahay nang caniyang manġa magulang, ¿sinong macatatalastas cung ang isang masamang halimbauà, ó ang manġa caguinhauahan at manġa catamasahan, ay macapagpapasamang muli nang caniyang manġa caugalian? Tunay nġa, manġa anac co, yaong cahatulan na: ang nacatayo,y, maginġat nang houag marapâ.

Páhiná 171

Habang si Robinson ay nagpapasial, para nang sinabi co na sa tabi nang dagat, ay naisipan niyang mabuti ay maligò, yayamang siya,y, batà pa ay natutong lumanġoy. Hubad siya; datapoua,t, ¡gaanong laqui nang caniyang panguiguilalas nang maquita niya ang lagay

nang caniyang barò, at baquit ualà na cundi yaon lamang! sa pagca,t, siyang nacasoot sa caniyang mahaba nang arao, baquit totoong mainit sa pulòng yaon, ay hindi na maquilala cung ano ang culay. Linabhan n̄ga niyang mabuti bago siya naligò; iniyangyang niya sa isang cahoy, at nang matuyò, bago lumusong siya sa tubig.

Luman̄goy siyang napatun̄go sa isang pulò na lumilitao sa dagat, at cailan ma,y, di pa niya dinarating.

Ang pagpatun̄gong ito ni Robinson sa pulòng yaon ay totoo niyang pinaquinaban̄gan; sa pagca,t, natalastas niya na sa man̄ga oras na pagsulong nang tubig ay lumulubog ang pulòng yaon, at sa pagurong ay naiuan doon ang maraming man̄ga pagong, man̄ga talaba, man̄ga cabibi at iba pang macacain. Ualà siyang hinuling anomang nang arao na yaon, at niyon naman ay di niya quinacailan̄gan. Sa pagca,t, niyon ay saganà siya; datapoua,t, iquinatouà niyang totoo ang pagcatalastas nito.

Páhiná 172

Ang pulòng yaon na caniyang linalan̄guyan, ay totoong masaganà sa isdâ, na halos ay caniyang mahuli sa camay; at cung mayroon siyang lambat, ay sucat macahuli nang isang libo mang isdâ. Totoo n̄ga,t, ualà siyang lambat; datapoua,t, sa pagca,t, siya,y, totoong mapapalarin sa lahat nang caniyang guinauà magpahangan n̄gayon, ay inacalà niyang sa calaunan nang panahon ay matutumpac siyang gumauà nang isang lambat na ipan̄gisdâ.

Malaqui ang caniyang touà sa man̄ga bagong bagay na caniyang naquita, umahon na nang macatapus na siya,y macapaligò na mahiguit na isang oras; at yayang tuyò na ang caniyang barò dahil sa hihip nang han̄gin, ay isinoot niyang maligaya, sa pagca,t, niyon lamang nagcaroon siya nang malinis na damit.

Datapoua,t, sa pagca,t, nagauì na siya sa pagcucurò, ay bumunggò sa caniyang paguisip na di maglalalong lubhá ang caniyang barong yaon; sa pagca,t, laguìng siyang na sa sa caniyang catauan, ay cung magcadurogdurog na ay hindi niya maaalaman cung paano ang pagcacaroon niya nang damit. Sa pagcagunità nito,y, parang natubigan ang lahat nang quinamtan niyang caligayahan; datapoua,t, pinapanghinapang niya sa boong macacayanan, at nagtuloy sa caniyang tahanan, puspos nang pagasa sa Dios na siya,y, hahan̄goin sa lahat nang caguipitan.

Páhiná 173

SI LUISA. Totoong naiibigan co nang totoo itong si Robinson. Totoong icaliligaya co na siya,y, maparito at dumalao sa atin.

SI TEODORA. Cung aco po,y, bibig-yan ninyo nang isang pliegong papel, ay totoong malaqui ang pagcaibig cong sulatan ang señor Robinson.

SI NICOLÁS. Aco naman.

SI JUAN. Di co rin naman calilimutan ang pagsulat sa caniya.

SI LUISA. Cung aco,y, marunong sumulat, ay maquiquita ninyo ang ipadadala co sa caniya.

ANG INA. Hindi cailan̄gan; sasabihin ninyo sa aquin ang ibig ninyong sabihin sa caniya, at susulatin co.

SI LUISA. Ganoon n̄ga pô, inang.

ANG INA. Cung gayo,y, pumarito cayong lahat. Bibig-yan co ang baua,t, isa sa inyo nang papel. Nang macaraan ang calahating oras ay isa,t, isang dumarating ang man̄ga batà na naglulucsuhan, at ipinaquiquita sa canilang ama ang ipadadalang sulat nang baua,t, isa cay Robinson.

Páhiná 174

SI LUISA. Narito pò ang aqing sulat, at mangyaring basahin ninyo.

ANG AMA. (*Binasa niya sulat ni Luisa.*^[4])

«Iniibig cong Robinson: pagpilitan mo ang paguiguìng mabuting tauo at pagpapacasipag, sa pagca,t, ito,y, calulugdan nang man̄ga tauo at nang iyong man̄ga magulang naman. Tangapin mo ang aqing pacumusta. Naquita mo na na ang pagcacaillan̄gan ay nacapagpapagauà nang maraming bagay. Si Teodora at si Juan ay nagpapacumusta sa iyo, at gayon din si Enrique at si Nicolás. Daluin mo cami ritong isang arao, at bibig-yan quita nang ibang man̄ga cahatulan na lalò pang magaling.

Luisa.»

SI TEODORA. N̄gayo,y, tingnan pô ninyo ang aquin.

Páhiná 175

Binasa nang ama. «Caibigan co: ninanasà namin sa iyo ang lahat nang cagalin̄gang aming macacayanan, at capag aco,y, binig-yan nang cuarta ay ibibili quita nang anomang bagay. At pacain̄gatan mo ang pagpapacabuti nang caugalian para nang pinasimulan mo na. Tangapin mo ang caunting tinapay na ipinadala co sa iyo, at pagin̄gatan mong houag cang magcasaquit. ¿Ano ang lagay mo n̄gayon? Mabuhay cang magaling, caibigan cong Robinson, na bagama,t, hindi quita naquiquilala, ay totoong iniibig quita, at aco ay ang tapat mong caibigan na si

Teodora.»

SI NICOLÁS. Ito pô ang aquin, maicli pò lamang totoo.

Binasa nang ama. «Minamahal cong Robinson: iquinalulumbay cong totoo ang pagcaquita cong icao ay totoong caauaauà. Cung icao ay na sa sa bahay nang iyong manġa magulang, ay di mo masasapit ang ganiyang manġa cahirapan. Iquinaliligaya co ang icao ay ualang damdam, at mabalic cang madali sa bahay nang iyong manġa magulang. Á Dios. Ang iyong caibigan na si

Páhiná 176

Nicolás.

Hamburgo 7 de Febrero.»

SI JUAN. Ang aquin naman.

Binasa nang ama. «Sr. Robinson: quinaaauaan co cayong totoo, sa pagca,t, cayo,y, nahihualay sa lahat nang tauo: inaacalà cong sa oras na ito,y, totoo cayong nagsisisi na. Houag cayong magcacaramdam; at ninanasa co sa boong pusò, na balang arao ay maquiquita namin cayo, cung cayo,y, papabalic na sa bahay nang inyong manġa magulang. Houag ninyong pabayaang pagasa sa Dios mulà nġayon hangan sa manġa haharaping arao, at cayo,y, pagpapalain niya. Sinasabi cong muli, na cayo naua,y, houag magcacaramdam. Ang inyong tapat na caibigan na si

Juan.

Hamburgo 7 de Febrero.»

SI ENRIQUE. Ualà acong guinauà cundi isinulat cong madali ang borrador na ito, at nang aco,y, macapagbalic agad dito.

Binasa nang ama. «Totoong minamahal cong catoto at señor Robinson: ¿ano pò ang lagay ninyo sa pulóng iyan? Nabalitaan co na totoong maraming cahirapan. Hindi pa ninyo natatalastas na cung ang pulóng inyong quinalalaguian, ay tinatahanan ó hindi, at icatotouà cong maalaman. Natalastas co naman na cayo,y, nacacuha nang isang malaquing quintò; datapoua,t, hindi ninyo magamit sa anomang bagay sa pulóng iyan.»

Páhiná 177

ANG AMA. Idinagdag mo sana ito: «Dito man sa Europa ay hindi iquinapaguiging mabuti at iquinapaguiging mapalad nang manġa tauo ang quintò.» «Lalò pa ninyong paquiquinabanġan cung sa lugar nang quintò ay nacacuha cayo nang capirasong patalim na magagauang sundang, palacol at iba pang casangcapan. Houag nauà cayong magcacasaquit at pagutusan ninyo ang tunay ninyong catoto na si

Enrique.»

SI TEODORA. At nġayo,y, ¿paanong gaga-uin natin na ang manġa sulat na ito,y, dumating sa caniya?

SI LUISA. ¿Mayroon pa bagang sucát gau-in para nang ibigay natin sa Capitan nang alin mang sasac-yan napatutunġo sa América? At cung gayo,y, mapadadalhan naman natin nang anomang bagay si Robinson. Ibig co siyang padalhan nang pasas at almendras; ¿bibig-yan baga ninyo aco, inang?

Páhiná 178

SI RAMON. (*Binulunġan ang canilang ama.*) Ang isip nila,y, totoong buhay pa si Robinson.

ANG AMA. Pinasasalamatan co cayong ualang hangan, manġa anac co, sa nġalan ni Robinson dahil sa magandang loob ninyo sa caniya; datapoua,t, hindi ninyo maipadadala sa caniya ang manġa sulat na iyan.

SI TEODORA. ¿At baquit hindi?

ANG AMA. Sa pagca,t, malaon nang panahon na ang caloloua ni Robinson ay na sa cabila nang buhay, at ang caniyang catauan ay naging lupà na.

SI TEODORA. ¿Baquit pò mamamatay, cung nġayo,y, bagong capaliligò lamang?

ANG AMA. Nalilimutan mo, Teodora, na ang sinasalitâ co cay Robinson, ay nangyari nang may limang puo nang taon. Datapoua,t, nġayo,y, isinusulat co ang caniyang Historia, at diya,y, isasama cong ipalilimbag ang inyong manġa sulat. Cung caniyang matanggap ang manġa sulat na iyan sa cabilang buhay, ay inaacala cong icalulugod niyang lubhâ ang pagcatalastas nang daquilang pagmamahal ninyo sa caniya.

Páhiná 179

SI LUISA. Datapoua,t, houag pò ninyong di ipatuloy ang lahat nang manġa bagay na nangyari sa caniya.

ANG AMA. Oo. Sasabihin co pa sa inyo ang manġa nangyari sa caniyang buhay, na totoong icatotoua ninyo. Nġayo,y, tila sucát na.

Si Robinson ay nang matapus nang macapaligò, ay nagbalic sa caniyang tahanan, cumain nang hapunan at nagpahinġang lubhang mahinahon. Tularan naman natin siya.

TALABABA:

[4] Pinatotohanan nang autor aleman na ang manġa sulat na ito,t, gayon din naman ang caramihan nang manġa tanong at sagot nang manġa batà na natalatà sa librong ito,

ICAUALONG HAPON.

SI CÁRLOS. Inang, inang.

ANG INA. ¿Ano ang ibig mo, Cárlos?

SI CÁRLOS. Ang uicá pò ni Juan ay mangyaring padalhan ninyo siya nang ibang barò.

ANG INA. ¿At baquit?

SI CÁRLOS. Hindi pò macaalís sa paligoan sa pagca,t, linabhan niya ang caniyang barò, at hangang nġayo,y, basà pa. Ibig pong tumulad cay Robinson.

Páhiná 180

ANG INA. Cung gayo,y, mabuti. Bibig-yan co siya nang ibang barò. Abutin mo; itacbo mo sa caniya at pagcatapus ay pumarito cayong lahat, sa pagca,t, sasalitín sa inyo nang inyong ama ang historia ni Robinson.

ANG AMA. (*Si Juan na casama nang ibang manġa batà ay pinagsabihan nang ganito:*) ¿nacapaligò ca bagang magaling, catoto cong Robinson?

SI JUAN. Totoo pong magaling, hindi pò lamang natuyò ang aqing barò.

ANG AMA. Dapat mong pagcurocuroin na dito sa lugar na ito ay hindi totoong mainit na para sa pulò ni Robinson. Datapoua,t, ¿saan tayo natiguil?

SI ENRIQUE. Sa pagtulog ni Robinson. ¿Nġayo,y, tingnan natin cung ano ang guinauà quinabucasan?

ANG AMA. Quinabucasan ay nagbanġon, at humandâ sa paghuli nang manġa hayop na llama, pinunò ang caniyang supot nang maraming patatas na inihao, at nang isang malaquing pirasong laman nang pagong na binalot niya sa dahon nang niyog. Quinuha ang caniyang palacol; itinali sa catauan ang lubid na may silò na guinauà niya sa paghuli nang manġa hayop na llama; dinala ang caniyang payong, at lumacad na. Sa pagca,t, totoo pang maaga, ay pinasiya sa loob na siya,y, magpaliguid, na ang ibig niya,y, malibot ang manġa lugar na di niya nararating sa caniyang pulò. Dito sa caniyang paglibot na ito ay nacaquita siya nang di mabilang na manġa ibon na nacadapo sa manġa sanġá nang cahoy, at may manġa loro na totoong maririquit ang balahibo. ¿Gaano ang pagnanasà niya na macahuli nang isa nang manġa ibong yaon, at nang caniyang mapaamò at macasama niya! datapoua,t, ang manġa matatandang loro ay totoong mailap na na di sucát madaquip, at saan man siya pumaroon ay ualang maquitang pugad na macunan nang inacay; caya nġa pinabayaan niya sa ibang arao ang panghuhuli nito.

Páhiná 181

Datapoua,t, gayon ma,y, nacaquita siya nang isang bagay na lalò pang cailanġan sa manġa loro; sa pagca,t, siya,y, umaquiat sa isang burol na nalalapit sa dagat at tuminġin siya sa manġa lubac nang manġa bató, ay naquita sa lupà ang isang bagay na totoong napansin niya. Bumabà siya na gumagapang, at natalastas niya nang boong caligayahan na ang caniyang naquita ay may halagang bagay. ¿Ano cayang bagay yaon?

Páhiná 182

SI ENRIQUE. ¿Perlas pò бага?

SI JUAN. ¿Icaliligaya бага niya ito? Marahil ay bacal. ¿Ano caya yaon? Sinabi pò ninyo sa amin doon sa lugar na maiinit ay ualang naquiquitang bacal. ¿Marahil ay isang buntong guintó?

SI LUISA. Hindi aco macapaniniualà niyan. ¿At ano ang paquiquinabanġan niya sa guintò?

ANG AMA. Hindi ninyo natumpacan. Cung gayo,y, sasabihin co sa inyo. Ang caniyang naquita ay asin. Tunay nġa na hangan niyon ay ang guinagauà niyang asin ay ang tubig na maalat sa dagat; datapoua,t, ¡laquing caibhan niyon! ang tubig sa dagat ay masaclap at mapait; at bucod dito,y, nagcacamali si Robinson nang paniniualà, na ang lamang cating asnan nang tubig sa dagat ay hindi masisirà, sa pagca,t, ang tubig sa dagat, para naman nang tubig sa batis at sa ilog ay nasisirà cung magtagal sa alin mang sisidlan. Caya nġa, nagcamit nang di mumunting capalaran sa pagcaquita nang tunay na asin, at ang guinauà niya,y, pinunong magaling ang bulsa nang caniyang casaca, at caracaraca,y, caniyang dinala sa caniyang yunġib itong bagay na totoo niyang quinacailanġan.

Páhiná 183

SI TEODORA. At ang asing ito ¿saan caya nangaling?

ANG AMA. Ualang pagsalang nalilimutan mo na ang ipinahayag co sa inyong isang arao tungcol sa pinangagalinġan nang asin.

SI JUAN. Hangan nġayon hindi co quinalilimutan. May asing quinucuha sa lupà; at saca mayroon namang asing guinagauà sa tubig na maalat, na tumutubò sa alin mang batis; at mayroon namang guinagauà sa tubig na maalat.

ANG AMA. Gayon nġa; at ang manġa nangagaling sa tubig sa dagat, ay guinagauà nang manġa tauo, ó sa init caya nang arao.

SI TEODORA. ¿Baquit pò sa arao?

ANG AMA. Oo, sa pagca,t, capag lumaqui ang tubig at umurong, ay ang tubig na natitira sa lupà ay natutuyong untiunti, at ang natitira sa lugar na yaon, ay siyang naguiguig asin.

SI LUISA. ¡Tingnan ninyo ang bagay na yaon!

ANG AMA. Dito matatalastas ang cagalingñan nang Dios sa pagcacalinñga sa atin; na sa manña bagay na totoo nating quinacailanñan, ay siyang lalong humihinñi nang munting capaguran, at siyang ipinagcacaloob nang lalong casaganaan.

Páhiná 184

Lumacad na nña si Robinson nang boong casayahan sa lugar na caniyang panghuhulihan nang manña hayop na llama; datapoua,t, isa ma,y, ualang naquita. Tooto nña,t, may caagahan at di pa dumarating ang catanghalian, ang guinauà niya,y, naupò sa tabi nang isang cahoy, na doon niya quinain ang pagong at manña patatas, na sa pagca,t, may asin na ay totoong nasarapan niya.

Di pa nalalaong natatapus siya nang pagcain, ay naquita niya sa malayò ang manña hayop na llama na naglulucsuhan na patunño sa caniya. Caracaraca,y, humandà ang ating bayani, at nacaacmà ang silong inaantay niyang may malapit. Nagdaan ang marami, datapoua,t, ualang nalalapit isa man; datapoua,t, caguinsa-guinsa ay may salalapit sa caniyang isa, ay ibinabà lamang niya ang caniyang camay na may tanñang silò, ay nahuli na ang hayop na yaon.

Ito,y, nagsisigao: datapoua,t, sa tacòt ni Robinson na baca magulat ang iba ay hinigpit niyang magaling ang silò, at saca itinagò niya agad sa damohan, at nang houag maquita nang iba.

Babayi ang caniyang nahuli at may dalauang inacay, na sumusunod sa canilang ina, at ito,y, totoong iquinatouà ni Robinson, na di nagdadalang tacot sa caniya. Caniyang pinaghihinimashimas ang manña inacay, at sa malaquing caamoan ay hinihimuran ang caniyang camay, na parang nagmamacaauang paualan ang canilang ina.

Páhiná 185

SI TEODORA. Mangyayaring caniyang paualan.

ANG AMA. Malaquing hanñal siya cung gayon ang caniyang gagau-in.

SI TEODORA. Oo nña pò; datapoua,t, ang manña caauauang hayop ay hindi gumagauà nang masamà sa sinoman.

ANG AMA. Quinacailanñan sila ni Robinson, anac co; at sinabi na natin na hindi masamà na gamitin natin at patayin ang manña hayop, cung cailanñan, liban na lamang cundi natin paquiquinabanñan.

Tooto nñang natouà si Robinson sa pagcaquitang nasunod ang caniyang nasà; at бага ma,t, nagpupumiglas ang nahuli niyang hayop, ay pinagpilitan niyang supilin nang boong lacas, at itinaboy niyang casama nang caniyang manña inacay sa daang lalong madali na patunño sa caniyang tahanan.

Datapoua,t, ang cahirapan lamang ay hindi niya maalaman ang caniyang paglalag-yan sa caniyang manña hayop, sa pagca,t, nasasarhan nang manña bacod ang harapan nang caniyang tinatahanan. Cung caniyang ihugos magmula sa ibabao nang yunñib ay may panñanib na mabicti. Caya minarapat ni Robinson na siya,y, gumauà nang isang munting culunñan na paglalag-yan muna, samantalang hindi siya nacagagauà nang lalong mabuti.

Páhiná 186

Habang hindi pa nayayari ang caniyang culunñan ay itinali ang hayop sa isang punò nang cahoy at pinasimulan na niya ang paggauà, na nagputól siya nang maliliit na sanña nang cahoy, at ipinagbabaon niya nang diquidiquit na naging parang isang culunñan. Habang guinagauà niya ito ay sa capaguran nahiga ang hayop na llama, at ang ualang malay niyang inacay ay sumususong mapayapa, na di natatalastas na sila,y, na sa iba nang camay. ¡Laquing pagcalugod ni Robinson sa pagcaquita nito! hindi miminsang itinitiguil ang caniyang gauà sa pagcalibang sa panonood nang caniyang manña hayop, at totoong nagpapasalamat siya sa caniyang capalaran, at siya,y, may casama na. Mula sa oras na yaon ay inaacalà niyang hindi na siya nagñisa; at ang pagcagunitang ito,y, nagbigay sa caniya nang lacas at calicsihan, na sa sandaling panahon lamang ay nautas ang caniyang manña hayop, at ang pinagpasucan ay sinarhan nang manña sanña nang cahoy.

Páhiná 187

Dili sucat maipahayag ang caguilioguilio na caligayahan nang loob ni Robinson sa sandaling yaon, sa pagca,t, bucod sa mayroon siyang macacasamang manña hayop, na totoong iquinaliligaya niya, ay inaasahan niyang totoo na mayroon pa siyang macacuhang manña malalaquing capaquinabanñan. Marahil ay sa calaunan nang panahon ay matututo siyang humabi nang damit sa balahibo nang gasat at magagauà pa niyang mantequilla at queso. Tunay nña,t, hindi pa niya napagaalaman cung paano ang paraan nang paggauà nang manña bagay na ito; datapoua,t, totoong nararanasan na di dapat pahinain ang loob nang sinoman sa paggauà nang anomang bagay ang nagcuculang sa caniya sa icapupuspos nang caniyang capalaran; sa pagca,t ang ibig niya,y, tumahang casama nang manña minamahal niyang hayop, at nang palagui niyang namamasdan, na aalagaan, at magcaroon siya nang catouaan cung maquita niyang totoong umaamo sa caniya.

Páhiná 188

Pinagpilitan niyang matagal na pagcurocuroin cung paano ang pagcaganap nang

caniyang ninanasà; at sa catapusa,y, pinasiya sa loob na na houag patauarin ang anomang capaguran, at bubuscan niya ang isang panig na nacababacod na cahoy sa caniyang tahanan, at caniyang paluluanġin. Datapoua,t, na ang caniyang tinatahanan ay di maualan nang catibayan, ay hangang guinagauà niya ang bagong bacod ay hindi niya iniuasac ang dati hangan sa di muna nayari.

Sa caniyang caligayahan ay natapus niyang manġa ilang arao ang gauang ito at nagcaroon siya nang totoong malaquing caaliuan sa pagcacaroon nang tatlong casama, at hindi dahil dito,y, quinalimutan ang caniyang aliuan sa pagpapacain sa gagambang naging una niyang casama, bagcus pa nġang ipinatuloy ang pagpapacain niya nang manġa lanġao at lamoc arao arao sa gagamba at ang gagambang ito, na sa pagcatalatas na siya,y, minamahal, ay umamo totoo, na bahagui na lamang lumalapit si Robinson sa caniyang bahay ay quinacagat na sa caniyang camay.

Páhiná 189

Nahirati namang totoo sa paquiquisama sa caniya ang manġa hayop na llama; at sa touí siyang magbabalic sa caniyang tahanan ay sumasalubong sa caniyang naglulucsuhan, inaamoy siya at nang matalastas na cung may ouí siyang cacanin, at hinihimuran ang caniyang manġa camay tandà nang pagpapasalamat, capag binibig-yan niya nang sariuang damó, ó manġa murang sanġa nang cahoy. Nang di na sumususo ang dalauang inacay, ay pinasimulan na ang paggatas sa umaga,t, hapon, na ang guinagamit niyang saro ay ang manġa bawo; at ang gatas na caniyang iniinom, ay totoo niyang minamasarap, na nacapagbibigay guinhaua sa caniya doon sa maralitá at capanglaopanglao na pamumuhay.

Sa pagca,t, ang punò nang niyog ay totoo niyang pinaquiquinabanġan at marami siyang pinaggagamitan, ay nagnanasà siyang masaquit na maparami niya ang manġa punò nang niyog; datapoua,t, ġano cayang paraan ang caniyang gagauin? di mamacailang naringġig niya na ang manġa punò nang cahoy ay pinapagsusupling, datapoua,t, cailan man ay hindi niya pinagralan ang tunay na paraan nang paggauà nito. ¡Macalilibong mapabuntong hiniġa siya! ¡Laquing cahanġalan co, aniya, at di aco nagsamantala sa panahon nang aquing cabataan, sa pagaaral nang dapat matutuhan! Cung natalastas co sana niyong mabuti ang manġa bagay na aquing paquiquinabanġan ġpababayaang co baga na di matutunan ang manġa bagay na aquing naquiquita at nariringġig? Cung ang aquing caisipan ay hindi macabot sa nararating nang iba ay pagpipipilitan cong matuto man lamang aco nang caunti, at disin sana,y, ang caunting carununġang yaon ay paquiquinabanġan cong totoo nġayon. Cung aco,y, sana,y, magcapalad na magbalic sa aquing cabataan, ¡laquing pagpipilit co na matatalastas ang lahat nang guinagauà nang ibang manġa tauo! ualang anluagui at magsasacá na di co tutularan.

Páhiná 190

Datapoua,t, ġanong caniyang mapapala; sa pagsisising ito, nġayong ualà na siyang magauà? Ang nararapat ay panġahasan niyang ticman ang hindi niya napagaalaman; at ito nġa ang siya niyang guinauà.

Hindi niya naalaman cung siya,y, natutumpac ó hindi, ay caniyang pinutol sa itaas ang tatlong supling, humucay siya sa guitna nang punò, at ipinasoc niya ang isang murang sanġa nang niyog, at nang caniyang mabalot na nang balat ang canyang hinucayan, ay inaantay niyang masaquit cung ano ang lalabas doon. At tingnan ninyo,t, siya,y natumpac sa paggaua nito; sa pagca,t, nang macaraan ang ilang panahon ay tumubo ang supling, cung sa bagay ay natutuhan niya ang paraan nang pagpaparami nitong totoong mahalagang halaman. Bagong caligayahan, bagong pagquilala at pagpapasalamat ni Robinson sa Maycapal na nagcaloob sa manġa bagaybagay dito sa lupà nang manġa bisà at tanġing capangyarihan, nang masundan nang manġa tauo saansaan man ang manġa paraan nang canilang icabubuhay at icaguiguinhaua. Sa sandaling panahon ay totoong nagsiamò ang manġa hayop ni Robinson, na cung baga sa atin ay parang manġa aso; at caya nġa nagagamit niya paglala nang anomang bagay na ibig niyang ilipat saan mang lugar.

Páhiná 191

SI JUAN. Datapoua,t, ġpaano pong guinagaua niyang pagpapalabas sa loob nang bacuran?

ANG AMA. Totoo ang sabi mo: nacalimutan cong di naipahayag na sa isang tabi nang bagong bacuran, ay may isang munting pintò, nġunit, sucat malabasan at mapasucan nang manġa hayop na yaon cung yuyucod. Sa dacong labas ay mahirap maquita ang pintong yaon, at dacong loob ay sinasarhang matibay ni Robinson cung gabi nang pinagsalasalang sanġa. Totoong mariquit panoorin ang pagoui ni Robinson sa caniyang tahanan na ang nanġunġuna,y, ang maamong hayop at nacatalastas nang daan na pagdating nang caniyang panġinoon, capagdating sa pintò ay tumitiguil at nang maibis siya nang pasan, pagcatapus ay pumapasoc na nacayucod, at saca sumusunod kay Robinson.

Páhiná 192

Datapoua,t, ġano ang sasabihin co sa pagsalubong nang manġa inacay sa canilang ina? Caracaraca,y, sinasalubong siya, na ipinahahayag ang canilang catotouaan nang paglucso at pagsigao; nagdudumali naman nang pagsalubong sa canilang panġinoon. Natotouang di hamak si Robinson sa gayong asal nang caniyang manġa hayop, tulad sa isang ama sa pagcaquitang di magcamayao ang caniyang manġa anac, sa pagcaquitang siya,y, bagong dating, na mahaba nang panahong di siya naquiquita at muli niyang yayacain sila.

Páhiná 193

SI BASILIO. Tunay nġa at totoong nacatotoua, at bucod dito,y, naguiguing isang aral sa atin ang pagganting loob nang mġa hayop sa tauong nagmamahal sa canila.

ANG AMA. Tungcol sa bagay na iyan ay may marami at manġa catacacaang halimbauà, na mapipilitan tayong magacalà na tila tunay na sila,y, mayroong pagiisip na para nang tauo,

cung ualang manġa ibang catunayan na nagpapatotoong uala nġa siyang pagiiisip.

SI ENRIQUE. Caya nġa, sa ating librito nang Moral ay sinasalitâ ang pagganting loob nang leon sa tauong bumunot nang tinic sa caniyang paa.

SI TEODORA. Ay, naalaala co na. At yao,y, isang leong totoong magaling, sa pagca totoong umiibg sa tauong nagcauang gauà sa caniya; at pagcatapus ay minsang sila,y, nagquita, ay sa gayong matatampalasan niya, ay hindi inanó: ibig cong magcaroon nang isang leong munti, cung gayon ang asal nang lahat.

ANG AMA. Manġa anac co, nġayo,y, nalilimutan natin si Robinson, at quinalilibanġan natin ang caniyang historia, itiguil muna natin nġayon, at saca na natin ipagtuloy sa ibang arao.

Páhiná 194

SI TEODORA. Houag pò, houag pò, caunti pa pong salitâ cay Robinson.

ANG AMA. Tumigas na ang caniyang manġa ladrillo na magagaua niyang pader, at sa caualan nang apog, ay humanap siya nang lupà. Isang manipis at malinis na bató ang guinaua niyang sandoc; at sa pagnanasa niyang magcaroon nang lahat nang casangcapan nang cantero ay nagpumilit siyang gumauà na cahit papaano.

SI NICOLÁS. Oo pò, at naquita namin ang manġa casangcapang iyan.

ANG AMA. Yayamang siya,y, mayroon nang manġa ladrillo,t, casangcapan, ay ipinapasan niya ang manġa quinacailanġan niyang ladrillo sa caniyang hayop.

SI JUAN. Datapoua,t, ¿paano ang gagau-in niyang pagpapasan sa hayop na llama nang manġa ladrillo?

ANG AMA. Mahirap ninyong mahulaan; datapoua,t, sasabihin co sa inyo.

Malaon nang panahong iniisip ni Robinson cung gaanong capaquinabanġan ang caniyang cacamtan sa pagcatutong gumauà nang buslò; datapoua,t, nang siya,y, batà pa ay pinauaualan niyang halaga ang paggauà nang manġa manlalala nang buslò, na inaari niyang totoong madali, na para naman nang inaacalà niya sa manġa ibang bagay. Gayon ma,y, sa pagca,t, siya,y, natumpac nang gumauà nang balanca nang caniyang payong, nang matapus ay pinagaralan niyang matagal sa manġa oras na ualà siyang guinagaua ang paglala nang buslò hangan sa natutuhan niya na macayari siya nang isang buslong may catibayan. Natatalastas na ninyo na ang macagauà nang isang daan. Si Robinson ay gumauà nang dalaua, pinagcabit at inilagay na pinapagtimbang sa licod nang caniyang hayop na llama.

Páhiná 195

SI JUAN. ¡Ay ama co! matotouà acong magaral na maglala nang buslò.

ANG AMA. At aco naman, Juan. Isang arao ay paparituhin natin ang isang manlalala nang buslò, at tayo ay paturò sa caniya.

SI JUAN. Mabuti pò; at cung gayo,y, gagauà aco nang isang canastillong totoong mariquit na ibibigay co cay Luisa.

SI LUISA. Aco po,y, magaaral naman: ¿ibig pò baga ninyo, ama co?

ANG AMA. Malaqui ang ibig co; at iyong mapapaquinabanġan. Mangyayari nġang sa atin ay marapat ang paglalala nang buslò, sa manġa oras na nagsasalitâ aco sa inyo nang anomang historia, at ualà tayong nagagaua na pinagcacalibanġan.

Páhiná 196

Totoong madali ang pagcayari ni Robinson sa bago niyang guinagauà, at naibanġon na ang isang panig nang pader, at nailagay na ang simiento nang cabilang panig, ay siyang pagcacataon na may nangyari sa caniyang biglang biglâ na isang bagay na di niya nagugunitâ at di nararanasranasan na sa isang sandali ay nasira ang lahat niyang binabantâ at napauli ang lahat niyang pagasa.

SI JUAN. ¿Ano pò ang sacunang yaon?

SI LUISA. Natapus na: dumating ang manġa tauong damó, at siya,y, nilamon.

SI TEODORA. ¡Dios co! ¿Tunay nġa pô baga na siya,y, nilamon, ama ko?

ANG AMA. Hindi: hindi iyan, cundi ibang bagay na totoong quinatacutan niya para nang cung iihao siyang buháy niyong manġa tauong damo.

SI JUAN. Maanong sabihin pò ninyo sa amin, at aco,y, nanġinġinig nang tacot.

ANG AMA. Niyon ay gabi na; ang bouan ay totoong nagliluanag, humihihip ang palaypalay na hanġin, at ang boong sangsinucuban ay na sa isang daquilang capayapaan. Si Robinson ay sa capaguran sa caniyang manġa guinagauà, ay naghihilihiligang matahimic sa caniyang hihigan na na sa caniyang paanan ang caniyang manġa hayop; at siya,y, nacalilimot na, at napapanaguinip na para nang caraniuang nangyayari sa caniya ang caniyang manġa iniibig na magulang, caguinsaguinsa,y, ... Datapoua,t, houag nating ipatuloy itong nangyayaring caquilaquilabot, at baca inyong mapanaguinip ay magcaroon cayo nang caligaligan sa gabing ito.

Páhiná 197

ANG LAHAT. ¡Ay sayang na sayang!

ANG AMA. Itiguil natin nġayon ang bagay na ito, at ang isipin natin ay ang macalilibang sa inyo,

at nang matapus ang arao sa caligayahan, yayamang ang naguing pasimulâ ay sa caligayahan din, at sa pagca,t, pinabayaan nang Dios na pacamtan sa atin.

Hali cayo, manġa anac co, tayo,y, magalio na sandali sa ating jardin, at alagaan natin ang ating manġa bulaclac; yayamang hangang nġayon ay hindi pa natin nadadalao.

ICASIAM NA HAPON.

Páhiná 198

Magmulâ nang salitin nang ama ang caquilaquilabot na sasapitin ni Robinson, na di mapagcuro nang manġa batà, ay nagcaroon nang totoong maraming caabalahan, na nacaraan ang maraming hapon na di nagcalouagang ipatuloy ang historia.

Totoong naiinip ang manġa batà, ibig matalastas cung ano ang nangyari sa caauauang cay Robinson, at ipagpapalit na malouag ang canilang trompo ó ang lalong minamahal na laroan, macaquita lamang nang magsasalitâ sa canila nang nangyari cay Robinson sa gabing yaon, na hindi ipinatuloy na sinalitâ nang canilang ama. Datapoua,t, ang casam-an ay sino ma,y, di macapagsalitâ sa canila cundi ang canilang ama lamang, nġuni,t, di minamarapat na salitin, hangan sa siya,y, matahimic, at nang masalitâ niya nang boong cahusayan.

Hangang di nasisiyasat ang bagay na ito, ay ualang malamang gau-in ang manġa batà nang paghuhulohulò; mayroong nagsasabi nang ganito, at ang iba nama,y, ganoon; datapoua,t, sino ma,y, di macatuclas nang tunay na nangyari, at sa pagca nġa,t, di nila natatalastas.

Páhiná 199

¿At baquit ayao pa pô ninyong paalaman sa amin? ang tanong nila. Ang sagot nang ama,y, sa pagca,t, may cabagayan.

Ang manġa batà, na sa mabuting pagcaturò ay nahihirating tumahimic capag ganoon ang isinagot nang canilang ama, ay hindi na umuulit na tumanong, at nagtiis na naghintay cung cailan sasalitin sa canila ang lihim na yaon.

Datapoua,t, sa pagca,t, ang manġa tauong may cabaitan ay madaling macapaguauari nang na sa sa loob nang manġa batà, ay capagdaca,y, natalastas nang ama sa muc-hâ nang caniyang manġa tinuturoan, na itinatanong nang baua,t, isa sa canilang sarili. ¿At baquit ipagcacait nang ating ama itong ating ninanasà? ¿Anong cahirapan sa caniya ang sabihin sa atin ang ating icatotoua? Inacala niyang mabuting ipahayag niya nang mahusay; at caya nġa ganito ang sinabi: nang matalastas ninyong hindi sa caayauan cong magbigay sa inyo nang icalulugod, at ang itiniguil co ang historiang yaon, ay sa pagca,t, mayroon tayo nġayong manġa mahalagang bagay na gagau-in, nġayon, manġa anac co, maghanda cayo, at bucas nang umagang umaga ay tayo,y, paparoon sa Travemunda sa tabi nang dagat Báltico.

Páhiná 200

—¿Sa Travemunda pò бага tayo paroroon? na malapit sa dagat Báltico? ¿Bucas pò бага nang umaga? ¿At aco pò бага nama,y, macacasama? ang tanong nang baua,t, isa sa manġa batà.

Pinaoohan silang lahat; di masabi ang pagcacainġay nila. ¡Paparoon tayo sa Travemunda! ¡Paparoon tayo sa Travemunda! ¿Saan naroroon ang aquing tungcod, Juanito, saan naroon ang aquing manġa bota? magmadali tayo: dalhin ang cepillo; ang suclay; magdala tayo nang damit na malinis. Sa pagcacainġay sa boong bahay, ay halos hindi magcarinigan.

Ang lahat ay humahanda sa pagalis sa quinabucasan, at sa malaquing catouaan nila ay hindi magcaintindihan. Totoong pinaghirapan ang pagpapatulog sa canila sa gabing yaon: sa pagca,t, totoong nagugulo sila, at ang ibig ay magumaga na.

Nang quinabucasa,y, pinasimulan na ang pagcacainġay nang boong bahay; at nagguiguisinġan sila hangan sa nagbanġong lahat.

Bucod tanġi ang ama na di nagpapaquita nang caligayahan, quinucusot ang matá at naguica nang ganito: ¡ay, manġa anac co, malaquing caligayahan ang cacamtan co sa inyo, cung aco,y, inyong pababayaang houag tuparin ang aquing ipinanġacò!—«¿Ano pong panġaco yaon?» ang tanong nang lahat nang manġa batà na napapanġanġa ang bibig, na tila nanġatatacot.

Páhiná 201

ANG AMA. Sa ipinanġaco co sa inyong tayo,y, paroroon sa Travemunda.

Naragdagan ang catacutan: sinoma,y, di macapanġusap nang cataga man lamang.

Pinagcurocurò co sa gabing ito, na isang malaquing caululan ang paglacad natin nġayon.

ANG LAHAT. *Nanġasasamáan nang loob, at pinipiguil ang luhà.* ¿At baquit pò?

ANG AMA. Sasabihin co sa inyo ang aquing catouiran, at aco,y, pahihinunod sa marapatin ninyo. Ang unang una,y, sa pagca,t, manġa ilang arao nang humihihip ang amihan, na nagtataboy nang malacas sa dagat nang lahat nang tubig nang ilog Trava, na ang sasac-yang papasoc at lalabas sa uua nang Travemunda, ay may malaquing capanġaniban ¿anong cailanġan at lalagay tayo sa capanġaniban dahil sa isang pagaalio lamang?

ANG AMA. Ang icalaua,y, may isa pa acong naisipan. Mangyayaring iliban natin manğa sangbouan ang ating paglacad, sa pagca,t, siyang capanahunan nang pagpasoc nang isdang arenque sa Baltico na nangagaling sa Glasial, at dumadating ang sangbunton sa uua nang ilog na Trava, na doo,y, hindi pinaghihirapan ang paghuli nang totoong maraming isdâ. ¿Di caya magcacaroon cayo nang isang malaquing caligayahan sa panood nang panğingisdâ?

SI NICOLÁS. Oo pò; datapoua,t, gayon man pô ...

ANG AMA. Paquimatiagan pa ninyo nğayon ang lalò pang malaquing catouiran. ¿Ano ang sasabihin sa atin nang ating manğa caibigan na si Mateo at si Fernando, na sa loob nang isang bouan ay darating dito sa bahay, cung canilang matalastas na tayo,y, nagsipagallo doon, na di na natin inantay sila? ¿Laquing pagdaramdam nila sa touing sasalitin natin ang ating caaliuan doon! Sa catunaya,y, sisihin tayo nang ating pusò na cung baquit hindi natin guinauà sa canila ang ninanasà nating gau-in sa atin. ¿At dahil dito,y, ano ang minamarapat ninyo?

Dito,y, ualang nacasagot sino man.

Ipinatuloy nang ama. Natatalastas na ninyo na cailan ma,y, hindi aco nagpapacasira sa panğunğusap; at caya nğa cung nagpipilit cayo, ay lumacad tayo; datapoua,t, cusang cayo,y, napahihinuhod na aco,y, maligtas sa aquing capanğacuan, ay isang malaquing caaliuan ang ibibigay ninyo sa aquin, at sa ating dalauang catoto na ating inaantay, at pati sa inyo naman. ¿Nğayo,y, sabihin ninyo ang inyong minamarapat?

ANG LAHAT. Hihintin pò namin, ang sagot nila, at naliban ang canilang paglacad.

Ating mapaguunaua na marami sa manğa batà ang papipilitan lamang sa pagsunod, at hangan tanghali na hindi sila naquiquitaan nang cahit calahati nang dating casayahan, ito,y, nanguing dahil na sila,y, panğusapan nang canilang ama nang ganito:

ANG AMA. Ang nangyari sa inyo nğayon, manğa anac co, ay mangyayari sa inyong macaisang libo habang cayo,y, nabubuhay. Totoong cayo,y, umaasa sa alin mang cagalinğan at caguinhauahan dito sa lupa: totoong napapanatag ang inyong pagasa, at pinagnanasaan ninyong masaquit na maganap. Datapoua,t, sa oras na inaacala na ninyong maaabot na nang camay ang inyong capalaran, ay ang carununğang ualang hangan nang Dios ay hindi sinusunod ang inyong nasà, at nasisira ang inyong pagasa.

Anong manğa catouiran ang tinataglay nang inyong Ama sa lanğit sa pagaasal sa inyo nang ganito, ay bihirang bihira ninyong maquiquilala nang totoong maliuanag, at di para nang pagcaquilala ninyo nang manğa catouiran co caya di natutuloy ang ating pagparoon sa Travemunda, sa panahong totoong nagugulo ang inyong loob, at lubos ninyong inaasahan; sa pagca,t, ang Dios na ualang hangan nang carununğan, ay natatalastas ang darating, cahit anong layò pa, at totoong madalas na ipinahihintulot niya sa icagagaling natin, na tayo,y, datnan nang manğa bagay na hindi natin napagtatalastas ang cagalinğan hangan sa malaong panahon, at madalas ay hangan sa icalauang buhay. Datapoua,t, ang aquing pagpapatalastas ay hindi nalalayò, at sa mangyayari lamang sa loob nang isang bouan. Nğayo,y, cung sa inyong cabataan ay ang lahat nang mangyayari ay maaayon sa inyong caibigan, cung ang lahat ay mangyayari sa oras na inyong inaantay, ¡ay totoong samà nang inyong pagcacaugalian, manğa anac co! ¡mahihirati sa masamá ang inyong pusò! ¡Laquing pagdaramdam ninyo sa touing mangyayari ang anomang bagay na hindi ninyo naiibigan at macasasamá nang inyong loob! at sa catunaya,y, darating ang panahon na inyong mararanasan, para nang nararanasang lahat nang manğa tauo; sa pagca,t, magpahangang nğayon ay uala pa sa lupa na isa mang tauong macapagsabi na ang lahat niyang ninanasà ay nangyayaring lahat.

At nğayo,y, ¿sabihin ninyo sa aquin, manğa anac co, cung ano ang inyong gagau-in? Uala na cundi ang cayo,y, maghirati sa pagcauala nang alin mang caguinhauahan cahit ang lalong ninanasà; ang pagtatagumpay na ito,y, inyong paghihirapan cung bagobago pa, pagcatapus ay di na ninyo lubhang mamabigatin; at sa cauulit ay magcacaroon cayo nang isang catibayan nang loob, na sa boong buhay ninyo,y, inyong matitiis na mapayapa ang manğa cahirapan ó caralitaang ipahahatid sa inyo nang marunong at maauaing may ari nang capalaran nang lahat nang tauo.

Sa paraang ito,y, natatalastas ninyo, manğa anac co, ang cadahilanan na coming manğa pundò, ay di na namin ipinagcacaloob sa inyo ang anomang caaliuan, at cung minsan pa,y, ipinaglilihim namin sa inyo ang manğa catouiran sa paggauà nang gayon; na ang caraniuang pinacadaquila, ay ang pagtuturò sa inyo nang pagtitiis at pagpapacatibay nang loob, na siyang manğa cabanalang quinacailanğan sa pagdaraan dito sa maralitang buhay.

Nğayon nama,y, mapagcucurò ninyo cung baquit di co ipinatuloy na manğa ilang arao ang pagsasalitâ nang manğa cahanğahanğang nangyari sa ating Robinson. Natatalastas na ninyo na hindi aco cuculanğin nang panahon nang pagsasalitâ sa inyo niyon man lamang na capanglaopanglao na nangyari sa caniya na quinatiguilan natin, at totoong hindi ninyo mapagcurò. Datapoua,t, hindi inibig na sabihin sa inyo ang bagay na ito, cahit aco,y, inaamoamò ninyo; бага ma,t, nagcacailanğan naman aco na magpiguil nang sariling calooban sa pagcacait sa inyo nang anomang bagay. Hindi quinuculang aco nang mabuting calooban sa pagbibigay lugod sa inyo: cung gayo,y, ¿anong dahil nito, Luisa?

SI LUISA. Sa pagca,t, quinacailanĝan pô namin ang cami,y, matutong magtiis.

ANG AMA. Hindi nĝa ibang bagay, at cung mayroon cayong sucac pasalamat na sa aquin balang arao, ay itong paghihirati co sa inyo na cayo,y, matutong magtiis, cundi ninyo quinacamtan ang totoo ninyong pinagnanasaan.

Nang macaraan ang manĝa ilang arao na di napagsasalitaan ang tungcol cay Robinson, ay dumating ang ninanasang oras nang ama na big-yang caaliuan ang nagbatang loob nang manĝa batà, at ipinatuloy ang pagsasalitâ nang historia nang ganito:

Gabi na nĝa, para nang sinabi co sa inyo, at si Robinson ay nahihigang matahimic sa caniyang hihigang damong tuyô na casama nang maamó niyang hayop, nanaguinip na para nang nacaugalian niya, anaqui quinacausap ang caniyang manĝa magulang, di caguinsaguinsa,y, nayanig nang malacas ang lupa, at naringĝig ang isang madagundong na ugong, na may casamang malalacas na patac, na parang nagsabaysabay. Naguisang si Robinson na quiniquilabutan, at di niya maalaman cung ano ang nangyayari, at cung ano ang caniyang gagau-in. Hindi naghuhumpay ang sunodsunod na culog, at gayon din naman ang isang marahas na sigua na nagpapabual nang manĝa cahoy, at sampo nang manĝa bató, at pinaaalon ang nagnĝanĝalit na dagat hangan sa cailaliman. Nalilingatong ang manĝa elementos, at tila nanĝagaauay ang sangsinucuban. Sa malaquing catacutan, ay lumabas si Robinson sa caniyang yunĝib, at ganito rin naman ang guinaua nang manĝa natatacot niyang hayop; datapoua,t, bahaguia na lamang nacalalabas, ay biglang lumagpac ang manĝa malalaquing bató na pinacabubong nang caniyang yunĝib sa tapat nang caniyang hinihigan, na umugong nang caquilaquilabot. Si Robinson dala nang malaquing catacutan ay nagtatacbo sa pintò nang caniyang bacuran, at nagsisunod naman ang manĝa cauaaaua niyang hayop.

Páhiná 208

Ang naisipan niya,y, umaquiat siya sa isang malapit na bundoc, sa isang tabi na inaacala niyang hindi siya malalagpacan nang manĝa nabubual na cahoy, at nang houag siyang mamatay. Nang siya,y, napatutunĝo na roon, ay naquita niya nang malaquing catacutan na nabuca ang bundoc at bumubuga ang asó, ninĝas, abo, manĝa bató, at isang bagay na mainit at malambot na tinatauag na *lava*. Cahima,t, lubhang mabilis ang caniyang pagtacho, ay bahaguia na lamang siya nacaligtas sa capanĝanibang ito; sa pagca,t, ang nagninĝas na lava, ay lubhang marahas na parang agos, at ibinubuga sa magcabicabila ang manĝa pisang pisang na bató na bumabacsac na parang ulan.

Páhiná 209

Nagpatuloy siya nang pagtacho sa tabi nang dagat, at ang acala niya,y, ualang malaquing capanĝaniban doon; datapoua,t, doo,y, siya,y, inaantay nang isang casacunaan. Isang marahas na ipoipo, na humigop nang maraming tubig, na sa cabigatan ay biglang lumagpac, na naging isang malacas na ulan, na iquinaapao nang tubig sa sandaling panahon sa lupang yaon.

Si Robinso,y, nangyaring nacaquiat sa isang cahoy nang totoong malaquing cahirapan; datapoua,t, ang manĝa cauaaaua niyang hayop ay natanĝay nang marahas na agos. ¡Ah, gaanong pagpipighati nang pusò ni Robinson sa cauaaaua nilang pagunĝal! Nang nangyaring houag mamatay ang manĝa cahabaghabag niyang hayop ay ilalagay sana niya sa panĝanib ang caniyang buhay, cung hindi totoong napalayo, dahil sa catulinan nang agos.

Páhiná 210

Nagtagal pa nang manĝa ilang minuto ang lindol; at saca biglang tumiguil. Humipá ang sigua, ang pagbuga nang apuy sa nabucang lupa ay untiunting nauauala; tumiguil ang ugong, at sa loob nang calahating oras ay cumati ang tubig.

SI TEODORA. ¡Salamat sa Dios at nacaraan na ito! ¡cauaaaua si Robinson! ¡Cauaaaua ang manĝa hayop!

SI LUISA. ¡Totoong malaqui ang pagcagulat nila!

SI CARLOS. ¿At baquit pô lumilindol ang lupa?

SI JUAN. Matagal nang panahon sinabi iyan nang ating ama; datapoua,t, uala ca rito niyon.

ANG AMA. Ipaaninao mo sa caniya, Juan.

SI JUAN. Tingnan mo; sa ilalim nang lupa ay may maraming totoong malalaquing lunĝâ, na parang manĝa yunĝib; at itong manĝa lungang ito ay punò nang hanĝin at manĝa init nang lupa, ó manĝa sinĝao. At diyan nama,y, may manĝa asupre, at iba pang manĝa bagay na cung minsay, nagiinit at nagnininĝas capag nalamigan.

Páhiná 211

SI TEODORA. ¿At baquit nagiinit at nagnininĝas sa calamigan?

SI JUAN. ¿Di mo naquiquita na ang apuy capag binusan nang tubig ay tila cumuculà, at capag mainit ang arao at umulan ay ang isininĝa ay mainit? Gayon din naman sa ilalim nang lupa ay nagiinit ang manĝa bagay na naroon, capag inaabot nang tubig, at capag nagiinit na sa manĝa lungang yaon, ay ang hanĝin na ibig lumabas ay ualang paglabasan, at sa pagiiibig lumabas ay ito ang inililindol nang lupa, na cung minsan ay pumuputoc at nalalahang ang lupa, at sa lahang na ito ay lumalabas ang manĝa asupre at iba pang bagay na nagnininĝas.

ANG AMA. Ang dito sa manĝa bagay na nagnininĝas, para nang manĝa bato, manĝa tingâ, bacal at iba pa ay nangagaling yaong tinatauag na *lava*. Nabasa cong minsan sa isang libro, na sino ma,y, macagagaua nang isang bundocbunducan na bumubuga nang apuy. Cung ibig

ninyong maquita, ay ating ticmang isang arao.

ANG LAHAT. Oo pô.

SI JUAN. ¿At paano pô ang paggauà nito?

ANG AMA. Huhucay sa lupang basà, at bubusan nang asupre at pinagquiquilan nang bacal, at ang manġa bagay na ito,y, nag iinit na cusà, at dito naquiquita ang pagcatotoo na cung baquit may lumalabas na apuy sa manġa bundoc.

Páhiná 212

Samantalang si Robinson ay bumababa sa cahoy ay ang caniyang loob ay totoong nagpipighati at totoong nalulupaypay sa casacunaang sa caniya,y, nangyari, na disi na naisipan tuloy na magpasalamat sa nagligtas sa caniyang muli sa isang malaquing capanġaniban na sucat icamatay. Tunay nġa,t, ang caniyang calagayan ay totoong cahabaghabag mahiguit sa dati. Ang caniyang yunġib, na nacaisaisang tinatahanan magpahangan sa arao na yaon, ay humuhò na, at tila di na niya matatahanan cailan man: ang manġa maamò at minamahal niyang hayop ay natanġay nang tubig at inaacala niyang nanġamatay na ang lahat nang caniyang manġa gauà ay nasira at nualang cabuluhan ang caniyang inaacalà. Baga ma,t, ang bundoc ay hindi na bumubuga nang apuy, ay sumisingao na paitaas ang isang maitim at macapal na asó, na tila magmula niyaon ay ang bundoc na yao,y, naguing volcan. Sa bagay na ito,y, ¿paanong pangyayari na tumaban doon si Robinson nang iisa mang sandali na di quiniquilabutan ang loob? ¿Di caya nasisindac siya na baca cung lumindol na naman ay bumuga ang apuy? Totoong nasira ang caniyang loob sa capighatian; at bago magsacdal sa Dios, na siya lamang batis nang tunay na caaliuan, ay ang caniyang hinaharap lamang ay ang sasapitin niyang caralitaan, na inaacala niyang di na matatapus.

Páhiná 213

Lumapit sa punò nang cahoy na caniyang binabaan; at doo,y, nanambitan nang calumbaylumbay na manġa paghibic, na nangagaling sa nagsisicsic niyang pusò at nagpalumagui na ualang munting caaliuan sa gayong calagayan, hangan sa mamanaag ang arao na nagpapaquilala nang paguumaga.

SI TEODORA. Nġayon co naquita na may catouiran ang ating ama.

SI RAMON. ¿At baquit?

SI TEODORA. Inaacala cong di pa nalalaon na si Robinson, sa pagca,t, nagbago nang asal, ay catouirang hanġoin na siya nang Dios sa manġa cahirapan sa pulóng yaon; at ang sagot nang ating ama, ay ang Panġinoong Dios ang siyang nacaaalam sa lahat, at hindi nararapat na ating bulaan ang caniyang calooban. Datapoua,t, nġayo,y, naquiquita co na si Robinson ay hindi pa umaasa nang dapat sa Dios, at nauucol na houag muna siyang hanġoin sa pulóng yaon.

Páhiná 214

SI NICOLÁS. Ganito rin naman ang inaacala co, at caya hindi co siya iniibig na para nang dati.

ANG AMA. Uastò ang inyong pagdidilidili manġa anac co, sa pagca,t, naquiquita nating tunay na si Robinson ay hindi pa napupuspos niyong matibay at ualang pagmamalio na pagasang anac sa Maycapal nang matapus nang caniyang matanggap ang maliuanag na catotohanan nang caniyang cagalinġan at carununġan. Datapoua,t, bago natin siya sisihin, ay lumagay tayo sa caniyang calagayan, at siyasatin natin ang ating sariling consciencia, na tumanong tayo sa ating sarili, na cung lalong magaling ang ating gagau-in cung tayo,y, nalalagay sa calagayan ni Robinson. ¿Ano ang acalà mo, Nicolás? cung icao бага,y, si Robinson, ¿ay magcacaroon ca caya nang lalong malaquing pagasa na mahiguit sa caniya?

SI NICOLÁS. *(Sumagot siya nang marahang at pacumbaba.)* ¿Ano pô ang quinaalaman co?

ANG AMA. Alalahanin mo na niyong icao ay magcasaquit nang malubhâ sa mata at naguing cailanġan ang tapalan nang cantárida, ay ipinagtiis mo nang malaquing hapdi. Maaalaala mo na ang caculanġan nang iyong pagtitiis at cahinaan nang iyong loob, бага ma,t, ang iyong saquit ay tumagal nang tatlong arao lamang. Inaacalà co na nġayong icao ay lumalagay laqui na ay mababatá mo nang lalong malaquing catiisan ang gayong saquit; datapoua,t, ¿magcacaroon ca бага niyong catibayan at cacumbabaan nang loob na quinaailanġan sa pagbabatá niyong lahat na dinadalita nang cauaauang si Robinson? ¿Ano ang uica mo dito? inaacalà co na ang dimo pagimic ay siyang tunay na casagutan sa itinatanong co sa iyo. Sa pagca,t, (salamat sa Dios) cailan ma,y, di mo sinapit ang manġa caralitaan nang cauaauang si Robinson, ay hindi mo masasabi cung ano ang iyong dadamdamin at aasalin cung nagcagayon ca. At caya nġa ang dapat nating gau-in, ay tayo,y, mahirati sa pagtitiis nang manġa munting cahirapan, na marahil ay ipagcacamit natin nang catiisan at pagasa sa cagalinġan nang Dios, at nang cung masanay ang ating loob, ay mangyaring tiisin natin ang lalong manġa malalaquing cahirapan na minamarapat nang Dios na ipahatid sa atin.

Páhiná 215

Naguumaga na nġa; at sinicatan nang bagong liuanag na nagbibigay ligaya sa lahat ang cauaauang si Robinson na nacahilig sa cahoy, at na sa isang cahabaghabag na calagayan na para nang sinabi na natin. Hindi napipiquit munti man ang caniyang mata sa boong magdamag, at ang caniyang iniisip ay cung ano ang caniyang casasapitan.

Páhiná 216

Sa catapusa,y, lumacad siyang hahapayhapay, na para nang isang tauong nagaantoc, at dumating siya sa gumuhò niyang tahanan. Datapoua,t, ¿laquing caligayan ang dinamdam niya nang caniyang maquita sa tabi nang caniyang bacod!... ¿Ano caya ang caniyang naquita?... Ang caniyang manġa minamahal na hayop, na mabubuti at malalacas, at

nanġatototouang nanġaglulucsuhan sa pagsalubong sa caniya. Tila di siya macapaniuala sa caniyang naquiquita; datapoua,t, inalis siya sa pagaalinlanġan nang manġa naturan niyang hayop, na lumapit sa caniya, hinimuran ang caniyang camay, at ipinaquiquilala ang canilang catouaan sa pagsisigauan at paglulucsuhan nang siya,y, maquita.

Si Robinson na magpahangan sa oras na yaon ay tila nauaualang diuà, ay caracaraca,y, pinagsaolan; tiningnan ang caniyang manġa hayop, at pagcatapus ay itinaas ang mata sa lanġit, na lumuluhà, hindi lamang sa catouaan, cundi naman sa pagpapasalamat at pagsisisi sa di niya pagasa sa Dios; at nilarò niya ang manġa nagsauli sa caniyang hayop, pagcatapus ay tiningnan cung ano ang calagayan nang caniyang tahanan.

Páhiná 217

SI ENRIQUE. ¿At baquit pò naligtas ang caniyang manġa hayop?

ANG AMA. Ualang pagsalang niyong sila,y, madala nang tubig, ay naanod sila sa isang lugar na mababao, at nang sila,y, dumating doon ay sila,y, nagtacbuhan hangan sa sila,y, dumating sa canilang tahanan.

Siniyasat ni Robinson ang caniyang yunġib; at malaqui ang panguiguilalas nang caniyang maquita na hindi totoong malaqui ang casiraan, para nang inaacala niya sa caniyang catacutan. Tunay nġa at gumuhò ang batong pinacabubong, na casama ang lupang quinatatamnan, datapoua,t, hindi niya totoong pagpapaguran na caniyang alisin ang gumuhò sa loob nang caniyang yunġib, na dahil dito,y, magcacaroon siya nang isang tahanan lalong maluang at maguinhoua na mahiguit sa dati.

Bucod dito,y, may isa pang bagay na nagpapaquilalang maliuanag na di ipinahintulot nang Dios ang sacunang yaon sa pagpaparusa cay Robinson, cundi bagcus pa nġang sa pagiinġat at pagcacalinġa sa caniya; sa pagca,t, nang siya,y, malapit na at mapagsiyasat ang lupang parang quinatatamnan niyong batong malaqui na naguiguing pinacabubong nang caniyang tahanan, ay quinilabutan siya, sa pagcaquitang nalilibot nang lupang buhaghag, na sa calaunan nang panahon ay sapilitang guguhò dahil sa cabigatan nang batong yaon at sa cabuhaghagan nang lupa. At tingnan ninyo rito ang ualang hangang carununġan nang Dios na nacatatalastas na cung hindi mahulog ang batong yaon sa paglindol, ay mababacsacan si Robinsong na sa loob na ualang pagsala; at caya nġa inibig na sa paglindol ay umugong, at sa catacutan ni Robinson ay lumabas, at cundi gayon ay sapilitang mamamatay siya.

Páhiná 218

Dito matatalastas ninyo, manġa anac co, na quinacalinġa siya nang Dios nang tanġing pagibig sa oras na inaacalà niyang siya,y, pinababayaang at quinalilimutan, at nang mangyaring siya,y, maipagadya ay guinauang casangcapan ang paglindol na caquilaquilabot, na inaacalà ni Robinson na siyang catapusan niya. Mangyayari naman sa inyo sa inyong pamumuhay ang naranasan ni Robinson, cung pagmamalasin ninyong magaling ang manġa guinagauang paraan nang Dios sa pagcalinġa sa inyo; at sa alin mang calumbaylumbay na calagayan na inyong sasapitin sa manġa haharap na arao ay mamamasdan ninyo ang dalauang catotoohanang: ang isa ay ang manġa tauo,y, nagaacalang palagui na ang canilang manġa casacunaan ay mahiguit sa catunayan; at ang icalaua,y, caya ipinahahatid nang Dios sa atin ang anomang caralitaan ay dahil sa siyang dapat sa catouran, na cung sa bagay ay ualang pagsalang mapapanuto sa tunay nating capalaran.

Páhiná 219

Pagpilitan nating touina,y, igalang ang lihim nang Amang Macapangyarihan, sa pagca,t, ang ating boong capalaran ay na sa caniyang mapagpalang camay.

Ang lahat nang bagay sa sangmaliuanag capurihan niya ang ibinabansag, at sa ating pusò ay humihicayat paglingcoran siya nang boong pagliyang.

Ang lalong mapait sa caralitaan ay isang biyayang tanġi nang Maycapal, tandang maliuanag na ibig pacamtan sa atin ang touang ualang catapusan.

ICASAMPUONG HAPON.

Páhiná 220

Ipinatuloy nang ama ang historia.

Nagpasalamat sa Dios si Robinson dahil sa inaligtas siya sa bagong capanġaniban, at maligaya nang ipinatuloy ang pagaalis niya nang manġa gumuhong bató sa caniyang tahanan. Hindi niya pinaghirapang totoo ang pagaalis nang lupa at batong maliliit; datapoua,t, sa cailaliman ay natitira ang isang malaquing bató; na бага ma,t, mabigat ay quinacailanġan tila ang calacasan nang maraming tauo, nang maquilos sa quinalalag-yan.

Tinicman niyang itinulac ang pinacamaliit; datapoua,t ualang quinasapitan, sa pagca,t, quinacailanġan ang lalong malaquing lacas; at nang matantò niyang ualang casasapitan ang caniyang pagod ay di maalaman cung ano ang caniyang gagau-in.

SI JUAN. Cung aco,y, si Robinson ay naalaman co cung paano ang aqing gagau-in.

ANG AMA. Tingnan natin cung paano ang iniisip mo.

SI JUAN. Guinamit co sana ang isang palanca; para nang guinagaua natin niyong arao, niyong pinagugulong natin ang isang cahoy na mahaba.

Páhiná 221

SI TEODORA. Yao,y, hindi co naquita. ¿At ano caya ang *palanca*?

SI JUAN. Isang cahoy na mahaba at macapal, at ipinapasoc ang isang dulo sa tabi nang cahoy ó batong bubuhatin, at ilinalagay sa ilalim ang capirasong cahoy ó bató; at saca pinaglambitan na tiniticuas ang cabilang dulo nang cahoy nang paggugulong.

ANG AMA. Sa ibang arao ay ipahahayag co sa inyo ang cadahilanan nito. Paquiringan ninyo n̄gayon ang guinaua ni Robinson.

Nang matapus na siya,y, macapagcurocurò na mahabang oras sa catapusa,y, humun̄go sa caniyang isip ang *palanca*; nang maalaala niyang sa caniyang cabataan ay naquiquita niya, na guinagaua nang man̄ga tauo ang gayong paraan sa pagbuhat nang anomang bagay na mabibigat, ay pinasiya sa loob na caniyang ticman.

Totoong lumabas na magaling ang caniyang acala, na sa loob nang calahating oras ay nailabas na niya sa caniyang yun̄gib ang dalauang bato, na bahagua na lamang maquiquilos nang dalauang cataua cung sa camay lamang pararaanin; at malaqui ang caniyang catouaan nang maquitang ang caniyang tahanan ay lumaqing di hamac na mahiguit na dalaua sa dati, bucod dito,y, lalong tumibay sa caniyang acala; sa pagca,t, ang naguiguing pinacapader at bubong, ay ang malaqing batóng ualang laman ang loob, na sa magcabicabila ay ualang mahahalatang butas.

Páhiná 222

SI NICOLÁS. Datapoua,t, ¿ano pong nasapit nang caniyang gagamba?

ANG AMA. Natotoua aco,t, ipinaalaala mo sa aquin. ¡Caauauang gagamba! at nalilimutan co na. Ang masasabi co lamang sa iyo, ay ualang pagsalang namatay siya sa pagguhò nang bató. Ang tunay ay hindi na naquitang mulí ni Robinson, at iquinatoua na niya ang pagcauala nito dahil siya,y, may casama nang man̄ga hayop na llama.

Nan̄gahas siyang lumapit sa volcan, na linalabasan nang maitim na asó; datapoua,t, ¡gaano ang caniyang panguiguilalas nang maquita ang caramihan nang man̄ga bagay na nan̄gatutunao at umaagos sa libid-libid nang volcan, at hindi pa lumalamig! hindi siya macalapit na totoo, at pinanonood niya sa isang lugar na may calayuan ang caquilaquilabot na pagusoc, sa pagca,t, pinipiguil siya nang caniyang catacutan at nang cainitan na houag siyang lumapit doon.

Páhiná 223

Nang matalastas niyang ang man̄ga bagay na iniaanod nang volcan ay napatutun̄go sa lupang tinutubuan nang man̄ga patatas, quinilabutan siya sa pagiisip na baca yaong umaagos na apuy ay nacasira sa halamang yaon; at hindi siya natahimic han̄gan sa di siya nacarating doon. Pinaronan n̄ga niya ang lupang quinatatamnan nang man̄ga patatas, at di mamagcano ang caniyang catouaan nang caniyang maquitang hindi naaano; datapoua,t, sa anomang mangyari, ay inaacalà niyang magtanim nang man̄ga patatas pa sa iba,t, ibang lugar nang pulò at nang cung anoman ang mangyari ay houag siyang maualan niyong totoong mahalagang bun̄ga; at бага ma,t, ayon sa inaacala niya, ay totoong malapit na ang invierno, ó taglamig, ay ang uica niya sa sarili: ¿sino ang nacatatalastas cung ang man̄ga halamang ito,y, hindi naaano sa taglamig?^[5]

Páhiná 224

Nang matapus na siyang macapagtanim, ay hinarap niya ang paggauà nang caniyang cusina; at dito naman sa caquilaquilabot na bagay na caniyang naranasan ay naguig dahil nang isang malaqui niyang capaquinaban̄gan. Sa pagca,t bucod sa man̄ga ibang bagay na ibinubuga nang volcan ay may nacacasamang man̄ga bató nang apog. Caraniua,y ang guinagauà sa man̄ga batóng ito ay sinusunog muna sa isang horno; datapoua,t, dito,y, di niya quinacailan̄gan, sa pagca,t, naguiguing pinacahorno na ang volcang nagninin̄gas. Si Robinson ay uala nang sucat gau-ing ibang bagay cundi ang humucay sa lupa nang isang balón, at ilagay doon ang man̄ga bató nang apog, pagcatapus ay busan nang tubig sa ibabao, at saca haluin. Capag nagauá na ito ay sucat nang magamit sa paglilichada; at hinaluan nang caunting buhan̄gin ni Robinson, at dahil dito,y, naipatuloy ang caniyang gauà nang malaqing caligayahan niya.

Samantalang siya,y, gumagauà ay tumiguil nang pagusoc ang volcan, dahil dito,y, nan̄gahas nang lumapit si Robinson sa bibig niyong volcan, doon niya natalastas na hangang ilalim ay malamig na, at sa pagca,t, ualà nang lumalabas camunti mang usoc, ay inacalà niyang napugnao na ang apuy sa ilalim nang lupà, at ualà na siyang sucat catacutan.

Páhiná 225

Nanghinayang ang caniyang loob sa bagay na ito, at inisip niya ang paghahandâ nang babaunin sa invierno ó taglamig; dahil ditò,y, humuli siya nang ualong hayop na llama sa paraang guinaua niya nang una. Ang lahat ay caniyang pinatay, liban na lamang sa isang lalaqui na isinama niya sa tatlong maaamò na; at ibinitin sa caniyang cusina ang caramihan nang laman nang man̄ga hayop na ito, at nang caniyang mapaasuhan, datapoua,t, ibinabad muna niya sa asing man̄ga ilang arao, sa pagca,t, naalaala niyang ganito ang guinagauà nang caniyang ina sa canilang bahay.

Bagama,t, labis na ang inihandâ niyang cacanin sa taglamig, ay natatacot si Robinson na

bacá hindi magcasiya sa caniya, cung sacali,t, ang taglamig ay totoong mahigpit at matagal; sucát sanang macahuli nang marami pang manġa hayop na llama; datapoua,t, humihirap nang humihirap nang paghuli, sa pagca,t, ang manġa hayop na yaon ay natatacot na sa silò.

Páhiná 226

Quinacailanġang magisip nang ibang paraan sa paghuli sa canila, at natalastas ni Robinson ang paraang ito. ¡Totoo nġa na ang pagisip nang tauo ay cung gagamiting magaling, para nang nararapat, ay totoong madaling gumanà nang paraan sa icatataquip nang caniyang manġa cailanġan, at icararagdag nang caniyang caguinhauahan! Natatalastas niya na ang manġa hayop na llama sa touing masusumpunġan niya na iinom sa batisan, ay nagtatacbuhan sa isang cagubatan sa dacong licod nang pinacamataas na lupa. Sa taguiliran nito ay may lupang natatamnan nang damo at diyan pumapanhic sa pinacaburolo na ang taas ay may calahating vara. Naramdaman ni Robinson, na sa pagtacho nang manġa llama, ay caraniuang nagdaraan doon; at dahil dito,y, bumungò sa caniyang pagisip ang dapat gau-in. Sa macatouid ay humucay siya nang isang malalim na balon sa lugar na yaon, at nang cung magdaan doon ang manġa hayop na llama ay manġahulog at maculong sa balon. Hangang tanghaling hinucay nang ualang capaguran ni Robinson ang balon; tinacpan nang ilang damo ang ibabao, at sa icalauang arao ay naquita niyang nahulog doon ang dalua niong manġa hayop na totoong malalaqui.

Páhiná 227

Inacalà niyang sucát na sa caniya ang caniyang inihandang pagcain; datapoua,t, uala sana siyang pagtataguan nitong caniyang baon sa panahon nang taglamig, cundi siya pinagcalooban nang lanġit nang isang pinacasilong dahil sa paglindol; sa pagca,t, dapat nating matalastas, na sa malapit sa caniyang yunġib ay may gumuhong bató, na naguing parang isang yunġib na ang lalim ay may tatlong vara, na ang pinapasucan ay ang pinacapatio nang caniyang tahanan. Dahil dito,y, nagcaroon siya nang isang munting silid, cusina at pinacasilong, na totoong mabuti ang pagcacalagay, na parang sinadiya.

Tatlo pang bagay ang hindi niya natatapus naihandà sa panahon nang invierno ó taglamig, na inaantay niya; ang magtipon nang maraming damo na cacanin nang caniyang manġa hayop; ang pagtitipon nang cahoy, at ang paghucay nang lahat nang patatas na itatago niya sa caniyang silong.

Ang manġa damó na caniyang tinipon, ay ibinunton sa harapan nang caniyang bahay, para nang naquiquita niyang guinagauà nang manġa magsasaca dito; at sa baua,t, paglalagay niya ay pinapaicpic nang caniyang paa at nang masinsing magaling na hindi tagusin nang ulan. Datapoua,t, natalastas niya, na siya,y, nagcamali dito; sa pagca,t, hindi niya pinatuyong mabuti muna ang damó. Sa pagca,t, cung hindi ganito ang caniyang gauin, ay sa totoong casinsinan ay magiinit at maguusoc. Hindi nariringig ni Robinson ang bagay na ito niong caniyang cabataan, sa pagca,t, ualang quinacalinġang anoman, ay hindi niya natutohan ang manġa quinacailanġan sa isang bahay nang magsasacá. Dito niya napaguari ang malaquing capaquinabanġan nang matuto nang anomang bagay, cahit hindi niya natalastas ang sucát paggamitan balang arao.

Páhiná 228

Labis ang pagtataca ni Robinson nang maquitang umuusoc ang isang bunton nang damó: at lalò pang nanguilalas siya nang ipasoc ang caniyang camay, at maramdamang nagiinit sa loob. Inacala niyang mayroong apuy, bagama,t, hindi niya maalaman cung paano ang pagdidiquit nang sariuang damó, at cung cailan nalaglagan nang apuy.

Páhiná 229

Mínulan nang pagaalis na isaisa nang damó; at totoong malaqui ang caniyang panguiguilalas nang maquitang ualang apuy, at ang lahat nang damó ay nagiinit at basabasà pa. Sa catapusa,y, napaguari niya na ang casariuaan nang damó ang siyang naguiguiguing dahil nang pagiinit, bagama,t, hindi niya matalastas cung paano ang pangyayari nito.

SI JUAN. Aco ma,y, di co mapaguari ito.

ANG AMA. Sa manġa nangyayaring ito, Juan, na catacataca ay totoong marami sa mundo; at ang pagisip nang tauo, pagcatapus nang mahabang panahon na pag-uauariuari at pagcucurò ay natalastas na maliuang ang tunay na cadahilanan nang manġa nangyayaring ito; datapoua,t, di naman natalastas na lahat. Ang pagcatalastas nang manġa bagay na ito ay maquiquita sa isang carununġan na hindi mo naalaman man lamang cung ano ang panġalan. Tinatauag na Fisica. Diyan ipinaquiquilala ang nangyayari sa calamigan, para naman nang sa manġa ibang bagay na tinatauag na natural, na sucát pagtachan. Cung pananatilihin ninyo ang pagsisicap sa pagaaral, ay nġayong manġa ilang panahon ay ituturò co sa inyo ang naturang carununġan, na totoong pagcacalibanġan ninyo. Nġayo,y, ualang capacanan ang pagpapaaninao co sa inyo nang bagay na ito, sa pagca,t, di pa ninyo maabot nang pagisip.

Páhiná 230

Pagbalican natin si Robinson, at talastasin ninyo na niong mapatuyò na niya ang damò, ay muling ibinunton nang masinsin nang houag maano sa hanġin at ulan, sa pagca,t, caniyang linag-yan nang pinacabubong na cauayan, para nang guinagauà nang manġa pastor sa canilang manġa cubo na naquita ninyo na nababalot nang dayami. Guinugol niya ang manġa sumunod na arao sa pagtitipon nang cahoy na tuyò na inaacala niyang cailanġan; at saca hinucay niya ang caniyang silong. Sa catapusa,y, pinulot niya ang lahat nang manġa dayap na hinog, na nanġalalaglag sa pagugà niya sa punò, at itinagò niya,t, nang magamit sa panahon nang taglamig; dito,y, napayapà na caniyang loob, sa pagca,t, inacalà niyang sapát na ang caniyang inihanda sa totoong taglamig.

Datapoua,t, magtatapus na ang bouan nang Octubre, ay hindi pa nararamdaman ang

Páhiná 231

calamigan na totoo niyang quinatacutan; datapoua,t, totoong naguulan na tila gumuguhô ang lanġit. Totoong nalilingatong dahil dito si Robinson, at totoo niyang ipinagpipighati ang pagcaculong sa caniyang tahanan na mahabang panahon na parang isang nabibilango; sa pagca,t, mahiguit sa labing limang arao na di siya lumalabas sa caniyang yunġib, cundi sa pagparoon lamang sa caniyang silong, sa bunton nang damo at sa batis, sa pagcuha nang tubig at cacanin na quinacailanġan niya at nang caniyang manġa hayop.

¡Labis nang tagal at calumbaylumbay ang paquiramdam niya sa manġa oras na nagdaraan, dahil sa caniyang pagiisa at, dahil sa ualà siyang magauang pagcalibanġan! Di sucacat maisip, manġa anac co, cung gaano ang caniyang cahirapan. Cung mayroong magbibigay sa caniya nang isang libro, ó isang pliegong papel, pluma at tintero, ay maligayang ipagpipilit niya sa baua,t, pliego ang isang arao nang caniyang buhay. ¡Sa aba co! ang uiniuica niyang inuulit; ¡pagcaualang isip co noong aco,y, bata, na inaari cong ang pagbasa at pagsulat ay isang caabalang nacayayamot, at ang pagcaulang gauà ay isang bagay na nacaalio! Ang lalong nacababagot na libro ay aariin co nġayong isang cayamanan: sa isang pliegong papel at sa isang tintero na macuha co ay hindi co ipapalit sa paguiguing hari.

Páhiná 232

Sa boong panahong ualà siyang guinagauà at siya,y, nayayamot ay napipilitan siyang maglibang sa manġa gauang hindi pa niya nararanasan. Matagal nang panahong caniyang iniisip ang paraan nang paggauà nang isang palayoc at isang ilauan, na totoong paquiinabanġan niya, at icaauas nang caniyang caralitaan. Baga ma,t, totoong naguulan, ay lumabas siyang nagtatacbo sa paghanap nang lupà, at pinasimulan niya ang paggauà nang palayoc.

Dapat nating matalastas na hindi muna lumabas na magaling, at sa una niyang paggauà ay nasisirà; datapoua,t, sa pagca,t, ualà siyang magauang bagay na lalong mahalaga, ay guinauà niyang libanġan ang paggauà nang palayoc: at capag inacalà niyang yari na, nġunit may naquiquita siyang casiraan, ay binabago niya, at guinagauang muli. Guinugol niya ang ilang arao sa paglilibang sa gauang ito, hangan sa mayari ang palayoc at ilauan ó tinghoy na totoong mabuti ang pagcacagauà, Inilagay niya sa caniyang cusina na malapit sa apuy, at nang tumigas at matuyò, at saca ipinatuloy ang paggauà nang ibang manġa palayoc at cauali na iba,t, iba ang lalaqui at pagcayari, na dahil dito,y, nabibihasa siya nang paggauà.

Páhiná 233

Hindi tumitila ang paguulan, at napilitan si Robinson na magisip nang cung ano ang caniyang gagau-in sa panahong yaon, at nang siya,y, maligtas sa cayamutan nang ualang guinagauà. Ang una niyang pinagcalibanġan ay ang paggauà nang lambat. May marami siyang natitipong manġa pisi, ó manġa baguing na maliliit na parang abacá; at palibhasa,y, may labis, siyang panahon at calamigan nang ulo sa pagaaral nang paggauà nang lambat na macaualo ó macasampuong sinisira niya, sa pagca,t, hindi cadaling lumabas na magaling, ay sa catapusa,y, natumpacan niya ang tunay na paraan nang paggauà, at sa casipagan niya ay totoong nabihasa siya, para nang manġa babayi ó manġa batang gumagauà dito nang lambat. Tunay nġa,t, naisipan niya ang paggauà nang isang casangcapang cahoy, na pinutol nang caniyang sundang na bató, at guinauà niyang parang ihauan; at sa paraang ito ay nacagauà siya nang isang lambat, na sucacat paquinabanġan, para nang manġa guinagauà nating lambat dito.

Páhiná 234

Capagdaca nama,y, bumungô sa caniyang pagisip ang paggauà nang isang panà at ilang manġa palasò. ¡Oh! ¡Totoong malaqui ang caniyang caligayahan sa pagcaisip nang bagay na ito, at sa pagcadilidili sa malaquing capaquinabanġang cacamtan niya sa caniyang panà! Sa pagca,t, mapapanà niya ang manġa hayop na llama, ó manġa ibon, at ang lalo pang sucacat niyang paquinabanġan, ay maliligtas siya sa catampalasanan nang manġa tauong bundoc na bacá sacali balang arao ay tampalasanin siya. Sa malaqui niyang cainipan, na ang ibig niya,y, maquitang mayari na ang caniyang pana, ay nagmadaling lumabas, na hindi inalumana ang ulan at hanġin sa paghanap nang cahoy na quinacailanġan.

Di sucacat nating paniualaan na ang alin mang cahoy ay nagagauang panà: napagtalastas niya na quinacailanġang humanap siya nang matigas na cahoy, nġuni,t, mababaluctot, upang cung mahubog na, at umigcas naman nang malacas.

Nang macaquita na siya nang isang cahoy na matigas at mahuhubog, ay dinala niya sa caniyang tahanan, at caracaraca,y, pinasimulan na niya ang caniyang paggauà; datapoua,t, ¡laquing paghihirap niya sa caualan nang isang sundang na bacal! macadalauang puong tagà bago niya malinis ang cahoy, na dito,y, sa isang tagà lamang ay sucacat na sa itac na may patalim: at caya nġa, bagama,t, maghapong ualang tiguil siya nang paggauà nito na di niya binibitinan, ay naging cailinġan ang ualong arao bago natapus. Ang ibang manġa batang naquiquilala co ay hindi nagcacaroon nang ganitong cayamutan nang ulo.

Páhiná 235

SI TEODORA. (*Na quinacausap ang caniyang, manġa casama.*) Ang bagay na ito,y, sinasabi nang ating ama sa atin.

ANG AMA. Natumpacan mo, Teodora. ¿At ano ang inyong acalà? ¿di bago totoo ang uica co?

SI TEODORA. Oo pô; datapoua,t, magmula nġayon, ay capag pinasimulan co ang anomang gauà ay ipatutuloy co nang ipatutuloy hangan sa matapus.

ANG AMA. Ganito nġa ang magaling, sa pagca,t, sa paraang ito,y, napaiguing totoo si Robinson, caya nġa nagcaroon siya nang di mamagcanong caligayahan nang maquita niyang sa icasiam na arao nayari na ang caniyang panà, na ualà nang culang cundi ang busog at manġa palasò.

Páhiná 236

Cung caniyang naisipan ang paggauà nang panà niong macapatay siya nang hayop na llama, marahil ay titicman niyang gauing busog; sa pagca,t, natatalastas niyang magaling na sa Europa ay ang caraniuang guinagauang busog ay ang bituca nang tupa; datapoua,t, sa caualan nang bituca, ay pinili niya ang lubid na lalong matibay, at saca isinunod niya ang paggauà nang palasò. ¡Gaano caya ang pagpapasalamat niya sa magbibigay sa caniya nang capirasong bacal na sucac mailagay sa dulo! Datapoua,t, nang pinagiisip niya na ualang masasapit ang caniyang nasà, ay siya,y, na sa sa pintò nang caniyang yunġib at caniyang ilalagay sa dulo nang palasò, cahit hindi man bacal, nagcataong nailiġon niya ang caniyang mata sa capirasong guintò, na parang ualang cabuluhang bagay ay nacalagay lamang sa lupà. Sinicaran niya ang capirasong guintò, at ang uicà niya, ay maguing bacal ca, cung ibig mong quita,y, pahalagahan. Capagcauicà nito ay hindi man lamang tiningnang mulí.

Sa caniyang caisip, ay naalaalang naringġig niyang minsan, na ang guinagamit nang manġa tauong bundoc na pinacadulo nang sibat at palasò ay ang manġa tinic nang isdang malalaqui, at ang manġa bató namang matutulis, at pinasaya niya sa loob na matularan sila, at saca gumauà naman siya nang isang pinacasibat.

Páhiná 237

Capagcaisip nito ay napa sa tabi nang dagat, doo,y, nagcapalad naman siya na nacaquita nang manġa tinic nang isdang caniyang hinahanap; namulot naman siya nang manġa batong inaacalà niyang mababagay sa gagau-in niyang sibat; pagcatapus ay pumutol siya nang isang matouid at mahabang cahoy na gagau-ing tangcay, saca umoui sa caniyang tahanan na basang basà ang catauan.

Manġa ilang arao ay nayari niya ang manġa palasò at sibat; ang dulo nang sibat ay batong totoong matulis, at ang dulo nang manġa palasò ay ang manġa tinic nang isdà, at sa punò ay tinalian niya nang manġa pacpac nang ibon, sa pagca,t, sa ganitong paraan ay tumatachong magaling.

Tinicman niya ang caniyang panà, at inacalà niyang bagama,t, nagcuculang nang ilang bagay na quinacailanġan, na cung ualang casangcapan ay hindi sucac mayari, gayon ma,y, inacala niyang sucac nang maipanà niya sa ibon at sa iba pang manġa hayop, at sinapantaha pa niyang masusugatan niya nang panà niyang yaon ang isang tauong bundoc na hubad, cung lumapit sa caniyang magaling. Datapoua,t, ang totoong iquinaliligaya niya ay ang caniyang sibat.

Páhiná 238

At saca linapitan naman ang caniyang tinghay at manġa palayoc at cauling lupa, na sa pagca,t, naquita niyang tuyò na, ay caniyang gagamitin; dahil dito,y, linag-yan niya ang isang cauali nang capirasong tabà na quinuha niya sa manġa hayop na llama, na ang isip niya,y, cung matunao ay magagamit niyang pinacalanġis. Datapoua,t, totoong sumamá ang caniyang loob nang maquita niyang matunao ang tabà ay tumatagas sa caniyang cauali, na caonting caonti lamang ang natira. Dito,y, napaghulohulo niya na gayon din ang mangyayari sa caniyang tinghoy at ibang manġa cauali at palayoc.

Totoong malaqui ang caniyang capighatian, at baquit inaasamasam na niya na siya,y, macacacain nang sopas, at macacaroon siya nang ilao sa gabi; datapoua,t, naquita na ninyo na madaling napauí ang caniyang pagasa.

SI ENRIQUE. Totoo nġa pô na malaquing capighatian ang cacamtan sa pagcaquitang naualang cabuluhan ang caniyang pinagpaguran na mahabang arao.

Páhiná 239

ANG AMA. Ualà nġang pagsala, at mayroong manġa tauo na mayayamot na at babasaguin na ang lahat. Datapoua,t, si Robinson ay mayroon nang caunting catiisan, at tinica niyang matibay na cailan ma,y, di gagauà nang anomang bagay na pasapiao lamang, cailan ma,t, mangyaring magaua niyang magaling.

Umupo siya sa isang suloc na caniyang pinagiisipan, (gayon ang tauag niya sa isang suloc nang caniyang yunġib, na caraniuang pinapasucan niya capag may pinagcucurong anomang bagay na mahalaga) at pinasimulan niya ang pagcamot sa noo.

Hindi pa nagtitiguil ang laguing paguulan, at caya lamang nagliuanag ang lanġit ay nang macaraan na ang dalauang bouan. Inacalà ni Robinson na pasisimulan na ang panahon nang totoong taglamig ó invierno, datapoua,t, nacaraan na. Naquiquita niya nang malaquing pagtataca na ang primavera, ang panahon bagang pamumulaclac at pagusbong nang manġa bagong halaman ay pinasisimulan na; ito,y, isang bagay na hindi niya malirip, at cahit caniyang naquita ay tila hindi pa mapaniualaan. Ang bagay na ito, aniya, ay nagtuturò sa aquin na di co dapat salahin pagdaca ang anomang bagay na di co mapaguari.

Páhiná 240

ANG INA. At capagcauicà nito ¿hindi caya natulog?

SI TEODORA. Hindi pô, at cami po,y, hindi pa nagaantoc.

ANG AMA. Tungcol sa bagay na iyan ay ualà acong balitá; datapoua,t, sa dating historia nang pagcatahan ni Robinson sa pulóng yaon, ay ualang nangyaring anomang bagay sa arao na yaon; inaacalà co na nang matapus na niyang mapagcurocurò ang paraan nang houag tumagas ang caniyang palayoc, ay siya,y, natulog na. Ito rin naman ang gagau-in natin hangang mamaya, nang tayo,y, maguising na maaga.

TALABABA:

- [5] Sa Europa, cung panahon nang taglamig ay nalalagas ang manġa dahon nang manġa halaman na parang patay, at hindi nagsisipamunġa sa panahong yaon.

ICALABING ISANG HAPON.

SI JUAN. Nġayon po,y, cung malagay aco sana sa lugar ni Robinson.

ANG AMA. ĶIbig mo baga?

Páhiná 241

SI JUAN. Oo pô, sa pagca,t, mayroon ang lahat na manġa quinacailanġan, at natitira siya sa isang lugar na totoong magaling, na ualang totoong taglamig ó invierno.

ANG AMA. ĶCung sa bagay ay nasa sa caniya ang lahat niyang quinacailanġan?

SI JUAN. ĶDi pô baga siya,y, mayroong patatas, at lamang cati, at asin, at dayap, at isdà, at pagong, at talaba, at gatas na caniyang guinagatas sa manġa hayop na llama? ĶDi pô baga siya macagagauà nang mantica at queso?

ANG AMA. Mangyayari nġayong manġa ilang arao ay macagauà siya.

SI JUAN. ĶAt di pô baga naman mayroon siyang isang panà at isang sibat; at ang lalonglalo pa ay mayroon siyang isang mabuting tahanan? ĶCung gayon ano pa ang iibiguin?

ANG AMA. Ang lahat nang ito,y, quiniquilala at pinahahalagahan ni Robinson nang ualang hangan, at pinasasalamatang macalilibo sa Dios; at gayon ma,y, ibibigay niya ang calahati nang manġa arao nang caniyang buhay sa natitira, cung pagcacalooban siyang may dumating na isang sasac-yan nang siya,y, macaoui sa canilang bayan.

SI JUAN. Datapoua,t, sabihin pô ninyo sa aquin. Ķano pong quinuculang sa caniya?

Páhiná 242

ANG AMA. Maraming bagay, totoong marami, at halos masasabi co sa iyo na quinuculang siya sa lahat nang bagay. Uala siya niyong manġa cagalinġan na iquina-paguiguing mapalad nang tauo dito sa mundo: uala siya sa casamahan nang manġa tauo, uala siyang caibigan, uala siyang capoua tauong sucat ibiguin at umibig sa caniya. Nalalayò siya sa caniyang manġa magulang, na totoong nagpipighati dahil sa pagcaualà niya, naualay siya sa caniyang manġa catoto, na ualà nġang pagasang sucat pa niyang maquita cailan man, nalalayò siya sa lahat nang tauo dito sa lupa ... ĶCahabaghabag na Robinson sa gayong cahambalhambal na calagayan! ĶCahit ano bagang casaganaan niya sa lahat nang bagay dito sa lupa, ay ipagcacamit caya niya nang caaliuan? Ticman mong minsan na icao ay lumagay na isang arao sa isang suloc na ualang casama sinoman, at maquiquilala mo cung ano ang mabuhay na nagiisa.

Bucod dito,y, hindi pa niya natatacpan ang ibang manġa cailanġan na nacapagbibigay hirap sa caniya. Ang lahat nang damit na nasa catauan ay naaagnas gulagulanit, at hindi niya maalaman cung paano ang dapat niyang gau-ing paggauà nang bago.

Páhiná 243

SI NICOLÁS. Cahit ualang damit ay mangyayari siyang tumahan sa isang pulò, na totoong mainit, at doo,y, hindi nagdaraan ang invierno ó totoong taglamig.

SI LUISA. ĶPaano? Ķlalacad baga siyang hubad doon?

ANG AMA. Tootoo nġa,t, hindi quinacailanġan ang damit, sa pagca,t, doo,y, hindi totoong malamig; datapoua,t, quinacailanġan ang siya,y, maligtas sa manġa lamoc na totoong marami sa pulóng yaon. Ang manġa lamoc doon ay totoong masasaquit sisiguid at totoong pinahihirapan ang manġa nagsisitahan doon, at namamagâ ang lugar na masiguid at totoong masaquit na para nang siguid nang bubuyog at pucyutan; at caya nġa ang muc-hâ at camay ni Robinson ay palaguining namamagâ. Tingnan ninyo cung gaano ang caniyang sindac, nang maquitang naaagnas na ang caniyang damit.

Ang bagay na ito at ang daquilang pagnanasang maquita ang caniyang manġa magulang, ó ang macasama naman nang manġa tauo, ay dahil sa manġa bagay na ito,y, napipilitan siyang magbuntong hiniġa sa toutitoui nang mailinġap ang matang lumuluhà sa malauac na dagat, na ualà siyang naquiquita cundi ang tubig at lanġit lamang. ĶGaano ang casayahan nang caniyang pusò, na napadadala sa magdarayang pagasa cung nacaquiquita sa impapauid nang isang munting ulap, na sa caniyang guniguni ay inaaring isang sasac yan ná naglalalayag! At capag napagquilala ang caniyang camalian, Ķay gaano ang pagbagalbal nang luhà sa caniyang manġa mata, at parang iniinis ang caniyang pusong nagbabalic sa caniyang tahanan!

Páhiná 244

SI LUISA. Ang nararapat niyang gau-in ay magsacdal sa Dios, na marahil ay padadalhan siya nang isang sasac-yan.

ANG AMA. Ganito nġa ang caniyang guinagauà; datapoua,t, idinadagdag na palagui ang ganitong panġunġusap: *houag mong papangyarihin, Panġinoon co, ang calooban co, cundi ang*

Sa pagaalaala ní Robinson, na bacá sacali ay mayroong dumaan sa malapit sa caniyang pulò, ó matiguil caya doon ang alin mang sasac-yan sa oras na siya,y, nalalayô sa tabi nang dagat, ay inacalà niyang maglagay sa isang pulò nang isang tandâ na pagcaquilanlan nang alin mang sasac-yan doon ay magdaan, na doo,y, may humihinġi nang tulong. Nagtayò nġa roon nang isang mahabang cahoy na binitinan nang isang bandilà.

SI JUAN. ¿At saan pò quinuha ang bandilang iyan?

ANG AMA. Sasabihin co sa iyo. Naquiquita niyang masamá na ang lagay nang caniyang barò, na di na niya maisoot na muli; at quinuha niya ang pinacamalaquing piraso, at ibinitin niya sa caitaasan nang mahabang cahoy na caniyang itinayò. Sacá ninanasà niyang masaquit na lag-yan nang sulat iyong cahoy na caniyang itinayo nang mapagquilalang maliuanag ang mahigpit niyang cailanġan; datapoua,t, ¿paanong gagau-in niya ito? Ang nacaisa isang paraan na caniyang magagauà ay ang sulatan niya nang dulo nang caniyang sundang na bató; datapoua,t, ang lalong mahirap ay ang caniyang matalastas cung anong uica ang caniyang ilalagay. Cung isulat niya sa uicang francés ó inglés, ay mangyayaring dumating ang isang sasac-yang holandés, castila ó portugués, at marahil ay sinoman sa manġa nasasacay ay hindi nacatatalastas nang manġa pangŋunġusap na yaon sa capalaran niya,y, naalaala ang ilang manġa uicang latin na itinuro sa caniya sa alisagà niyang pagaaral, na dahil dito,y, naipahayag ang caniyang inacalà.

SI JUAN. Datapoua,t, ¿mauunauà caya ito nang manġa tauong nasasacay sa daong, na bacá sacali maparaan doon?

ANG AMA. Dapat mong matalastas na ang uicang latin, бага ma,t, hindi ipinanġunġusap sa alin mang lugar, gayon man ay nacacalat at napaguunauà sa lahat nang nacion sa Europa: at halos ang lahat nang tauo na may camunting pinagalaran, ay macatatalastas nang caunti nang uicang ito. Naaayon nġa sa catouiran ang pagasa ni Robinson, na ang alin mang sasac-yan na doo,y, mapasadsad, ay hindi mauualan nang macatatalastas nang caniyang isinulat na uicang latin.

SI JUAN. ¿At ano pò ang isinulat na yaon?

ANG AMA. Ito ang isinulat: *Ferte opem misero Robinson*. ¿Natatalastas mo бага ito, Juan?

SI JUAN. Ang cahulugan pò nito,y, Tulunġan ninyo ang caauauang si Robinson.

ANG AMA. Ualang totoo siyang pinaghihirapan, para nang pagcasira nang caniyang sapin at medias, at ang manġa lamoc ay sinisiguid na mainam ang caniyang paa na di niya maitiguil sa saquí; datapoua,t, sa boong panahon nang paguulan ay dumaming totoo ang manġa hayop na ito, at dahil sa canilang manġa siguid ay namamagâ ang caniyang muc-hâ, manġa camay at paa.

¡Di mamacailang siya,y, umupò sa suloc na caniyang pinagcucuruan, at nang caniyang mapagisipisip ang manġa paraan nang pagcacaroon nang damit! datapoua,t, ualà siyang napapaquinabang; cailan man ay siya,y, quinuculang nang alin mang casangcapan at nang ucol na carununġan, nang mangyaring caniyang macamtan ang lalò niyang ninanasà at ang lalò niyang quinacailanġan.

Cung gagau-in niyang damit ang manġa balat nang manġa hayop na llama ay inacala niyang siyang lalong madaling paraan; datapoua,t, ang manġa balat ay magagaspan at matitigas, at cailan man ay hindi niya natalastas, at di man pinagmasdan niya cung paano ang guinagauà nang manġa nagpapalambot nang balat, at cung sacali ma,t, natutuhan niya ang bagay na ito, ay ualà naman siyang carayom at sinulid na maitahi, at nang macagauà siya nang papaano mang damit.

Gayon ma,y, totoong malaqui ang caniyang pagcacailanġan, sa pagca,t, sa arao ma,t, sa gabi ay hindi siya pinababayaang nang manġa lamoc at iba pang hayop na naniniguid, na cung di niya lalag-yan nang paraan sapilitang siya,y, mamamatay.

SI ENRIQUE. At ¿anong dahil at quinapal nang Dios iyong manġa ualang casaysayang hayop, na ualang guinagauà cundi ang pahirapan tayo?

ANG AMA. Maitatanong co naman sa iyo, ¿baquit linalang ca nang Dios, at aco naman, at ang lahat nang tauo? Ang caniyang cagalinġan ay totoong daquila, na hindi inibig na siya lamang ang mapalad, cundi inibig naman na pati nang caniyang manġa quinapal ay maguing mapalad. At itong manġa hayop na pinauualan mong halaga, ¿di caya nagcacamit naman nang canilang capalaran at caguinhauahan?

SI ENRIQUE. Oo pò, sa pagca,t, naquiquita natin na naliligaya sa caliuanagan nang arao at sa cainitang tinatangap sa caniya, at naliligaya naman sa canilang quinacain at sa iba pang maraming bagay.

ANG AMA. Cung gayo,y, dito mo mapagcucurò, na linalang sila nang Dios, nang magcamit sila dito sa lupà nang manġa caguinhauahang iyan at nang capalarang sucacat macamtan nila. ¿Di caya ito,y, isang panucalà na carapatdapatan sa isang Dios na cagalinggalingan at lubhang mauuain?

SI ENRIQUE. Tootoo nġa pò; datapoua,t, ang ibig cong sabihin; ay mangyayaring houag lalanġin

nang Dios yaong manġa hayop na nacapagpapahirap canino man.

ANG AMA. Magpasalamat ca sa Dios at hindi guinauà ang gayong bagay.

SI ENRIQUE. ¿At baquit pô?

ANG AMA. Sa pagca,t, cung iyan ang caniyang guinauà, ay icao man, aco man, at sino man sa atin ay hindi mabubuhay sa mundo, sa pagca,t, tayong manġa tauo ang siyang lalong nacapagpapahirap. Hindi lamang ating alipin ang ibang may caramdaman at buhay, cundi naman pinapatay natin sa toui nating maibigan, at nang ating macain ang canilang laman, at nang ating paquinabanġan ang canilang balat, cung minsan nama,y, nang houag tayong siguirin, ó cung minsa,y, maraanan lamang natin ay pinapatay natin, at sa catapusa,y, cahit ualang cadahilanang ayon sa catouiran ay pinapatay natin. Cung sa bagay, ¿di lalong may catouiran ang manġa hayop, sa pagtanong na cung baquit linalang nang Dios ang tauo na totoong malupit at tampalasan sa canila? At ¿anong isasagot mo sa isang lanġao na tumanong nang ganito?

Páhiná 250

SI ENRIQUE. Iyon pô ang hindi co naalaman.

ANG AMA. Paquingan mo, at aquing sasagutin ang tanong nang lanġao: ang iyong tanong ay totoong panġahas, at maliuanag na napagtatalastas na ualà cang pagiisip na sucat macapagcurò; sa pagca,t, cundi gayon, ay sucat na lamang ang sandaling pagiisip, na ang Dios, dahil lamang sa caniyang cagalinġan ay linic-hà ang caniyang manġa quinapal, na ang isa ay magcacailanġan sa isa at nang mabuhay, yayamang ang manġa halaman at manġa bunġa nang cahoy ay dili sucat na macabusog sa sarisaring hayop na nanġabubuhay. Nang mangyaring ang boong mundo ay mabuhay, yayamang sa tubig, sa lupa at sa hanġin ay may manġa hayop na nanġaliligaya sa canilang cabuhayan, at nang houag naman dumaming lubha ang alin mang bagay na hayop na macasamâ sa iba; ay inibig nang ualang hangang carununġan nang Dios na ang isa,y, macain nang iba. At caya nġa icao, lanġao, na iniitit mo ang dugò nang ibang manġa hayop, at pati man nang dugò naming manġa tauo, ¿baquit mo aariing masamâ ang icao,y, hulihin nang gagamba, at icao ay canin nang lanġaylanġayan?

Páhiná 251

¿Anong uica mo rito, Enrique? cung ang lanġao ay may pagiisip, ¿di caya pahihinuhod sa sagot na ito?

SI ENRIQUE. Aco,y, totoong napahihinuhod.

ANG AMA. Cung gayo,y, pagbalican natin nġayon ang ating Robinson. Sa malaquing caguipitan niya, ay guinugol ang buo niyang casipagan sa pagpapalambot nang balat nang hayop na llama sa caniyang sundang na bató: ang unang guinauà ay isang sapin, at pagcatapus ay gumauà nang pinacamedias, baga ma,t, totoong masamâ ang pagcagauà. Sa pagca,t, di mangyari niyang tahiin, ay binutasan na lamang at caniyang tinalian nang capirasong lubid, na ilinapat niya sa caniyang paa, na baga ma,t, totoo siyang pinahihirapan; at cahit caniyang ilinabas ang may balahibo, ay toui na,y, nararamdaman niya ang malaquing cainitan sa paa, at ang matigas na balat ay nacagaġasgas nang caniyang paa sa munti siyang lumacad. Gayon ma,y, minamagaan niya ang cahirapang ito sa manġa siguid nang manġa lamoc.

Páhiná 252

Ang capirasong balat, na totoong matibay at matamboc ay guinauà niyang máscara na linag-yan niya nang dalauang butas sa dalauang matá, at isang butas sa bibig nang siya,y, macahinġa. At yayamang nagauà na niya ito, ay hindi pinabayaang di mayari ang isang pinacabarò at isang pinacasalual: tunay nġa at totoong mahirap gau-in ito; datapoua,t, ¿aling bagay ang nacacamtan nang ualang capaguran? ¿At aling cahirapan ang di nagagahis nang casipagan at catiisan? Sa catunaya,y, naquita ni Robinson nang boong caligayahan na nayari ang caniyang gauà.

Ang caniyang pinacabarò ay tatlong pirapiraso, dalauang piraso sa dalauang camay at isang piraso sa catauan, na paraparang natatali: ang caniyang pinacasalual ay dalua namang piraso, sa harapan at sa licoran, na nanġatatali rin: at nang matapus na niyang maisoot ang bago niyang damit ay itinagò niya ang sirasirang lumang damit, at ang caniyang nasá ay isoot sa manġa malalaquing capiestahan, at nang caniyang maipagdanġal ang manġa cumpleaños nang caniyang manġa magulang.

Di sucat masabi at catacatacang anyò ni Robinson sa damit na yaon, at ang manġa sandata at casangcapan na caniyang dala: nababalot magmulá sa paa hangan sa ulo nang may balahibong balat; nasasacbat sa licod ang malaquing palacol na bató; nasasabit sa balicat ang caniyang supot, ang caniyang panà at manġa palasô; tanġan sa caniyang canang camay ang caniyang sibat na totoong mahabà; sa caliuang camay ay ang caniyang payong na dahon nang niyog; at isang sombrero na parang buslong matulis ang dulo na nababalot nang balat nang hayop. Pagisipisipin ninyo cung ano ang maguiguing lagay niya. Sino mang macaquita sa caniya ay hindi macapagsasabi ni sa ilàlim nang damit na yaon ay natatagò ang isang tauong may pagiisip; at pati siya ay hindi natiis ang pagtataua nang maquita ang caniyang anyò nang siya,y, manalamin sa isang tubig na malinao.

Páhiná 253

Sa pagnanasà niyang ipatuloy ang pagġauà niya nang palayoc, ay gumauà siya sa sandaling panahon nang hurno; at nang maticman niya agad na cung sa carahasan nang apuy na nacuculong ay magcaroon nang pinacabarnis ang lupa, ipinasoc sa naturang hurno ang caniyang manġa palayoc at manġa cauali, at untiunting dinadagdagan nang apuy hangan sa nagalab ang boong hurno. Pagcatapus na caniyang maapuyan sa loob nang maghapong arao, ay pinabayaan niyang untiunting nagbauas ang init at nang caniyang

Páhiná 254

maquita cung ano ang masasapit. ¿At ano caya ang nangyari? Ang unang palayoc ay hindi rin nagcabarnis, cahit anong casipagan ang caniyang guinauà; gayon din ang icalaua at ang lahat naman; datapoua,t, nang caniyang pagmalasin ay natagpuan niya na ang isang cauali sa pinacapuit ay may pinacabarnis.

Inacalà niyang ito,y, isang bagay na di sucut mapagcuro. ¿Ano cayang bagay aniya, na ang isa lamang na ito ang magcacaroon nang barnis at ang iba,y, hindi yayamang ang lahat nang ito,y, iisa ring lupa, at iniluto sa iisa ring hurno? Matagal na pinagisip niya ito; datapoua,t, sa calaunan ay caniyang natagpuan ang cadahilanan, na naalaala niya na may caunting asin na nailagay siya sa caualing yaon, niyong isoot niya sa hurno: at dito inacalà niya na ang asin ang nanguing dahil nang barnis na yaon.

SI JUAN. ¿Tunay pô baga? ¿At ang asin pô baga ang gumauà niyon?

ANG AMA. Tunay n̄ga: ang natutuhan ni Robinson ay ang napagtatalastas na mahabang panahon, at siyang guinagauà sa Europa, na sa asin ay nagcacabarnis ang lupang iniluluto sa apuy. Binabasáng magaling ang man̄ga palayoc sa tubig na maalat, ó hinuhulugan ang hurnong nagniningas, cung gayon ang caniyang guinauà, ay ang lahat sana,y, nagcaroon nang barnis, at ito ang caniyang naranasan.

Páhiná 255

Caniyang pinanin̄gas na ang hurno; binasâ na niya nang tubig na maalat ang ilang man̄ga palayoc at cauali, at ang iba,y, linag-yan niya nang asin at nang maticman niyang sabay ang dalauang paraan, datapoua,t, sa casalucuyan nang caniyang paggauà ay dinatnan siya nang isang sacunang totoo niyang iquinatacot na macalilibo: isang saquit.

Naramdaman niya ang mahihigpit na saquit nang ulo, pagsisicsic nang dibdib at malaquing panghihinà sa boong catauan na sa gayong cahirapan ay ano ang masasapit nang isang tauong ualang sucut magalagà sinoman.

¡Dios co! ang sigao niya ¿anong masasapit co, cung aco,y, mahigá sa banig dito na ualà sinomang mahabaguing tauo na magalagà sa aquin at tumulong, cung aco,y, manghinà; ualà cahit isang caibigan na pumahid nang malamig cong paus, ó magbigay nang munting caguinhauanhan? ¿Ano, ang ipinagtalaga mo sa aquin, Macapangyarihang Dios?

Páhiná 256

Capagcauica nang man̄ga pan̄gun̄usap na ito, sa malaquing capighatian at cahirapan, ay nabual sa lupang naghihimatay.

Dito n̄ga ang mahigpit na pagsuboc nang lan̄git na ibig maticman ang caniyang catiisan, ay quinailan̄gan niyang totoo na mahiguit sa una ang isang matibay at mapacumbabang pagasa sa Pan̄ginoon nang dilang cauaan na sumasalihat nang bagay. Sa gayong calagayan na ualà sinomang tumulong, sa gayong panghihinà, ¿ano cayang caniyang sasapitin cundi ang mamatay na nalilipos nang di mamagcanong casalatan at cahirapan?

Sa pagcahandusay sa lupa, na nacahaluquipquip nang mahigpit na halos di macapan̄usap, at di man macapagisip, ay naquiquibaca sa di mamagcanong cahirapan; at manacanacà lamang ay nacacatin̄gin sa lan̄git, at inahihintò ang mataos niyang paghibic, at hinihin̄gan niyang tulong ang Amang Dios sa pamagitan nang maauaing Mananacop nang man̄ga tauo at nang caniyang calinislinisang Ina.

Datapoua,t, ang caniya ring pagcabalisa sa saquit na caniyang tinitiiis ay hindi ipinahintulot na siya,y, malagay na mahabang oras sa lupa; at caya n̄ga pinilit ang natitira niyang lacás, at ang nasà niya,y, ilapit sa caniyang hihigan, cung mangyayari, yaong man̄ga totoong cailan̄gan na caniyang cacanin, bago maglubhâ ang caniyang saquit na di na macaban̄gon, at di na siya macacuha nang anoman; nangyaring nailapit niya, baga ma,t, di mamagcanong cahirapan ang caniyang tiniis, sa caniyang hihigan ang dalauang bauo nang niyog na punò nang tubig, ilang man̄ga patatas na naquita niyang lutò, at apat na dayap, na siyang natira lamang sa caniyang man̄ga itinagó; bahaguia na lamang natatapus ang gauang ito, ay nahapay siya sa pagod at nahapay siya sa caniyang hihigan.

Páhiná 257

Totoong icaliligaya ni Robinson na sa oras na yaon ay cunin na siya nang Dios sa buhay na ito, na biglang lagutin ang caniyang buhay, at nacapan̄gahas pang hin̄gin niya ang camatayan na parang isang tan̄ging biyaya; datapoua,t, di naglaon at caniyang nagunamgunam na hindi ayon sa catouiran ang panalan̄ging ito. ¿Di caya, aniya, aco,y, anac nang Dios? ¿di caya naman siya ang aquing Ama, at Amang maauain, macapangyarihan, at sacdal nang carunun̄gan? Cung gayo,y, ¿baquit caya aco man̄gan̄gahas na magtuturò nang gagau-in sa aquin? ¿Di caya niya natatalastas ang lalong nararapat sa aquin? At ¿di caya gagau-in niya sa aquin ang lalong nauucol sa icagagaling co? ganito n̄ga ang ualang pagsalang gagau-in sa aquin niyong maauaing Pan̄ginoon. Sumapayapà ca, caloloua co; at sa ganitong pagiisa na ualang magampon ay magsacdal ca sa Macapangyarihang tagapagtangol nang man̄ga tauo sa pamag-itan nang lubhang masintahing Virgen María, at sapilitang tutulun̄gan ca, oo, tutulun̄gan ca sa cabuhayan at sa camatayan.

Páhiná 258

Dito nanghinapang ang caniyang loob sa man̄ga paggugunamgunam na ito, na nagmamacaauà siya sa Lan̄git na siya,y, pagcalooban nang pagtitiis, nang houag siyang lubhang magdalamhati sa caralitaang yaon; datapoua,t, pinasucan siya nang isang malacás na lagnat. Cahit totoong nagbalot nang man̄ga balat nang hayop na llama ay hindi siya maginit, na tumagal ang pan̄gingiqui nang man̄ga dalauang oras. Sumunod ang pagiinit na parang apuy, na nanalaytay sa lahat nang man̄ga ugat, ay parang iniihao ang loob nang caniyang catauan; at sa laguing tiniboctiboc at quinabacaba nang caniyang dibdib ay parang

Páhiná 259

siyang totoong napapagod. Dito sa cahambalhambal na calagayan, ay bahagui na lamang nadampot ang isang bauong tubig at caniyang nainom, nang malami glamigan ang nanunuyô niyang dilà. Pagcatapus ay pinagpauisan nang catacot-tacot, na nacapagbigay sa caniya nang caunting caguinhauahan; dahil dito,y, pagcatapus nang isang oras ay lumacaslacás siya nang caunti.

Bumungô sa caniyang pagiiisip na bacá sacali mamatay ang apuy, cung di niya dagdagan ang gatong, at pinagpilitan niya, cahit siya,y, totoong nanghihinà at nahihilo, na lumapit sa sigà, at lag-yan niya nang manġa cahoy na inaacala niyang casucatan hangan sa quinabucasan, sa pagca,t, niyo,y, matagal nang lumubog ang arao. Sa boò niyang buhay ay hindi siya nacaranas nang gayong calumbaylumbay at maligalig na gabi. Ang lamig at init nang lagnat na naghahalihaling ualang pucnat, at ang lagui at matictic na saquit nang ulo ay hindi niya nacuhang maipiquit ang mata sa boong magdamag; at caya nġa lalong pinaghirapan niya sa quinabucasan ang pagdaragdag nang cahoy sa caniyang sigà.

Pinagpilitan niyang dagdagan din ang cahoy nang sigà sa gabi; datapoua,t, totoong naglubhà ang caniyang saquit na hindi na niya nacuha. Napilitan siyang ihintò ang caniyang nasà, at inari niyang ualang cabuluhan ang pagiinġat nang caniyang apuy, sa pagca,t, inacalà niyang tila malapit na ang caniyang camatayan.

Sa gabing ito,y, lalò siyang nabalisa na mahiguit sa una. Ang caniyang apuy ay napugnao na, ang tubig na na sa bauo ay lumangtot na, at si Robinson ay hindi na macapihit sa caniyang hihigan. Nang inaacalà niyang nararamdaman na niya ang manġa cabalisanhang tagapanġuna sa camatayan, ay pinapanghinapang niya ang caniyang loob, sa paghahanda sa camatayan sa pamag-itan nang isang mataimtim na panalanġin, na panibagong huminġi siya nang tauad sa Dios sa caniyang manġa casalanan, mapacumbabang nagpasalamat siya sa manġa biyayang ipinagcaloob sa caniya habang siya,y, nabubuhay, baga ma,t, di siya carapatdapat; at tanġi naman pinasalamatan ang manġa cahirapang ipinahatid sa caniya na icapagbago niya nang buhay, at quinilala niyang totoong nacagaling sa caniya ang manġa cahirapan ito. Sacá tinapos ang caniyang manġa panalanġin sa pagmamacaauà sa Dios na big-ayang caaliuan at magandang capalaran ang manġa cahabaghabag na magulang; at nang maipagtagubilin na ang caniyang caloloua sa ualang hangang cauaan nang Maycapal, ay hinintay nang boong pagasa ang huling sandali nang caniyang buhay.

Tila ang camatayan ay nagtutuling lumalapit sa caniya: nauululan ang pagcabalisa; cacabacaba nang dibdib, at untiunting naghihirap nang paghinġa. Tila dumarating na ang caquilaquilabot na sandali; nagdamdam siya nang isang caquilaquilabot na saquit na biglang nacainis sa caniyang pusò, nagsiquip ang caniyang paghinġa na iquinapanġinig niya, nalunġaynġay na marahan ang ulo ni Robinson, naualan nang caramdaman, at nanlalamig ang boong catauan.

—Matagal na di na nacaquibo at di nanacaimic ang manġa batang naquiquinig, na parang iguinalang ang pagcaalaala doon sa canilang catoto na cailan ma,y, hindi naquita. ¡Caauauang Robinson! ang uicà nang iba na nagbubuntong hiniġa. «¡Salamat, aniya, sa Dios! ang sigao naman nang iba, at natapus na ang caniyang manġa cahirapan!» At saca lumigpit na sila, at taglay sa isip ang isang paggugunamgunam at isang di maipagcailang pagdaramdam sa pagcatapus nang cauliuling historia dahil sa pagcamatay ni Robinson, na di pa nila inaacalang mamamatay na.

ICALABING DALAUANG HAPON.

SI CARLOS. ¿At sa hapon pong ito ay di ninyo pasisimulan sa amin ang alin mang historia?

ANG AMA. Sa catunaya,y, napagquiquilala ninyong lahat sa aquing muc-hâ, na aco,y, natatalaga nġayong magpahayag nang isang salitâ na sucacatuto ninyo at icaalio; yayamang tayo,y, nagcatipon sa lilim nitong punong cahoy, ay samantalang linalala natin ang ating manġa buslò, at nang tayo,y, mabihasa sa gauang ito, ay sasalitina co sa inyo ang isang nangyari ... ¿Canino caya nangyari ...? Cay Robinson. ¡Baquit hindi cayo macasagot!

SI CARLOS. Mangyari pò; si Robinson ay namatay ...

ANG AMA. Dahandahan ca, Cárlos. ¿Anong quinalaman natin cung pinagsaulan nang hiniġa? ¿Hindi mo naaalaalà na niyong arao ay naacala na nating patay, at gayon man ay buhay pa?

Tunay nġa iniuan nating naghihimatay, nacahilig ang ulo, at ualang caramdaman; datapoua,t, untiunting napapauy ang caniyang pagcaliping; untiunting nagsasauli ang caniyang manġa caramdaman, at nagliuanag ang caniyang pagiiisip.

ANG LAHAT. Mabuti pò, mabuti pò cun, gayon. Malaqui pong totoo ang aming caligayahan.

ANG AMA. Isang malalim na buntong hiniġa ang naguing unang tandà nang pagalam niya nang pagcatauo. Ibinucas ang caniyang manġa mata, at inalinġap sa magcabicabila ang manġa nanlalabò niyang mata nang maalaman cung saan siya naroroon. Tila nagaalinglanġan cung siya,y, buháy ó hindi; datapoua,t, nang matalastas na siya,y, buháy, ay totoong nagpighatí siya, sa pagca,t, doon sa cahambalhambal na calagayan ay lalò pa niyang iniibig ang magtuloy siyang mamatay.

Páhiná 260

Páhiná 261

Páhiná 262

Páhiná 263

Nararamdaman niya ang totoo niyang cahinaan, baga ma,t, ualang casaquitang anomang nagpapahirap sa caniya, at ang lagnat na totoo niyang dinaramdam, ay umouî sa pauis nang boong catauan; at nang mangyaring houag humintò ay siya,y, nagbalot nang manġa balat nang hayop na llama at hindi siya cumilos, hangan sa nang matapus ang calahating oras nacaramdam siya nang malaquing caguinhauahan.

Páhiná 264

Hindi naglaon at sinumpong siya nang isang malaquing cauhaan; at nang siya,y, iinom, ay naquita niyang ang tubig ay lumangtot na; datapoua,t, nang maalaala niya ang manġa dayap, ay hinati niya ang isa, at sa pagsipsip niya nang catas, ay nabasâ at nalamigan ang nanunuyò niyang bibig; pagcatapus nito,y, di rin tumitiguil ang caniyang pagpapauis, ay siya,y, natulog nang mahimbing hangang quinaumagahan.

¡Totoong maguinhaua ang paquiramdam niya doon sa manġa oras nang caniyang pagpahinġalay cung inahahalintulad niya sa manġa saquit na nagpahirap sa caniya nang macaraang arao! Ang cabigatan nang saquit ay nacaraan na, uala na lamang natitira cundi isang daquilang cahinaan; at nacacaibig na siyang cumain, ay nagalmusal siya nang isang inihao na patatas, na pinigan nang dayap at nang magcalasa. Ang caniyang manġa hayop na hindi na niya naalaalang dalauang arao, ay nagpaquita nang catouà touang bagay; sa pagca,t, humilig sa caniyang paanan, at ang isa,y, tinitingnan siyang magaling, na parang itinatanong cung ano ang caniyang lagay. Hindi cacaunting capalaran, na ang manġa hayop na yaon ay nangyaring nabuhay na di umiinom na manġa dalauang arao, sa pagca,t, cung hindi gayon ay totoong napapasamà sila sa loob nang pagcacasaquit nang canilang panginoon; bucod dito,y, sa pagca,t, hindi pa siya macabanġon at mabig-yan niya nang tubig ang caniyang manġa hayop ay magdaraan pa ang ilang arao na di sila iinom.

Páhiná 265

Ang inahing hayop ay lumapit cay Robinson, at yayamang nalalapit na sa caniya ay pinagpilitan niyang gatasan. Ininom ang gatas nang may saquit, at ualang sala na di nacatulong nang malaquí sa caniyang paggaling yaong gatas na mainitinit pa, sa pagca,t, yayamang nagcacailanġan nang manġa sustanciang pagcain, ay totoong nacabuti nġa sa caniya at nacaramdam siya nang malaquing caguinhauahan.

Natulog siyang matahimic hangan sa lumubog ang arao, at nang maguising siya,y, nacaibig cumain, at yayamang ualà siyang sucacat macain cundi ang manġa patatas na pinigan nang dayap, ay quinain niya, at pagcatapus nito,y, muling nacatulog. Ang pagtulog na ito na totoong matagal at matahimic, at ang calacasan nang catauan nang ating may saquit ay nacatulog nang di mamagcano sa caniyang paggaling, na quinabucasan ay nacabanġon na, at nacalacad nang caunti.

Páhiná 266

Bahaguia na lamang nacalabas sa caniyang yunġib; at nang dumating sa labas, ay itinaas ang caniyang mata sa lanġit, sa oras na ang malamlam na sinag nang arao ay namamanaag magmulâ sa silanġanan, naglalampas sa manġa mayamungmong sa manġa sanġa nang cahoy, at dumarating hangan sa caniyang muc-hà, at dahil sa caiguilang init ay nacaguinhaua sa caniya. Inacalà niyang siya,y, magaling na; at sa di mapiguil niyang caligayahan ay napasigao siya nang ganito: «¡Caibigibig na Panġinoon, masaganang batis nang cabuhayan! hinahandugan quita nang ualang licat na pasasalamat dahil sa cagalinġang ipinagcaloob mo sa aquing masdan co ang maliuanag na talà sa arao, at hanġaan co ang manġa gauang cababalaghan nang iyong manġa camay. Narito acong nanġanġayupapà na cumiquilala nang daquilà mong pagaampon, sa panahong aco,y, pinababayaan nang boong mundo; di mo pinabayaang aco,y, mamatay, at nang aco,y, mabig-yan mong panahon nang pagbabago cong buhay, at nang cung samantalahin co sa gauang itong lubhang mahalaga ang lalong caliitliitang sandali, ay humahandà aco sa alin mang oras sa pagpanao dito sa bayang cahapishapis at macarating aco sa huling darating sa tauo, na doon mo bibig-yan ang baua,t, isa nang ganti sa caniyang gauang magaling ó masamà.»

Páhiná 267

Dito sa caniyang pagganting loob sa Maycapal, ay lumipat sa paggugunamgunam nang manġa quinapal. Pinagmamalas nang caniyang manġa mata ang calachan nang lanġit, ang pananariuà nang manġa halamang bagong nadidilig nang hamog, ó ang caniyang manġa hayop na nagsisicsican sa caniya, na di lamang nagpapaquita nang caamoan, cundi naman nagpapasalamat sa caniyang paggaling. Sa pagcaquita nang bagay na yaon, na totoong catouatouà at cauliuli, para nang dinaramdam nang isang tauong nangaling sa malayong lugar at naualang malaon, ay nuling nanunumbalic sa casamahan nang caniyang familia; ay lumambot ang caniyang pusò na iquinaluhà niya sa caligayahan.

Páhiná 268

Ang hanġin sa parang, ang pagcain nang gatas na tinubigan at ang capayapaan nang loob ay lubos na nacatulong sa caniyang cagalinġan; at sa ilang arao ay nagsauli ang caniyang lacás, na siya,y, macapanunumbalic na sa manġa guinagauà niyang bagay.

Ang caunaunahan niyang tiningnan at siniyasat ay ang caniyang manġa palayoc at caualing lupà, at nang caniyang maalaman cung ano ang nasapit. Datapoua,t, bahaguia na lamang niya nabubucsan ang hurno, ay naquita niyang ang lahat ay paraparang may barnis, na parang guinauà nang isang bihasa. Sa malaquí niyang caligayahan dahil sa pagcatumpac na ito, ay hindi man lamang niya naalaala na baga ma,t, siya,y, may palayoc at cauali ay hindi niya paquiquinabanġan, sa pagca,t, ang quinuculang sa caniya ay ang lalong cailanġan, ang apuy bagá. Datapoua,t, nang caniyang mapagisipisip ang bagay na ito ay siya,y, natiguilan at napatunġó ang ulo; cung minsan ay tinitingnan ang manġa palayoc at cauali, cung minsan naman ay ang manġa malalamig na abó nang caniyang sigá, at sa catapusa,y, nagbuntong hiniġa.

Páhiná 269

Gayon ma,y, di niya pinahintulutan na siya,y, talunin nang calumbayan, at niucà niya sa caniyang sarili; «ang Panġinoong Dios na nang una,y, nagbigay sa aquin nang apuy, ay may maraming paraan na mabig-yan niya aco uli; at cung inaacalà niyang mararapat, ay di pababayaang aco,y, magculang nitong bagay na totoong cailanġan.»

Dalauang bagay ang iquinaaalio niya. Ang isa,y, ang pagcatalastas na hindi na siya quinuculang nang manġa bagay naicaliligtas sa calamigan; at ang isa,y, baga ma,t, magmulà sa caniyang cabataan ay naugalian niya ang pagcain nang lamang cati, gayon ma,y, di na niya totoong paghihirapan na siya,y, maualan nang pagcaing yaon, sa pagca,t, sucat na sa caniya ang manġa bunġang cahoy at ang gatas nang hayop na llama.

SI CARLOS. Mangyayari pong cumain siya nang lamang cating pinaasuhan, na di nacailanġan ang ihao pa ó ilutò pa.

ANG AMA. At ĵano ang ipagpapausoc niya?

SI CARLOS. Oo nġa pò pala; hindi co pò naisipan ang bagay na yaon.

ANG AMA. Gayon ma,y, di niya pinagsisihan ang pagcagauà niya nang manġa palayoc at caualing lupà, sa pagca,t, magagauà man lamang niya na sisidlan nang gatas; at bucod sa rito,y, may pinaggamitan pa siya sa manġa palayoc at caualing ito na aquing sasabihin. Natatalastas niya na ang manġa patatas ay lalong masarap cung samahan nang manticà, at sa pagca,t, quinacailanġan ang isang *cubeto*, sa macatouid ay isang sisidlang cahoy, na di niya magagauà, ay pinalitan niya ang caculanġang ito nang isang palayoc na malaqui, na doo,y, tinipon niya ang lahat nang gatas na inaacalà niyang casucatan. Pagcatapus ay gumauà nang isang panghalucay na cahoy na may butas sa guitnà, at doo,y, sinulutan niya nang capirasong tangcay; at dito na niya minulan ang paghalò na ualang tahan, hangan sa nabucod ang mantequilla sa gatas. Pagcatapus ay hinuġasan niya nang tubig na malinis, linag-yan niya nang asin at linamas.

Páhiná 270

Dito,y, totoo siyang naliligaya sa pagcasunod nang caniyang nasà; datapoua,t, nang ibig na niyang camtan ang bunġa nang caniyang casipagan, ay naalaalang sapilitan siyang manġinġilin sa pagcain nang patatas, sa pagca,t, ualang apuy na pagihauan; ito,y, isang bagay na sa pagmamadalí niya ay di na niya naisip. Nġayo,y, mayroon na siyang mantequilla, datapoua,t, ang quinuculang sa caniya ay ang ihahalò; tinitingnan niya,t, ninanasang canin; datapoua,t, nang di niya macain ay siya,y, nalumbay na para nang dati. Tunay nġa,t, mangyayaring cumain siya nang talaba, gatas, níyog at lamangcating hilao na binugbog; datapoua,t, ĵdi caya mangyayaring culanġin siya balang arao? Ang totoong dinaramdam niya ay hindi niya maalaman ang paraan na icaguiguinhaua nang caunti nang caniyang capalaran.

Páhiná 271

ĵAno cayang bagay ang gagau-in niya nġayon? Nagauà na niya yaong lahat nang bagay na sucat magauà nang caniyang camay, baga ma,t, ualang casangcapan; inaacalà na niyang ualà na siyang natitirang gagau-in; totoong mahirap na bagay na sa acalain lamang ay quinayayamutan na niya; totoong nagauí siya sa paggauà at sa pagsasamantala nang panahon. Totoong madalas niyang sabihin na caya nabago ang manġa masasamà niyang caugalian, ay sa pagca,t, napipilitan siyang gumauà nang manġa bagay na caniyang quinacailanġan, habang siya,y, nabubuhay na nacaisaisa. Ang laguing casipagan, aniya, ay ina nang maraming cabanalan, para nang laguing catamaran ay ina nang lahat na masasamang caasalan.

Páhiná 272

SI LUISA. Totoong mabuti ang uicà niya; capag ang isang tauo,y, ualang guinagauà, ay ualang naiisipan cundi ang manġa cabuhunġan.

ANG AMA. At dahil dito,y, inihahatol sa manġa batà, na agapang hiratihin sa paggauà, yayamang cung ano ang ating pagcabataan ay siya nating pagcacatandaan. Sundin ninyo, manġa anac co, ang hatol na ito, at cailan ma,y, di ninyo pagsisisihan.

